UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JAN 27 1971

Ang bayan

Ikalawang Taon, Bilang 2 IKA-1 NG HULYO, 1969

MGA NILALAMAN

Mga Editoryal

ANG PAGTATATAG NG PARTIDO AT ANG SANDATAHANG PAKIKIBAKA... 1
ANG PAGPAPALAKAS AT PAGPAPALAWAK NG LABAN SA MAKABAGONG REBISYONISMO 2
PAGPAPAHALAGA NG KPT ANG IKA-48 ANIBERSARYO..... 4

Lokal

MENSAHE NG KOMITE SENTRAL NG PKP..... 5
PAGBUO NG MGA REAKSIYONARYONG TROPA SA TARLAC..... 6
ANG LUMALAKAS NA PANGANIB NG PAGIGING MADALING BIKTIMA..... 8
PAGLALANTAD SA ANG MGA MARALITANG MAGSASAKA AT MANGGAGAWANG PAMBUKID..... 9
PAGKAKAISA NG MGA PANG-ARMADONG REAKSIYONARYONG HUKBO
sa mga organisasyong pangmasa..... 10
PUMAPAYAG ANG PAPEL NG ADMINISTRASYONG MARCOS SA MGA ABUSO
sa mga base militar ng estados unidos..... 11
PAGLALANTAD NG MGA KAILANGAN ANG IMPERYALISTANG KOMPANYANG AMERIKANO..... 11
DETALYADONG ANG PAGPAPALAYA NG MGA POLITICAL PRISONER..... 12
PAGTATAKIPAN NG MAPANG-API NG MGA URI SINA MARCOS AT OSMEÑA..... 13
PAGBABA NG CENTRAL BANK ANG REDISCOUNT RATE SA 10%..... 14
PAGTATAGUYOD NG PANGKALAHATANG HIGYONG SOBYET ANG ESTRATEHIKONG ALYANSA
NG IMPERYALISMONG AMERIKANO AT IMPERYALISMONG SOSYAL NG SOBYET..... 14

Internasyonal

PATULOY ANG PAGMAMALAKAY NG MGA SOSYAL NA IMPERYALISTANG SOBYET
sa labas sa india..... 15
IPINAMAG ANG PANSAMANTALANG REBOLUSYONARYONG PAMAHALAAN
ng timog vietnam..... 16
PATING TSANG ITONG NG MGA PAMAHALAANG PAPET NG IMPERYALISMONG AMERIKANO... 17
ANG SCARO AY TSANG PALUTOG NI MARKO..... 18
PAGSIKLAB ANG HUKBONG MAPAGPALAYA NG BAYAN SA TAYLANDIA..... 19
LABANAN AND KRISIS SA INDIYA..... 19
PAGLAGANAP NG PAKIKIBAKA INILUNSAD SA INDIYA..... 20
PAGTAKBALAN NG REBISYONISMONG SOBYET SA INDONESIA..... 21
PAGSUPORTA ANG PAKIKIBAKA NG MAMAMAYANG PALISTEO..... 22
PAGPAPAHAYAG AMERIKANO LUMAHOK SA PAKIKIBAKA NG MGA MANGGAGAWA..... 23

Mga Dokumento

IV. MAGTUNGO ANG MGA KAMALIAN AT MULING BUUIN ANG PARTIDO..... 25
PAHAYAG NG BAGONG HUKBO NG BAYAN..... 42

Pilipinas

PAGSIDHAIN ANG MULING PAGBUBUO NG PARTIDO AT ANG SANDATAHANG PAKIKIBAKA

Ang pagkakaganap ng Plenum ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa kauna-unahang pagkakataon hindi lamang mula ng Kongkreso ng Muling Pagtatatag kundi mula pa ng may higit na labingwalong taon nang nakaraan ay maliwanag na isang lubhang napakamakahulugang pangyayaring nagbubunyag ng bagong masigasig na mga puwersa ng rebolusyong demokratiko ng bayan na ngayon ay nagpapanibagong sibol.

Gayunman, ang pinakamahalagang kahulugan ng Unang Plenum ay ang konkretong kinahinatnan ng determinadong pagsisikap ng mga proletaryong kadreng rebolusyonaryo na pag-isahin ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung sa konkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Sa ganitong pangangahulugan, ang Unang Plenum ng Partido Komunista ng Pilipinas sa ilalim ng kataas-taasang pamamatnubay at inspirasyon ng Kaisipang Mao Tsetung ay matatag na nakaayon sa Kongkreso ng Muling Pagtatatag noong ika-26 ng Disyembre, 1968.

Na ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ay hindi kailanman pinulong mula noong emergency meeting ng Komite Sentral noong 1951 sa Sierra Madre ay isang kasumpa-sumpang pagkakasala ng mga taong pormal na humawak ng titulo ng pamumuno sa Partido nguni't siyang di-kapatapatawad na pumalikod sa kanilang katungkulan. Ang mga taksil na rebisyonistang tagapagmana at tagapagkalat ng Lavaismo at Taruc-ismo ay patuloy na nagtangkang sumupil sa buhay-pampartido at sa rebolusyong demokratiko ng bayan upang protektahan lamang ang kanilang makasariling interes. Ang kanilang mga kamalian at mga krimen ay kasiya-siyang naibunyag na sa dokumentong "Wastuhin ang mga Kamalian at Muling Buuin ang Partido", na pinagtibay ng Kongkreso ng Muling Pagtatatag.

Katulad ng Kongkreso ng Muling Pagtatatag, ang Unang Plenum sa ilalim ng kataas-taasang pamamatnubay ng Kaisipang Mao Tsetung ay patuloy na nagwawaksi sa Lavaismo at Taruc-ismo, ang dalawang katutubong tuwirang pinagmulan ng makabagong rebisyonismo, at nagdiriwang dahil sa kahuli-hulihang pagtatagumpay ng Partido, ang pangingibabaw sa pangkat Taruc-Sumulong na siyang isang sanga ng Lavaismo. Ang Bagong Hukbo ng Bayan, pinawian ng Lavaismo at Taruc-ismo, ay ligtas ngayong nasa sa ilalim ng ganap na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at matatag na buung-buong nagsisilbi sa mga mamamayan.

Sa kasalukuyan, ilang buwan pa lamang matapos ang Kongkreso ng Muling Pagtatatag, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nagtagumpay na sa nakabase-sa-lunsod na mga hari-harian ng Lavaismo at sa matong pangkat Taruc-Sumulong na nagmementene ng kani-kanilang "mapansariling kaharian" sa Maynila at Lunsod ng Angeles. Ang sa kanila ay ang magkasabwatang tungkulin na hadlangan at isabotahe ang pagsulong ng Kaisipang Mao Tsetung at ng rebolusyong demokratiko ng bayan sa kanilang mapagpahamak na papel bilang mga alipuris ng imperyalismong Amerikano, peudalismo at burukratang kapitalismo. Nguni't itinakwil natin sila hanggang sa ang landas ng sandatahang rebolusyon ay kasiya-siyang nahawi na upang tahakin ng mga dati at bagong kadre at kasapi ng Partido.

Habang ang Unang Plenum ay tumpak na naglalagom sa mga tagumpay na nakamit sa kilusang pagwawasto ng Partido at muling pagbubuo na idineklara ng Kongkreso ng Muling Pagtatatag, lahat ng mga kadre at mga kasapi ng Partido ay dapat makaunawa na ang pakikibaka laban sa makabagong rebisyonismo at lahat ng hugis ng suhetibismo at oportunismo ay hindi titigil sa ilalim ng mga kasalukuyang kalagayang pangkasaysayan. Tumpak para sa Unang Plenum na panindigang muli na matatag na hawakan ang Kaisipang Mao Tsetung at isugawa ang kilusang pagwawasto at muling pagbubuo hanggang wakas.

Napakaraming tahas na tagumpay ang natamo na sa pagbubunsod ng matatag na mga pagpupunyagi upang muling buuin ang Partido at isagawa ang sanda-

[illegible] pakikibaka sa ilalim ng maningning na liwanag ng Kaisipang Mao Tsetung. Hindi kailanman maaaring malimutan ang Unang Plenum bilang siyang okasyon nang ang mga paghahanda para sa agraryong rebolusyon ay [illegible], nang ang Komite Sentral ay muling pinalakas sa pamamagitan ng [illegible] pagpapasok ng higit na maraming mga proletaryong kadreng rebolusyonaryo mula sa Bagong Hukbo ng Bayan at sa kilusang pangmagbubukid, nang ang Military Commission ay binuo, nang ang Mga Saligang Alituntunin [illegible] Hukbo ng Bayan, ay pinagtibay at ang organisasyong pampartido, [illegible] pampartido, at pananalaping pampartido ay lalo pang pinahusay.

Lahat ng ito ay isinagawa ng Unang Plenum ng Komite Sentral ng Partido sa ilalim ng kataas-taasang pamamatnubay ng Kaisipang Mao Tsetung upang pasidhiin ang muling pagbubuo ng Partido at ang sandatahang pakikibaka.

Ang dakilang diwa na dapat mangibabaw ngayon sa lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido ay ang pagpapasidhi ng muling pagbubuo ng Partido at ng sandatahang pakikibaka sa ilalim ng kataas-taasang pamamatnubay ng Kaisipang Mao Tsetung.

Kung gayon, ang pinakamasigla at pinakamatatag ng pagpupunyagi ang siyang dapat na isagawa upang pukawin at pakilusin ang mga masa upang makapaglikha ng pinakamalawak na larangan para sa muling pagbubuo ng Partido at sa paglulunsad ng sandatahang pakikibaka. Sa pagsasagawa ng gayon, maibubunyag kung ano ang mga taksil na rebisyonista, bilang mga taksil na kasabwat ng imperyalismong Amerikano, peudalismo at burukratang kapitalismo. Sa pagsasagawa ng gayon, ang tunay na lakas pampulitika ang makakamit at mapatitibay ng mga pwersa ng rebolusyong demokratiko ng bayan. Ito ay ang pagsasalin ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung at ng Programa ng Partido para sa Rebolusyong Demokratiko ng Bayan tungo sa materyal na pwersa.

Tumpak na inihain ng Unang Plenum ang paglulunsad ng nasasandatahang rebolusyong agraryo sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa at ng pinakamaunlad na destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Isang digmaang pangmagsasaka ang dapat ilunsad upang makapaglikha ng isang makapangyarihang base para sa isang malawak na pakikibakang anti-imperyalista at anti-peudal tungo as demokrasya ng bayan. Lahat ng pambansang pakikibakang demokratiko ng mga manggagawa, mag-aaral, guro, at ng lahat ng peti-burgesyang panlunsod at makabayang mangangalakal ay magiging mahina kapag ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang uring manggagawa ay hindi magpapasidhi sa kanilang paggisikap na mamuno, magpupukaw at magpapakilos sa mga maralitang magbubukid at manggagawang pambukid sa isang rebolusyong agraryo. Sa paglulunsad ng digmaang pangmagsasaka, and Partido ay tunay na makapagsusakatuparan ng saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka bilang isang di-magagaping sandigan ng nagkakaisang hanay ng lahat ng uri, grupo at indibiduwal na makabayan na nagsisikap ibagsak ang imperyalismong Amerikano, peudalismo at burukratang kapitalismo.

* * *

ISAKATUPARAN ANG PAKIKIBAKA LABAN SA MAKABAGONG REBISYONISMO HANGGANG WAKAS

Ang mga taksil na rebisyonista ay lumilikha ng gulo rito at sa buong daigdig at walang-kahinatnang nagsisikap na hadlangan ang matagumpay na pagsulong ng rebolusyong demokratiko ng bayan sa Pilipinas at ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo.

Imposibleng malabanan at magapi ang imperyalismong Amerikano at ang katutubong reaksiyon nang hindi lalabanan at magagapi ang makabagong rebisyonismo.

Ginagawa ng makabagong rebisyonismo ang natatanging tungkulin ng pagpapahina at pagsabotahe sa kilusang rebolusyonaryo mula sa loob para sa imperyalismong Amerikano at katutubong reaksiyon.

Sa loob ng mahabang panahon sa Pilipinas, iniligaw ng Lavaismo at Taruc-ismo--ang dalawang pinakamalaking pinagbubuhatan at base ng makabagong rebisyonismo--ang kabuoang kapbqlusyong Pilipino at dinungisan ang karangalan at prestihiyo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin nilang sinasabotahe ang pagsulong ng kilusang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng pagsulo ng kaisipan ng mga kaibigan ng rebolusyon, ng pagkakalat ng paniniraan laban sa mga rebolusyonaryong kadreng proletaryo, ng pataksil na pagsusumbong sa kaaway at ng mga pananakot.

Ang dalawang "mapanghiriling kanarian" ng taksil na rebisyonistang pangkat Lava at ng pangkating Taruc-Sumulong, kahit na may sariling mga kontradiksyon, ay patuloy na umaatake sa Partido Komunista ng Pilipinas na pinapatnubayan ng Kaisipang Mao Tsetung sa pamamagitan ng paggamit ng magkaparehong maruruming taktika.

Habang lumiliit na ang pangkating Taruc-Sumulong ay ang lalong mapanganib sa dalawang taksil na rebisyonistang pangkat dito sa bansa sa kasalukuyan, ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava, sa katotohanan ang siyang lalong mapanganib para sa partido ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung. Ito ay walang humpay na nagpapatupad ng mga gawaing rebisyonista sa ideolohiya, sa pulitika at sa organisasyon at ang pakitang-dunong nito ay pakikipagtuos sa peti-burgesya at pambansang burgesya na karaniwang nagsisilbi bilang sandigan ng suhetibismo at oportunismo, at nagsisikap itong palaganapin ang diwa ng repormismo sa-hanay ng mga magsasaka at mga manggagawa. Sa katayuan ng pangkating Taruc-Sumulong, ito ay lubos na nawalan na ng anumang batayan ngayong ito'e naging ganap na gang ng krimen na lamang.

Dinadala ng taksil na rebisyonistang pangkating Lava ang pagtangkilik ng imperyalismong sosyal ng rebisyonistang Sobyet. Kahit ito ay bagbag ng mga kontradiksyong panloob, ang isang mayorya sa loob nito pa rin ang nagpapasiya sa katangian ng pangkat bilang papet ng imperyalismong sosyal ng rebisyonistang Sobyet. Ang reaksiyonaryong pamahalaan ay may kinalaman at nakapagpadala,sa tahimik na pagsang-ayon nito ng limang "lihim" na delegado sa "Pandaigdigang Komperensiyang Komunista" na inorganisa ng taksil na rebisyonistang pangkat ni Brezhnov.

Ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava ang tagapagkalat ng walang salang atake laban sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung. Sa bawat pagkakataon, ipinagtatanggol nito ang pinakamasisilaw na kilos ng imperyalismong sosyal ng Sobyet tulad ng panananakay na Sobyet laban sa mga mamamayang Tsekoslovak at ang mga armadong probokasyon sa mamamayang Tsino sa mga hanggahan ng Tsina.

Ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava ay natatalagang makinabang nang pansamantala sa "bagong" patakarang panlabas ng reaksiyonaryong pamahalaan at ang kasalukuyang mga pagtatangkang "gawing legal" ang Partido Komunista ng Pilipinas. Ang mga prinsipal na lider at tauhan ng pangkating ito ay lantad na nasa payroll ng reaksiyonaryong pamahalaan, sa pamantasan ng estado, sa mga grupong "brain trust" ng matataas na reaksiyonaryong pulitiko at sa mga negosyo.

Kinakailangang panatilihin ng partido ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung ang isang pangmatagalang pakikibaka laban sa makabagong rebisyonismo, ito man ay tatak Lava o Taruc-Sumulong. Lahat ng rebolusyonaryong kadreng proletaryo ay dapat laging maningdigan sa diwa ng pagkakasakatuparan ng kilusang pagwawasto at pakikibaka sa makabagong rebisyonismo, Lavaismo at Taruc-ismo hanggang wakas.

Sa harap ng kasalukuyang kalagayan, ang mga tagapagmana at tagapagpalaganap ng Lavaismo at Taruc-ismo ay may katiyakang maaaring maging mapanganib para sa mga tunay na Marxista-Leninista kung walang pangmalagiang rebolusyonaryong pagmamatyag at masiglang pakikibaka laban sa kanilang mga intriga at makinasyon.

Ang mga rebolusyonaryong kadreng proletaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas ay dapat maging matatag sa pagbubuo at pagpapatibay ng Partido.

Bagaman't nauunawaan nila ng Kaisipang Mao Tsetung, dapat nilang palalimin ang Partido sa ideolohiya, sa pulitika at sa organisasyon sa pamamagitan ng matatag ng pakikibakang pangmasa laban sa makauring kaaway.

• • •

IPINAGDIRIWANG NG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA ANG IKA-48 ANIBERSARYO

Ipinagdiriwang ngayon, Hulyo 1, ng mamamayang Tsino at ng Republika ng Mamamayan ng Tsina ang ika-48 anibersaryo ng pagkakatatag ng dakila, maluwalhati at wastong Partido Komunista ng Tsina sa ilalim ng di-magagapi at laging matagumpay na pamumuno ng Tagapangulong Mao.

Lubhang ikinagagalak ng Partido Komunista ng Pilipinas, tulad na rin ng lahat ng rebolusyonaryong partidong proletaryo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, na ang Partido Komunista ng Tsina ay nananatiling laging tapat sa Tagapangulong Mao at nananatiling malakas na talibang organisasyon ng proletaryado at ng masang rebolusyonaryo.

Ang ika-48 anibersaryo ng Partido Komunista ng Tsina ay isang pinakamasayang pagkakataon para sa lahat ng Marxista-Leninista at mga mamamayang rebolusyonaryo sa buong daigdig laluna't ito ay dumating pagkasapit lamang ng malakihang tagumpay ng Kaisipang Mao Tsetung sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura at sa Ika-9 na Pambansang Kongreso ng Partido.

Sa araw na ito, ipinahahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa lahat ng mga kadre, kasapi at kandidatong-kasapi nito na bilang kanilang internasyonalistang proletaryong tungkulin ay nararapat nilang pag-aralan nang puspusan ang kasaysayan ng Partido Komunista ng Tsina upang makahango ng mga rebolusyonaryong aral at tularan ang wastong paggamit ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung. Ang katangi-tanging nagawa ng Partido Komunista ng Tsina ay, sa lahat ng rebolusyonaryong pagpupunyagi nito sa tunggalian ng uri, produksiyon at siyentipikong pagsubok, napapatunayan nito ang unibersal na katotohanan ng Kaisipang Mao Tsetung para sa lahat ng mga rebolusyonaryo sa buong daigdig.

Tumpak ang ipinahayag ng Kasamang Lin Piao sa kanyang Ulat sa Ika-9 na Pambansang Kongreso na utang ng Partido Komunista ng Tsina ang mga tagumpay nito sa pantas na pamumuno ng Tagapangulong Mao at ang mga tagumpay na ito ay siyang bumubuo ng mga tagumpay ng Kaisipang Mao Tsetung.

Sa kasalukuyang pagpupunyagi nito para sa muling pagbubuo ng Partido, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay may sadyang tungkuling pag-aralan nang maingat kung paano binuhay at binuo ng Tagapangulong Mao ang Partido Komunista ng Tsina.

Nagmula ang Partido Komunista ng Tsina sa mga grupong Komunistang may ilang dosenang kasapi noong 1921 upang sila ang maging dakila, maluwalhati at wastong Partidong namumuno sa makapangyarihang Republika ng Mamamayan ng Tsina.

Dapat bakasin ng Partido Komunista ng Pilipinas kung paano, sa bawa't yugto ng mga rebolusyonaryong digmaan at pakikibaka, naganap ng Partido Komunista ng Tsina ang pag-agaw ng kapangyarihan at ang pagpapatibay ng diktadura ng proletaryado. Ngayong masiglang isinasagawa ng Partido Komunista ng Pilipinas ang isang kilusang pagwawasto laban sa suhetibismo at oportunismo, lalung-lalo na laban sa Lavaismo at Taruc-ismo na kasama na rin ang pangkating Taruc-Sumulong, higit pang kailangang pag-aralan at tularan ang mga dakilang proletaryong pakikibaka laban sa suhetibismo at oportunismo na isinagawa ng Tagapangulong Mao sa loob ng Partido Komunista ng Tsina.

Ang Partido Komunista ng Tsina ay nananatiling malakas at makapangyarihan sa ideolohiya, sa pulitika at sa organisasyon dahilan sa matatag na pakikibaka ng Tagapangulong Mao laban sa himpilang burges sa loob ng

Partido. Ang iba't-ibang kilusang pagwawastong matatag niyang pinamunuan ay humantong sa kanyang paglikha ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura na matagumpay na nanggamas sa taksil, natatagong traidor at oskirol na si Liu Shao-chi at ang kanyang mga kontra-rebolusyonaryong rebisyonistang kasamahan.

Ang kasaysayan ng Partido Komunista ng Tsina ay nagpapakita kung paano mapananatiling matatag ng Marxista-Leninista ang isang proletaryong partidong rebolusyonaryo, kung paano ipagpapatuloy ang rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, kung paano matagumpay na magagapi ang makabagong rebisyonismo at kung paano buuin at patibayin ang sosyalismo.

Mabuhay ang Partido Komunista ng Tsina!

Mabuhay ang Tagapangulong Mao!

Ibagsak ang imperyalismong sosyal ng rebisyonistang Sobyet!

Mabuhay ang praternal na pagkakabuklod ng Partido Komunista ng Tsina at ng Partido Komunista ng Pilipinas!

* * *

UNANG PLENUM AY GINANAP NG KOMITE SENTRAL UPANG PASIDHIIN ANG MULING PAGBUBUO NG PARTIDO AT ANG SANDATAHANG PAKIKIBAKA

Ginanap ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa isang dako sa Gitnang Luson noon Mayo 12 at 13 and Unang Plenum mula ng Konggreso ng Muling Pagtatatag (Ika-26 ng Disyembre, 1968) at mula ng emergency meeting ng Komite Sentral noong 1951 sa Sierra Madre.

Tinawag ang Unang Plenum upang pasidhiin ang Muling Pagbubuo ng Partido at ang sandatahang pakikibaka sa ilalim ng kataastaasang pamamatnubay ng Kaisipang Mao Tsetung.

Binigkas ng Tagapangulong Amado Guerrero and talumpating pambungad. Nilagom niya ang karanasan ng Partido mula noon Konggreso ng Muling Patatatag at ipinakita ang mga tagumpay ng Partido sa pagwawasto ng mga kamalian ng Lavaismo at Taruc-ismo bilang siyang dalawang katutubong pinagmumulan ng rebisyonismo, sa pagwawaksi sa mga tagapagmana at tagapagpalaganap ng Lavaismo at Taruc-ismo at gayundin sa pangkating Taruc-Sumulong, at sa muling pagbubuo ng Partido at ng Hukbo ng Bayan. Inilarawan niyang lubusang paborable sa pagsasagawa ng rebolusyong demokratiko ng bayan ang kalagayang pambansa at pang-internasyonal at ipinamalas ang nalalapit na pagbagsak ng imperyalismong Amerikano, makabagong rebisyonismo at katutubong reaksiyon. Inihayag niya ang mga pangunahing tungkulin ng Partido at ng Hukbo ng Bayan, habang binigyang-diin ang kahalagahan ng paglulunsad ng nasasandatahang rebolusyong agraryo upang makapaglikha at makapagbuo ng mga baseng purok at sonang gerilya upang mapaligiran ang mga lunsod. Matatag niyang itinaguyod ang rebolusyonaryong linya ng Kaisipang Mao Tsetung upang itakwil nang ganap ang pananaw na panlunsod na parliyamentarista at legalista ng taksil na rebisyonistang pangkating Lava ng Maynila at ang mapagmagitang linya sa bukirin at pandnaw ng lagalag na rebeldeng pangkat ng pangkating Taruc-Sumulong ng Lunsod ng Angeles.

Binasa ng Kasamang Dante sa Sentral Komite ang Pahayag ng Pulong ng mga Pulahang Kumander at Kawal na nagtatakwil nang walang pasubali ang pangkating Taruc-Sumulong at nagproklama sa pagkakatatag ng Bagong Hukbo ng Bayan. Pinatutunayan ng pahayag ang kataas-taasang pamamatnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung at ang ganap na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at ang tumpak na linya na inihayag ng programa ng Partido para sa rebolusyong demokratiko ng bayan. Ibinunyag at pinuna ng pahayag ang mga krimen ng pangkating Taruc-Sumulong at binakas ang kanilang pangkasaysayang paglaki sa loob ng Partido at ng Hukbo ng Bayan. Sa katapusan, dineklara ng pahayag ang pangunahing gawain ng Bagong Hukbo ng Bayan ukol sa

pagtulong nito sa muling pagbubuo ng Partido; pagsasagawa ng sandatahang pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng base; at pagbubuo ng pambansang nagkakaisang hanay.

Pinagtibay ng Plenum ang Mga Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbo ng Bayan. Lubusang sinuri ng Komite Sentral ang mga saligang alituntunin, kung kaya't natitiyak na ang Kaisipang Mao Tsetung ay tumpak at buung-buong nakatawan.

Pitong resolusyon na sadyang magpapasidhi ng muling pagbubuo ng Partido at ng sandatahang pakikibaka ang pinagtibay ng Plenum. Ang mga sumusunod ay ang pitong resolusyon:

1) Resolusyon ukol sa pagsasama sa Komite Sentral ng siyam na proletaryong kadreng rebolusyonaryo mula sa Bagong Hukbo ng Bayan at sa kilusang pangmagsasaka;
2) Resolusyon ukol sa komposisyon ng Komisyong Militar;
3) Resolusyon ukol sa pagsasama ng Pinakapunong Kumander ng Bagong Hukbo ng Bayan sa Politburo at sa Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral;
4) Resolusyong naghahalal sa Kasamang Dante bilang Pinakapunong Kumander ng Bagong Hukbo ng Bayan;
5) Resolusyon ukol sa organisasyong pampartido;
6) Resolusyon ukol sa edukasyong pampartido;
7) Resolusyon ukol sa pananalaping pampartido.

Sa Plenum, malakas na binasa ang mga siniping pangungusap mula sa Tagapanguiong Mao para sa pamamatnubay at lalong mahusay na pagkaunawa ng Komite Sentral sa iiang mga suliranin. Pinagpasiyahan ng Plenum na lahat ng mga kasapi sa Partido at mga kandidatong-kasapi ay dapat bigyan ng Mga Siniping Pangungusap Mula sa Tagapanguiong Mao Tsetung sa wikang Pilipino at ng Patnubay Para sa mga Kadre at Kasapi ng Partido na naglalaman ng mga saligang dokumento ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbo ng Bayan.

Si Kasamang Amado Guerrero, Tagapanguio ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang napatnugot sa Plenum.

* * *

NABIGONG SUPILIN NG MGA REAKSIYONARYONG TROPA ANG MGA REBOLUSYONARYO NG TARLAC

Sa loob ng tatlong buwan simula noon Abril, ang mga reaksiyonaryong tropa na binungkos at pinagalaw sa ilalim ng Task Force "Lawin" at may laking mula sa 3,000 hanggang 5,000 ay nagsisikap matanaw, makubkob at masupil ang mga proletaryong kadrong rebolusyonaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa lalawigan ng Tarlac.

Hanggang sa ngayon, bigung-bigo sila na makadakip ng kahit na iisang Pulahang kadre o sundalo. Ang tanging dahilan ay ang Partido at ang Bagong Hukbo ng Bayan ay matalik na nakaugnay sa masa ng mga mamamayan at buong-buong naglilingkod sa kanila at dahilan, lalo na, sa kanilang pagkakasandata ng Kaisipang Mao Tsetung.

Ang "Operation Prophylactic" ay pinasimulan noon Abril na may ambisyosong obhetibo na hanapin at strain ang mga sangay ng Partido at mga yunit ng Bagong Hukbo ng Bayan. Ngunit ang mga pangkat ng PC-Army na tumaluhong sa limang bayan ng Tarlac, Concepcion, La Paz, Capas at Bamban ay nag-anilamang ng buhawi ng protesta ng mga masa na humantong sa isang martsang pamprotesta ng 10,000 manggagawa, magsasaka at mag-aaral sa harap ng Malakanyang, Kongreso at embahada ng Estados Unidos. Ang mga reaksiyonaryong may-kapangyarihan ay napilitang magkunwaring sumabay sa agos ng galit ng madla at magsagawa ng isang kunwa-kunwaring pampublikong bista ukol sa mga abusong ginawa ng PC at Army.

Ang mga pang-aabuso ng mga naka-unipormeng tropa ng gobiyerno ay sinundan noon Mayo ng pang-aabuso ng mga "Monkees", mga maliliit na pangkat

Sa nakakotse na sinubuo ng mga maton at sundalo ng gobiyerno na nakasibilyan. Itinangka nila ang "raid" sa Angeles City noon Mayo 22 sa pagtangkang sirain ang Bagong Hukbo ng Bayan at takutin ang mga mamamayan sa pamamagitan ng walang kabuluhang pagpapatay at panunugat ng mga walang kamalay-malay na sibilyan. Matapos ang tatlong araw, isinagawa ang mga pagtatangkang pagpatay sa mga pinaghihinalaang simpatisador ng Bagong Hukbo ng Bayan at humantong ito sa pagkamatay at pagkasugat ng di-iilang katao.

Habang nangangulo ang mga "Monkees" sa kapatagan, tatlong malalaking kolum ng mga naka-uniporme ng tropa ang kumilos nang hiwa-hiwalay mula sa mga hanggahang Pangasinan-Tarlac at Pampanga-Tarlac at mula sa loob ng Tarlac. Sa panahong ito, ipinaghambog ng mga reaksiyonaryong awtoridad militar sa mga pahayagan na mahuhulog rin sa kanilang lambat ang "Stalin University" (Paaralang Rebolusyonaryo ng Kaisipang Mao Tsetung) sa mga bundok sa pagitan ng Zambales at Tarlac. Habang ang mga armadong kolum ay gumalaw at nagtagpo sa mga bundok sa kanilang walang kabuluhang paghahanap, ang mga reaksiyonaryong tropa ay gumawa ng mga abuso tulad ng panggagahasa, panananamsam at pananakit sa mga pambansang minoryang Baluga at iba pang mga taong-bundok. Katulad ng dati,nabigo ang mga reaksiyonaryong tropa sa pagsasakatuparan ng kanilang obhetibo, nguni't nagtagumpay lamang na galitin ang mga tao at pagtibayin ang kanilang pagmumahal sa Bagong Hukbo ng Bayan.

Sa lahat ng kilos nito, ang mga reaksiyonaryong tropa ay naglika ng matinding-galit sa pagitan nila at ng mga mamamayan. Ang Bagong Hukbo ng Bayan, sa kabilang dako, ay tumatanggap mula sa masa ng mga napagkakatiwalaang impormasyon hinggil sa mga kilos ng mga tropang kaaway kaya't naiiwasan nila ang kaaway at nababanatan ito ng mga makamatay na hambalos sa labas ng anumang pangungubkob.

Matapos ang kanilang walang-kahinatnang paghahanap sa kabundukan, tumuloy ang mga reaksiyonaryong tropa ng gobiyerno sa kapatagan upang manggulo. Sa paggamit ng mapagbabagsakaling taktikang pagpapadala ng isa or dalawang iskwad sa mga baryu-baryo sa madaling araw, and mga reaksiyonaryong tropa ng gobiyerno ay gumagawa ng mga abuso upang galitin ang mga tao. Ang mga maliliit na pangkat na ito ay nagwawasak ng mga pintuan, nananakit ng mga tao at nananamsam sa kanilang mga pamamahay at isang malaking puwersay, isang kumpanya o batalyon ay nasa likod din nila upang sundan sila sa kanilang karumaldumal na gawain.

Nguni't walang kinahihinatnan ang mga maton na ito ng reaksiyonaryong pamahalaan. Bagama't sa kanilang "raid" noong June 9, sa Sta. Rita, Capas, Tarlac, ay di-sadyang natuklasan nila ang dalawang tanel at ilang mga aklat at dokumento, nabigo naman silang makadakip ng ni isang Pulahang kadre o sundalo. Natsambahan lamang nila ang ilang kagamitang nasamsam din sa kanila sa mga nakaraang sagupaan at ilang mga babasahing di-sinasadyang naiwanan at ni hindi man nakatutulong sa kanila sa pagsupil ng tumataas na daluyong ng sandatahang pakikibaka.

Ang pagkilos ng isang sandatahang reaksiyonaryong yunit, maliit o malaki, o ang paggamit ng isang impormer ay mabisa at kagyat na ibinabalita ng mga tao sa mga Pulahang kadre at sundalo. Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay agad naghahanda upang lipulin ang kaaway kung agad magagawa nila o paikot na uniiwas na lamang para sa isang higit na mabuting pagkakataon upang lipulin ang kaaway. Ganito ang estilo ng pakikipaglaban ng gerilya ng bayan.

Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay patuloy na nagpapalawak nang mabilis hindi lamang sa Tarlac kundi maging sa iba pang mga lalawigan. Sa yugtong ito, ang reaksiyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay hindi na maaaring umasang malulupig nila ang sandatahang lakas ng bayan sa pamamagitan ng biglang paglusob sa ganito o ganoong baryo. Ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbo ng Bayan, kapuwa pinapatnubayan at pinapasigla ng Kaisipang Mao Tsetung, ay masugid na nagsasagawa ng mga paghahanda upang ang kanilang mga malawakang sona ng gerilya ay gawing lalu pang mga matatatag na basong purok.

Pinagsabihan ng Task Force "Lawin" ang tinatawag nitong "mga kilos mapanuri" sa Partido Komunista ng Pilipinas at sa Bagong Hukbo ng Bayan sapagka't naglilis na natatakot ang mga imperyalistang Amerikano, mga asendero at mga burukratang kapitalista na uugat nang maladlim dito sa Pilipinas ang Kaisipang Mao Tsetung.

Nagsumbol ang reaksiyonaryong awtoridad ngayong natuklasan nilang ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung ang nagbibigay patnubay sa Partido Komunista ng Pilipinas at sa Bagong Hukbo ng Bayan. Takot na takot sila sa katotohanang malalapit nang pagbagsak.

• • •

MGA MAGALAW NA REBOLDENG PANGKAT NAGIGING MADALING BIKTIMA NG MGA REAKSIYONARYONG SUNDALONG PAPET

Dahilan sa manilang pagkahiwalay sa masa ng mamamayan, ang kaunting mga armadong tauhan na patuloy pa ring nalilinlang nga pangkating Taruc-Sumulong ay nagiging madaling biktima ng mga reaksiyonaryong sundalong papet.

Sa apat na magupaan sa iba't ibang parte ng Pampanga nang nakaraang Mayo at Hunyo, nadipol ng Philippine Constabulary ang di-kukulang sa 90 bilangguan ng buong sandatahang lakas ng pangkating Taruc-Sumulong.

Ang mga pangyayaring ito ay lalo pang nagbawas ng makitid na ginagalawan ng pangkating Taruc-Sumulong na nababalita ngayong nakipag-uusap sa reaksiyonaryong gobiyerno tungkol sa mga kondisyon para sa pagsuko na paliliwing "amnestiya".

Sa pagkakatatag ng Bagong Hukbo ng Bayan, isang maliit na bilang na lamang ng mga armadong tauhan ang patuloy na nalilinlang ng pangkating Taruc-Sumulong. Sinundan ng higit na nakararaming mga Pulahang kumander at kawal ang tuyong mga pagkakaiba sa ilalim ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung at matatag na pinagtibay ng mga ito ang Pahayag ng Bagong Hukbo ng Bayan noon ika-29 ng Marso, 1969.

Ngayon, ang natitira na lamang na mga kaanib ng pangkating Taruc-Sumulong ay ang mga pusakal na mga maton. Ang mga ito ay lubos na nawalan na ng pakikipagtalastasan sa mga Pulahang kadre at mandirigma na may kaalaman sa pagsulong ng rebolusyonaryong linyang pangmasa. Ang mga ito ay lubusang nakahiwalay sa mga masa kung kaya't madali silang nagiging biktima ng mga impormer ng gobiyerno at mga reaksiyonaryong sundalo na nakikipagkumpetisyon sa kanila sa pangangarkam ng salapi, palay, hayop at iba pang mga pri-abri-suli sa mga mamamayan.

Nong mga nakaraang buwan, lubusan nang tinanggal ng pangkating Taruc-Sumulong at ang mga armadong maton ito ang kanilang mga balatkayo. Pinagkapatulo' nila ang linya ng pamamagitan na pabor sa mga asendero, upang pagyamanin ang sarili, iwasang "magalit" ang imperyalistang Amerikano at mapatibiin ang kanilang lubos na masamang gawain. Sa ganitong paraan, ginagawaan ng mga taksil na ito ang isang papel na hindi maaaring magampanan nang lalong mahusay ng isang lantarang reaksiyonaryo. Nguni't ibig din ng mga reaksiyonaryong tapusin na sila. Hindi lamang ibig silang tapusin ng mga imporner ng gobiyerno at mga reaksiyonaryong sundalo dahilan sa kanilang pagiging malalakas na kakumpetensiya sa pangingikil sa mga mamamayan kundi si Marcos mismo na kanila nang ipinangangampanya para sa eleksiyon nang ganitong kapag ang ibig tumapos sa kanila bilang tropeyo sa darating na halalan.

Matitis na nawawalan na ng oras at ginagalawan ang pangkating Taruc-Sumulong habang kwinawaksi ito ng masa. Sadyang ipinagpapaliban ni Marcos ang negosasyon para sa "amnesty". Ang pangkating Taruc-Sumulong ay ulol na naniniwala na magbibigay si Marcos ng mga garantiya upang mapanatili ang kayamanan at mga armadong tauhan nito bilang kabayaran ng pagsuko.

• • •

MASUKLAM NA ANG MAKABITANG MAGSASAKA AT MANGGAGAWANG PAMBUKID SA BURGES NA REPORMA SA PANANAKAHAN

Salungat sa inaasahan ng mga imperyalistang Amerikano, asendero at burukrata-kapitalista, ang burges na Batas ukol sa Reporma sa Pananakahan ay nagsisilbing tagapag-alab ng pag-aalsa ng mga maralitang magsasaka at manggagawang pambukid sa buong bansa kaysa nagsilbing tagapaghinahon.

Paungol na pinoproklama ng reaksiyonaryong gobyerno ang ilang lugar bilang distrito ng reporma sa pananakahan nguni't ang mga ahensiya nito ay hindi pinagkalooban ng panandalian kinakailangan sa isang programang burges ng reporma sa pananakahan.

Lubhang nahihirapan na ang reaksiyonaryong gobyerno sa pagmementena ng mga karaniwang operasyong pang-administratibo nito. Subali't ang pondo nito ay linulustay para sa pakinabang ng mga nagsibang uring nang-aapi. Ni hindi man ito makapagbigay ng sapat na pautang maging sa isang bahagdan lamang ng uring magbubukid. Paano ito magkakaroon ng sapat na pondo upang bilhin ang malalaking lupain ng mga asendero?

Kahit na sa mga tinatawag na distrito ng reporma sa pananakahan, ang mga maralitang magsasaka ay patuloy pa rin sa pagiging alipin ng kanilang mga asendero at lalo pang nababaon sa utang. Lalo pang pinasisidhi ng mga asendero ang kanilang pamamaraan ng pang-aapi. Ang pinakabababang sahod sa bukirin ayon sa burges na batas para sa mga manggagawang pambukid na nagkakahalagang ₱3.50 isang araw ay napakababa na nguni't tumatanggap pa rin sila ng higit na mababa pa at hindi binibigyan ng iba pang karampatang kaluwagan maging ayon man lamang sa burges na Batas ukol sa Reporma sa Pananakahan. Basta't itinuturing na lamang sila bilang "panandaliang" manggagawa upang makaligtas sa burges na batas na sila rin ang may likha.

Ang mga maralitang magsasaka at mga manggagawang pambukid sa buong bansa ay sabik na naglunsad ng rebolusyong agraryo. Nauunawaan na nila na kapag sila'y sabay-sabay na tumangging magbigay ng parte ng mga asendero sa isang napakalawak na sakop, walang sapat na pulis, tropa, butangero, abogado, hukom, korte at kulungan na makapagsusukol sa kanila. Maaagaw nila ang mga lupain, maiilit ang mga imbakan at hayupan ng mga asendero, mapapawi ang usurya, maparurusahan ang mga katutubong despota at makapagtatatag ng kapangyarihang pampulitika, kung kanilang nanaisin.

Ang mga maralitang magsasaka at mga manggagawang pambukid sa napakalawak na sakop ay nabunying tumutugon sa panawagang magtatag ng mga samahan sa kanilang hanay. "Magkabuklod-buklod!" and kanilang palagiang islogan.

Alinsunod sa desisyon ng Unang Plenum ng Komite Sentral ng Partido, ang mga Komite para sa Pagbubuklod ng mga Nayon (B.C.C.) na itinatag noong una ay binabagong-anyo sa pagiging rebolusyonaryong konsehong pangnayon o komite ng mga magbubukid na ito na may buong pagtangkilik ng Partido at ng Bagong Hukbo ng Bayan ay susunod sa makauring rebolusyonaryong linyang anti-peyudal na pangunahing aasa sa mga maralitang magsasaka at mga manggagawang pambukid, makikipag-isa sa mga panggitnang magsasaka at magneneutralisa sa mga mayamang magbubukid laban sa mga asendero. Ang makauring rebolusyonaryong linyang ito ay magsasawalat sa kontra-rebolusyonaryong makauring linya ng pangkating Taruc-Sumulong na nagbabalatkayong nakikipagpanigan sa mga asendero at magsasaka nguni't sa katotohana'y pabor sa mga asendero. Iwinawaksi rin nito ang kontra-rebolusyonaryong linyang pakauri ng taksil na rebisyonistang pangkating Lava na nagtataguyod ng legalista at reformistang samahang pangmagbubukid, nagkukubli sa pangunahing papel ng rebolusyong agraryo at nag-iiwan sa suliraning paulupa sa kamay ng burges na gobyerno.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbo ng Bayan ay walang pagod na nagsisikap na patayugin ang rebolusyonaryong kilusang pangmagbubukid. Sa panawagan ng pangmasang pakikibaka ng uring magsasaka, ang Partido at ang Hukbo ng Bayan ay tiyakang magiging matigas at luboa na magpapaibayo ang kanilang kalakasan nang naraming ulit.

Ang Partido at ang Bagong Hukbo ng Bayan, na may malaking pananampalataya at pagtitiwala sa masa, ay buong loob na naniniwalang ang iisang silakbo ay makapagsisimula ng isang sunog sa parang sa mga bukirin ng Pilipinas.

• • •

LUMULUBHA ANG PANG-AATAKE NG REAKSIYONARYONG HUKBO SA MGA ORGANISASYON NG MANGGAGAWA, MAGSASAKA, ESTUDYANTE AT IBA PANG MGA ORGANISASYONG PANGMASA

Ang prinsipal na dahilan kung bakit ang badyet ng reaksiyonaryong gobyerno ay hindi napagpatibay ng regular na sesyon ng Kongreso na natapos noong Mayo ay ang mahabang debate na nagbuhat sa labis na laki ng panustos na inilaan para sa parasitikong reaksiyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas at ang lantad na kasamaan ng hangarin nito.

Sa takot na gagamitin ng naghaharing Partido Nasyonalista ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas laban sa kanila, ang mga miyembro ng Partido Liberal sa Kongreso ay tinutulan mula pa sa simula ang nakamungkahing badget militar na lalamon ng P1.4 bilyon or 40 bahagdan ng buong badget. Bukod pa roon sa mga item na tuwirang nasa ilalim ng Departamento sa Pagtatanggol may mga item pa na pormal na nasa ilalim ng ibang mga departamento nguni't sadyang nakatakda para sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas sa hugis ng tinataguriang "civic action".

Ang badget militar ay napaliit din, nguni't hanggang matapos na ang sesyon, ang mga pinakareaksiyonaryong miyembro ng Kongreso ay nagpumilit na itira at lakihan ang aproprasyon para sa pagbabayad sa mga sibilyan na pinakikilos ng militar para sa counter-insurgency at para rin sa pagpapalakas ng paniniktik sa mga kilos na "subersibo"ng mga organisasyon ng manggagawa, magsasaka, estudyante at iba pang mga organisasyong pangmasa.

Ang reaksiyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay parating hinahambog ang kanyang ispada nguni't ang mga mamamayan sa araw-araw ay nagiging lalong mapanghimagsik.

Ang mga organisasyon ng manggagawa ay nagagalit sa reaksiyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas dahilan sa pangwawasak nito ng mga piket, paghahatid ng mga eskirol sa mga pinagwewelgahang pagawaan, paggamit ng mga sundalo bilang eskirol at pang-aaresto at pagpapatay sa mga manggagawa at sa kanilang mga lider.

Ang mga tunay na organisasyon ng magsasaka ay hindi kinakaligtaang gumawa ng mga paghahanda para sa pagtatanggol sa sarili. Ang reaksiyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay araw-araw na nakikagawa ng mga katampalasanan laban sa mga organisadong magsasaka sa Gitnang Luson at gumagamit ng mga bandido, mga magnanakaw ng kalabaw, mga manghuhuthot at iba pang mga pangkat ng mga mamamatay tao tulad ng "Lawin" at "Monkees" laban sa mga mamamayan.

Ang kilusan ng mga estudyanteng rebelde ay nahaharap din sa mabangis na panunupil ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas. Ang mga departamento ng Pagtatanggol at ng Edukasyon at mga awtoridad ng mga unibersidad ay gumagawa ng kumperensiya upang bumalangkas ng mga paraan para sa pagsupil ng kanilang nakatatanaw na paglaganap ng mga aksiyung rebelde ng mga estudyante sa taong ito.

Nguni't gaano man kahusay ang kagamitan at karami ang salapi ng reaksiyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay hindi nila maaalis ang kanilang pagiging kasangkapan ng panunupil ng naghaharing reaksiyonaryong mga uri. Sa kabilang dako, ang mga mamamayan ay wala nang mapapailalim kundi lumaban sila hanggang sa wakas sa pagunahing kasangkap ng reaksiyonaryong estado na araw-araw ay nagiging lalong mapang-api.

Ang limitadong kakayahan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay madaling matutuklasan ng mga mamamayan. Sa pamamatnubay ng Kaisipang Mao Tsetung, ang mga mamamayan ay madali ring maihiniwalay at malalansag nang baha-bahagi.

PUNAPUNAS ANG PAPEL NA ADMINISTRASYONG MARCOS SA MGA ABUSO SA MGA BASE MILITAR NG ESTADOS UNIDOS

Ang pagkakapet ng administrasyong Marcos, sa kabila ng mga pagpapahayag nito ng "malayang" patakarang panlabas, ay lubos na nalipakikita ng pilipit at pagsang-ayon nito sa absoluteng karapatan ng mga imperyalistang Amerikano na pumaslang at dagsamantala sa manggagawang Pilipino sa mga base militar ng Estados Unidos.

Isang manggagawang Pilipino, si Glicerio Amor, ay pinatay noong Hunyo 10 ng mga imperyalistang Amerikano sa loob ng Subic Naval Base. Hanggang ngayon, ang administrasyong Marcos ay hindi pa gumagawa ng kahit na anong hakbang upang ipagtanggol ang isang mamamayang Pilipino. Bagkos, nagpalabas lamang siya ng mga pahayag na nagpapatibay sa "karapatan" ng mga awtoridad sa basong Amerikano na mag-imbestiga at maglitis sa kaso ng pagpatay sa ilalim ng di-makatarungang US-RP Military Bases Agreement. Bukod pa sa mga nakaraang kaso ng pamamaslang na isinagawa ng mga sundalong Amerikano, patatawarin ng mga may-kapangyarihan sa basong Amerikano ang mga nakikitang-tao at pagtatangkang suhulan ang mga katutubong opisyal na pipigilan ang mga may-sumbong na ipagpatuloy ang kanilang sumbong at paghingi ng tulong sa Masang Pilipino.

Ang administrasyong Marcos, sa pamamagitan ng Kalihim sa Paggawa Blas Ople, ay gumawa rin ng isang reaksiyonaryong kasunduan ukol sa paggawa sa mga awtoridad ng mga base militar Amerikano na naniniguro na ang pamahalaang Pilipino lamang, kasama ng pamahalaang Estados Unidos, and siyang may-karapatan na gumawa ng mga konsultasyon ukol sa mga sulíranin sa paggawa sa loob ng mga base militar ng E.U. Ang kasunduan ay nagpatibay din sa kapangyarihan ng mga opisyal na Amerikano na tumanggap at magtanggal ng mga manggagawang Pilipino sa trabaho nang kahit salungat sa mga batas ukol sa paggawa dito sa Pilipinas.

Ang reaksiyonaryong katangian ng kasunduan ukol sa paggawa na tinatagurian Ople-Williams Agreement ay nadilantad nang masumpungan ng mga pinuno ng basong Amerikano na magtanggal ng ilang mga manggagawang Pilipino kaalinsunod sa patakarang pagtitipid ng dolyar ng Estados Unidos. Kumilos ang administrasyong Marcos upang mapigil ang pangkalahatang aklasan ng Filipino Civilian Employees Association sa lahat ng mga base militar Amerikano sa buong bansa.

Ang mga pinuno ng mga base militar na Amerikano ay nagtatag ng tinatawag na Red Patches na kumikilos bilang Gestapo laban sa mga Pilipino. Ang Red Patches, kasama ang mga alipuris nitong PC ay nambubugbog, nangaalipusta at nagmamalupit sa mga manggagawang Pilipino. Kapwa ang Red Patches at PC ay kinasusuhian ng mga manggagawang Pilipino kung kaya't hindi sila nangingiming gumanti sa kanila kailanmang may pagkakataon sila.

* * *

NILABANAN NG MGA KALINGA ANG IMPERYALISTANG KOMPANYANG AMERIKANO

Pinalayas ng tatlong daang katao ng pambansang minorya ng Kalinga na nasasandatahan ng mga sibat ang imperyalistang kompanyang minahang Amerikanong Lepanto Consolidated Mining Company sa Botilao copper mines sa Lubuagan, probinsya ng Kalinga-Apayao, noong nakaraang buwan.

Sinunog ng magigiting na mamamayan ng Kalinga ang apat na bunkhouses ng imperyalistang kompanyang minahang Amerikano habang ang mga sundalo ng Philippine Constabulary na nautasang magtanggol sa mga dayuhang opisyal ng minahan ay nagsitakbo upang iligtas ang kanilang sarili.

Noon pa mang dalawang taon nang nakalipas ang mga mamamayan ng Kalinga ay nagprotesta sa paglpasok ng imperyalistang kompanyang minahang Amerikano sa lugar na yaon at sila ay nagbigay babala na oras na ipinilit ang panghihimasok na ito dadanak ang dugo.

Matibag na nilalabanan ng mga mamamayan ng Kalinga ang pang-aagaw mula sa kanila ng mga minahan at mga kapaligid nitong lupain. Matinding idinagagalit nila ang pagunupil ng napakaraming imperyalistang kompanyang minahang Amerikano sa mga mamamayan ng kabundukan.

Habang ang mga katutubong manggagawa ang siyang nagsisipawis, ang mga imperyalistang Amerikano ay yumayaman at inilalabas sa bansa ang produkto sa minahan at kanilang tubo mula roon.

Ang mga mamamayan ng Kalinga ay handang makipaglaban upang palayasin ang mga imperyalistang Amerikano at ang mga reaksiyonaryong sundalong papet na tumutulong sa kanila.

Ang Botilao copper mines ay nasa isang pook sa hanggahan ng Lubuagan at Tinglayan, Kalinga at Sadanga sa Bontoc. Ito ay isang pook na napakapaborable para sa isang digmaang bayan. Ito ay may maraming nakatira, kabundukan at nasa kalagitnaan ng Mountain Provinces.

Kung ang mga mamamayan ng Kalinga ay magpapatuloy sa kanilang pakikibaka laban sa imperyalistang kompanyang minahang Amerikano, di-sasalang na mabubuksan nila ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa mga mamamayan ng Mountain Provinces.

Sa ngayon, ang imperyalistang minahang Amerikano at ang mga reaksiyonaryong awtoridad na papet ay nagsisikap na papanghinain ang pagtatanggol ng mga mamamayan ng Kalinga sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa ng PC at paghahawak ng mga pribadong claim sa mga minahan at mga lupaing kapaligid nito.

• — • — •

BINIGYANG-DAAN NG KORTE SUPREMA ANG PAGPAPALAYA NG MGA POLITICAL PRISONER

Ang kabulukan ng burges na hustisya ay labis nang naipakita sa higit na labing walong taon na pagkakapiit ng mga political prisoners na nabihag noong 1950.

Ipinagmamabuti ng reaksiyonaryong pamahalaan na pakawalan sila sa panahong ang karamihan sa kanila ay nawalan na ng mga tagapangkilik at ang iba sa kanila ay napipiho sa kanilang pananalita na tumatahak na ng linyang rebisyonista sa usapin ng estado at rebolusyon.

Mga ilang buwan na lamang ang nalalabi bago pawawalan ang mga prinsipal na kasapi ng liderato ng Jose Lava noong 1950 batay sa desisyon ng Korte Suprema noong kararaang Mayo.

Alam na alam ng mga kasapi ngayon ng Partido na ang karamihan sa mga "Iskiyerdistang" oportunista ng nakaraang panahon ay nagbibigay ng kanilang bindisyon sa taksil na rebisyonistang pangkating Lava at ang kanilang mga pangalan ay nadalas banggitin upang ipamarali nang mababaw ang anti-Marxista at anti-Partidong teorya ng "maharlikang angkan". Ang unang pinawalan sa kanila noon pang 1960, si William J. Pomeroy, ay matagal nang gumagampan bilang internasyonal na kinatawan ng mga lokal na rebisyonistang taksil at nagbubuhay-mayaman bilang binabayarang publisista ng embahadang Sobyet sa London.

Ang takbo ng pag-iisip ng mga namumunong political prisoners ng 1950 ay napipiho sa pananalita ng kanilang mga tagapagsalita na nagsasabing sila ay magtatayo ng babuyan o poultry o "magsososyal aksiyun" kapag sila ay pinawalan.

Kapag sila nga ay magsososyal aksiyun, maaaring baguhin nila ang kanilang pag-iisip at sumama sa sandatahang kilusang rebolusyonaryo sa mga bukirin o kaya'y sumama sa taksil na rebisyonistang pangkating Lava upang makipagkumpetisyon sa traidor at eskirol na si Luis Taruc para sa musigabong palakpakan ng mga burges na tagapakinig at sa pagtangkilik ng reaksiyonaryong pamahalaan.

...ng Bertrand Russell Peace Foundation, Inc., isang burges na pasipis-tang sasahan na sadyang nakarehistro sa reaksiyonaryong gobyerno at tuwi-rang sumusunod sa linya ng taksil na rebisyonistang pangkat Sobyet, ang nangu...ang sa isang kampanya para sa pagpapalaya ng isang piling bilang ng mga political prisoner na pinamumunuan ni Jose Lava.

Habang inilalo ng rebisyonistang pangkating Lava na ang pagpapalaya ng ilang mga "lehitimong" oportunista ng nakaraang panahon ay makapag-papakas ng kredyuang pampulitika nito, ang isa pang posibilidad ay mali-wanag, na ang pagtatangka ng mga napalayang political prisoner upang mailigtas ang kanilang mga sarili ay magbubunga ng isa pang panloob na labanan na patuloy pang magwawasak ng kanilang makitid na rebisyonistang pangkat na walang pag-asang mahahati na ukol sa mga kilos at ng patakaran sosyal na imperyalistang Sobyet buhat noong panunalakay ng Sobyet laban sa mga mama-mayan, Seloslovak.

Samantala, ang reaksiyonaryong gobiyerno ay tiyakang interesado sa ...ng di na pagkilos ng isang taksil na rebisyonistang partido na makapag-sasagawa ng hindi magagawa ng lantad na reaksiyonaryo laban sa proletaryong rebolusyonaryong partido na nasasandatahan ng di-magagapiang Kaisipang Mao Tsetung. Ito ay isang taktika alinsunod sa estratehikong alyansa ng imper-yalismong Amerikano at sosyal na imperyalismong Sobyet.

* * *

SIDA K...G... OSMEÑA AY KAPIA KILACIHAN NG IBA...MAPING MGA URI

Inihalal ng pambansang kombensiyon ng Partido Liberal si Sen. Sergio Osmeña bilang kandidato sa pagkapangulo noong ika-15 ng Hunyo at hinirang naman ng Partido Nacionalista ang kasalukuyang presidente, Ferdinand Marcos bilang kandidatong reaksiyonista noong ika-21 ng Hunyo. Ang dalawang kombensiyon ay kapwa nagpapatotoo sa kriminal na kaluhuan at kabulukan ng dalawang partidong burges-asendero.

Sa darating na halalan sa Nobyembre, mapipilitan muling mamili ang mga manghahalal na Pilipino sa pagitan ng dalawang subok na papet ng imperyalismong Amerikano at katutubong peudalismo.

Walang saligang pagkakaiba ang dalawa tulad ng walang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang partido nila. Higit na mainam na maghabi ng salita si Marcos nguni't ang kanyang plataporma ay kahalintulad rin ng kung ano ang isinisigaw ni Osmeña tungkol sa kanyang pagkapapet ng imperyalismong Amerikano at katutubong peudalismo.

Ang dalawang kandidato sa pagkapangulo ay ang dalawang pinakabulok at pinakawalang-pagatubiling kinatawan ng nagsasamantalang uri sa kasa-lukuyang panahon. Ang kanilang mga akusasyon at kontra-akusasyon ay magbibigay sa mga mamamayan ng karampatang edukasyon tungkol sa kabugukan ng sistema ng pagsasamantala.

Ang darating na halalan sa Nobyembre ay maaaring maging pinakamarumi at pinakamadugong halalan sa lahat ng mga naganap na sa bansa. Ang dala-wang kandidato sa pagkapangulo ay naghanda na para sa pinakamasamang pangyayari sa paninili ng boto, pandaraya at pananakot.

Habang pagbubulurin ng isang tunay na partidong Marxista-Leninista ang mga mamamayan habang pinaghihiwa-hiwalay sila ng mga reaksiyonaryo at magpasidhi sa sandatahang oposisyon sa nakatatag na sistemang mapag-samantala sa panahong ang panloob na tunggalian sa naghaharing uri ay napakaalab at napakahayag at ang mapanupil na puwersa ng estado ay lubhang manipis at nakakalat.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay hindi kailanmang makapagkaka-roon ng katayuan sa bansang ito kung hindi ipagsasakatuparan hanggang sa katapusang ang kanyang makarebolusyonaryong layunin. Sa panahong ito,

ng "Balitang Pangkabuhayan" ng mga katutubong rebisyonistang pahayagan ay nagkakahulugan na may tunguhing itaguyod ang "Bagong Himagsikan" ni Marcos.

• • •

PINABABA NG CENTRAL BANK ANG REDISCOUNT RATE SA 10%

Itinakda ng Monetary Board ng Central Bank ang rediscount rate mula sa 8 bahagdan upang maging 10 bahagdan. Ito ay nangangahulugan na ang sistema ng pananalapi ng Pilipinas ay malapit nang bumagsak.

Napakataas na ang palugit para sa mga bangkong komersiyal na makatubo. Ang maksimum na interes na maari nilang singilin sa mga may garantiyang pautang ay 12 bahagdan at sa mga walang garantiya, 14 bahagdan.

Ang pagtaas ng rediscount rate ay nagkaroon ng tanging epekto nang pagpapaunlad ng credito at pagpapahina ng negosyo. Ito ang pinakamataas na rediscount rate sa buong kasaysayan ng Central Bank.

Ginawa ang kilos na ito ng Central Bank bilang isang hakbang na pumigil sa pagkaubos ng nakaimbak na dolyar at pagbagsak na halaga ng peso.

Ito ay isang mababaw na kilos sa pagkontra sa epekto ng pandaigdigang krisis sa pananalapi. Ang dolyar mismo ay labis nang nababawasan ng halaga sa loob ng labinglimang taon dahil sa patakarang imperyalista at pagkitapon ng salapi ng pamahalaan ng Estados Unidos. Ang Estados Unidos ay gumagawa ngayon ng lahat ng paraan upang ilipat ang pasanin nito sa mga pamahalaang papet nito.

• • •

PINATOTOHANAN NG PANGKULTURANG MISYONG SOBYET ANG ESTRATEHIKONG ALYANSA NG IMPERYALISMONG AMERIKANO AT IMPERYALISMONG SOSYAL NG SOBYET

Lalong naliwanag ang estratehikong alyansa ng imperyalismong sosyal ng Sobyet at imperyalismong Amerikano nang ideklara ng papet na Presidente Marcos sa pangkulturang misyong Sobyet, na binuo ni Dr. Evgeny Ivanov, Dr. Julie Istonova at Alexander Malov Philippovich, na "kami ay umaasa na magkaroon ng higit na marami pang korespondensya, pangkulturang palitan at mapagkaibigang ugnayan."

Sa kanilang pakikipagtagpo sa presidenteng papet noong ika-23 ng Hunyo, pinagsamantalahan ng pangkulturang misyong Sobyet na hamakin ang Republika ng Mamamayan ng Tsina bilang isang maruming hakbang na panuyo sa reaksiyonaryong local.

Sadyang sila nagpunta, pinagsamantalahan ng pangkulturang misyong Sobyet na magpanuya ng mga ilang pananalita laban sa Tagapangulong Mao, sa Partido Komunista ng Tsina at sa Republika ng Mamamayan ng Tsina at gumawa ng mga iba pang reaksiyonaryong pahayag.

Sa Philippine Military Academy. na kung saan sinasanay ang mga mangangatay ng mamamayan, inilarawan ni Ivanov na pinuno ng misyon ang mga reaksiyonaryong kadete militar bilang "mga maka-Tsinang panawagan ng kinabukasan." Sa Universidad ng Pilipinas, na kung saan binabatikos ng mga nag-aaral at guro ang mga reaksiyonaryong awtoridad akademiko at ang kanilang mga patakaran, pinuri ng pangkulturang misyong Sobyet nang walang reserba ang institusyon at ipinahiwatig nito sa mga reaksiyonaryong burukratang akademiko ang hangarin ng naghaharing rebisyonistang pangkat ng Sobyet na magkaroon ng ugnayang pangkultura tulad ng mga ahensiya ng Estados Unidos sa pangkulturang pananalakay.

Binuksan din sa Maynila ng pangkulturang misyong Sobyet ang isang eksibisyon ng kontra-rebolusyonaryong sining ng mga rebisyonistang

Pangulo ng Sobyet. Sa pakikipagtagpo kay Marcos, tiniyak ng misyon sa Manila diumano ang pagdating ng Bolshoi Ballet upang gumanap sa pagbubukas ng kanyang Cultural Center.

Sa pakikipamayan sa mga opisyal ng reaksiyonaryong gobyerno, sa pagdalo sa mga pagtitipong sosyal at sa pagtikim ng bulok na buhay ng mga reaksiyonaryong Pilipino, ang pangkulturang misyong Sobyet ay laging masiglang sinasamahan ng dalawang kilalang anti-Komunista na sina Dip. Carmelo Barbero at Dip. Constantino Navarro, at mga ilang "progresibong" tao na anti-rati'y nangompila ng Enverga Report.

Ang mga ibang naligtang kasama ng pangkulturang misyong Sobyet ay mga dalagang anak ni Dip. Carmelo Barbero at Heneral Ishmael Lapuz, hepe ng National Intelligence Coordinating Agency at kilalang ahente ng CIA. Ang mga anak ng dalawang anti-Komunistang ito ay nangunguna sa mga Pilipinong nag-aaral sa Friendship University ng Moskú.

Ang pangkulturang misyong Sobyet ay isa lamang sa serye ng mga misyon na nagsasamantala sa mga pakanang imperyalista sosyal ng taksil na rebisyonistang pangkat ni Brezhnev. Isinasagawa ng misyon ang malaking tiwala na magkakaroon sa madaling panahon ng ugnayang pangkalakalan at diplomatiko ang Unyong Sobyet at Pilipinas.

* * *

PAKSIW ANG PANANALAKAY NG MGA SOSYAL NA IMPERYALISTANG SOBYET LABAN SA TSINA

Nagprotesta ang pamahalaang Tsino sa Unyong Sobyet ukol sa panibagong panghihimasok, armadong pananalakay, probokasyon at pangungulimbat sa hanggahan ng Tsina. Itinala ng protesta ang mga pangyayaring naganap mula noong Marso at nagsisiyasat ang kararaan-lamang na mga anyo ng pananalakay.

Narito ang mga pangyayaring naganap noon Mayo:

Noong ika-2 ng Mayo, nagpalabas ang pamahalaang Sobyet ng malaking kilang ng tropa, kasama ng ilang dosang tangke, armoured cars at iba pang mga sasakyan, na nanghimasok at kanluraang panig ng bundok Barluk sa Yunan County, Sinkiang, Tsina, at pumasok sa apat na milyang teritoryo ng Tsina at nagpaputok sa pagdaan ng mga pastol na Tsino at ng kanilang mga pinapastol.

Ipinuntirya ng mga tropang Sobyet ang kanilang mga baril sa tagatanod ng hanggahan ng Tsina at binantaan sila sa pagsasabing kapag hindi sila uurong muli sa dinaang yaon, tuluyan silang lilipulin sa pamamagitan ng puwersa. Naiwasan ang pagdanak ng dugo sapagka't naging mapagtimpi ang mga Tsino.

Muli noong ika-12 ng Mayo, walang-salang na nagpaputok ang mga tropang Sobyet mula sa kanilang pampang ng mga light at heavy machinegun sa Pulong Muplao sa gawing Tsina ng panggitnang linya ng pangunahing daluyan ng ilog Heilung sa Hunan County, lalawigang Heilunkiang, at sa pampang ng Tsino at mga sibilyan sa pulo. Binaril ng mga tropang Sobyet ang isang tanod noong alas 2 ng ika-15 ng Mayo.

Muli, mga ika-11 ng umaga ng ika-14 ng Mayo, isang patrol boat, isang pampasaherong lantsa at isang gunboat ng Panig Sobyet ang nanghimasok sa Pulong Muyatung sa gawing Tsina ng panggitnang linya ng daluyan ng ilog Heilung sa lalawigang Heilungkiang.

Sa pangunguna ng isang opisyal na Sobyet, marahas na dumaong sa pulo ang labindalawang nasasandatahang sundalo at mula sa dalawang direksiyon pinalilipiran ang siyam na sibilyang nagsasagawa ng produksiyon sa pulo, nakahalikaw na binaya sila ng pulunan ng baril, na nagpasugat nang malubha sa dalawa sa siyam na katao, at dinala ang apat sa pamamagitan ng dahas

Matapos diyan, usigin nang ilegal at marahas na ikulong sila nang walang hatol, napilitang ibalik nila ng panig Sobyet matapos lamang ng kanilang protestang isinagawa ng mga kinatawan ng mga Tsinong tanod sa hangganan.

Sa loob na dako pa ng umaga ng ika-20 ng Mayo, habang inaalalayan ng sundalong Sobyet, siyam na kawal na Sobyet na sakay sasakyan ng kumpanya-koronel ang nanghimasok sa lunan ng Yehsikai, Aketsu County, Sinkiang at mapayapang nagpapatrolya ng mga tanod hangganan kaiba sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng mga kabayo tungo sa mga tanod.

Sa loob ng ika-20 ng Mayo, malaking bilang ng mga tropang Sobyet ang nanghimasok sa lunan, Chiuchichi ng Tohchong County, Sinkiang, nambugbog ng sibilyan, sibilyan, tumawag dalawang tanod panghanggahan, tinangay sila at pagkatapos ng dito, inagaw ang armas at bala ng mga tanod panghanggahan, at tumangging ibalik ang mga iyon.

Sa pangpitong dako 9:45 sa gabi ng ika-25 ng Mayo, nang ang pampasaherong lapor ng "Tungfanghung No. 17" ay naglalayag sa pangunahing daluyan ng ilog Heilung, inilawan ito ng nakasisilaw na search light mula sa panig Sobyet at nagsilaw sa mata ng mga piloto ng bapor at naging dahilan ng pagkaabala nito.

Ang ang bapor ng Tsina ay nagpadala ng tatlo katao upang humingi ng tulong, ang tropang Sobyet ay nagpadala ng gunboat at talong patrol boat upang kidnapin ang tatlong sibilyang yaon kasama ng ang kanilang sinasakyang bangka, at hanggang ngayo's tumatangging ibalik sila.

Sa pangpitong dako 12:27 ng ika-28 ng Mayo, katulong ng isang helicopter, mga tropang Sobyet sa tatlong gunboat ang nanghimasok sa pulong Fuyuanta-chinhsintzu sa gawing Tsina ng pangpitnang linya ng pangunahing daluyan ng ilog Heilung sa Fuyuan County ng lalawigang Heilungkiang, higit na apat-napung nagsasandatahang tropang Sobyet ang nagpumilit na dumaong sa pulo, di-nakatarungang tumangay ng 10 mangingisdang Tsino na nagsasagawa ng produksiyon sa pulo at tinangay ang kanilang bangkang pangingisda at isang motor boat, at tumangging ibalik ang mga yaon.

Sa loob ng panahon mula noong ika-29 ng Marso hanggang ika-31 ng Mayo, ang mga sasakyang panghihimpapawid ng Sobyet, kasama na ang mga pambomba, panlaban, at pang-reconnaissance, ay walang pakundangang nanghimasok nang 57 ulit sa himpapawid na nasasakupan ng Tsina upang mangulo at magmatyag at ang iba'y pumasok pa nga sa higit na 36 milya ng teritoryong Tsina na sumapakop sa higit na 240 na kilometrong lawak.

* * *

ITINDIG ANG MAKABAYANG REBOLUSYONARYONG PAMAHALAAN NG TIMOG BIYETNAM

Ang Pansamantalang Rebolusyonaryong Pamahalaan ng Timog Biyetnam ay iprinoklama at pumalit kagad sa Pambansang Mapagpalayang Hanay ng Timog Biyetnam mula sa lukuban nito sa talakayan sa Paris.

Ang mundialdigay na Estados Unidos at ang papet na pamamahalaang Saigon ay napakadaling ipinalagay ito bilang pagpapalit lamang ng pangalan. Ngunit ang katotohanan ay ang pagkakatatag ng pansamantalang rebolusyonaryong pamahalaan ay nagsasalamin sa higit na malakas na pagpapatibay at higit na malawak na pagtatagumpay ng pakikibaka ng mamamayan ng Timog Biyetnam laban sa panapalaray ng imperyalismong Amerikano.

Ang mahaban, openoibong pantagsibol ng Mapagpalayang Sandatahang lakas ng Bayang Timog Biyetnam ay lalong gumiba sa mga pworsang mapanalakay at pinatibay ang demokratikong lakas ng bayan sa labas ng mga natitirang

kuta ng imperyalistang Amerikano. Ang pangkasalukuyang oponsibong pantag-araw ay nalapit nang tuluyang mitapagwasak sa natitirang kuta ng mga imperyalistang Amerikano at natatakdang maging higit pang matagumpay kaysa sa oponsibong tagsibol.

Habang ang natatag na sondatahang pakikibaka ng mamamayang Biyetnames ay umusad sa sunud-sunod na tagumpay, ang administrasyong Nixon ay nagtatangkang mapawalan ang kasinungalingang "pag-urong ng tropa" at paghingi ng mga konsesyon, tulad ng pagkakaroon ng "halalan" sa ilalim ng "magkasundo na pamamahala" ng papet na pamahalaang Saigon at ng Pambansang Kagkaisang Ilang upang makapaglikha ng pamahalaang koalisyon.

Matapos ang komperensiya sa Midway ng hari-harian ng imperyalistang Amerikanong si Nixon at ng hari-hariang papet sa Saigon na si Nguyen Van Thieu, ang "pag-urong" ng 25,000 tropang Amerikano ay inihayag ni Nixon at Thieu habang nagbabanta si Thieu para sa "halalan" sa pamamagitan ng paglikha ng "alyansa" sa ilalim ng kanyang lakas pandiktadura.

Sa yugtong ito ng pakikibaka ng mga mamamayan ng Timog Biyetnam tungo sa pambansang katubusan mula sa Amerikanong pananalakay; ang Pansamantalang Rebolusyonaryong Pamahalaan ay dapat na manindigan sa awtoridad at tuwirang lakas nito at humiling ng ganap na pag-urong ng lahat ng tropang Amerikano at ng kanlyado nitong mapanalakay at ang pagkakalusaw ng papet na pamahalaang Saigon.

Ang magiting na mamamayan ng Timog Biyetnam ay may kakayahan at karapatang isakatuparan ang mga ito labas sa talakayan sa Paris. Ang proklamasyon ng Pansamantalang Rebolusyonaryong Pamahalaan ay higit pa sa pagpapalit ng pangalan at magbubuo ng isang pagsulong kung ipaglalaban nitong mabalewala ang lahat ng tikas ng papet na pamahalaang Saigon.

• • •

ANG ASPAC AY ISANG BLOKE NG MGA PAMAHALAANG PAPET NG IMPERYALISMONG AMERIKANO

Sa komperensiya ng mga ministro ng Asian Pacific Council (ASPAC) sa Bangkok, Hapon, noong nakaraang buwan, tumawa ang Kalihim Panlabas na si Carlos P. Romulo ng isang nakakalokong mungkahi na sumanib ang Republika ng Mamamayan ng Tsina sa ASPAC.

Ang retorikong tanong na ito ng isang utusang aso ng imperyalismong Amerikano ay isang paghamak sa Republika ng Mamamayan ng Tsina at sa mamamayang Tsino na pinamumunuan ng Tagapangulong Mao.

Ang ASPAC ay isang aprusibong bloke na hawak ng imperyalismong Amerikano sa pamamagitan ng junior partner nito, ang imperyalismong Hapones, at sa pamamagitan ng buong pagkakasapi nito na binubuo ng mga pamahalaang papet. Ang Republika ng Mamamayan ng Tsina ay lubos na hindi magkakaroon ng anumang pakikitungo sa isang bloke ng mga papet na rehimen tulad ng sa Hapon, Pilipinas, New Zealand, Australya, Timog Korea, Saigon at Chiang Kai-shek kalibnan sa labanan ito.

Ang nakalolokong pahayag na ito ni Romulo ay tantiyang magbibigay ng isang nakaling impresyon na ang ASPAC ay malaya sa kapangyarihan ng imperyalismong Amerikano. Ang pinakabobong hangal lamang ang hindi makakakita sa kasinungalingang ito.

Ang ASPAC ay itinatag bilang karagdagang puwersa ng isang SEATO na naging inutil na bilang isang kasangkapan ng pananalakay ng Estados Unidos. Pinatutunayan ni Romulo ang sarili bilang isang nanloloko sa pagpapahayag na ang ASPAC ay isang organisasyong "walang ideolohiya" at "hindi militar".

Isang taktika ng imperyalismong Amerikano upang palabasin na ang Republika ng Mamamayan ng Tsina ay sabik na sabik na sumanib sa mga organisasyong kontrolado ng Estados Unidos tulad ng ASPAC at United Nations.

ANG SEATO AY ISANG PALUDOG NA DAPOR

Tungo pangitain ng kasawian ang bumalot sa taunang pulong ng konseho ng Southeast Asia Treaty Organization (SEATO) na ginanap sa Bangkok noong Mayo 20 at 21.

Ang walang-tigil na pagsulong ng rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka laban sa imperyalismong Amerikano sa Timog-Silangang Asya at ang mga panloob na kahinaan ng SEATO mula pa sa paglitaw nito ay nabigat na dumagan sa taunang pulong ng konseho, lalung-lalo na sa mga ministrong panlabas ng mga pabot na reaksiyonaryong pamahalaan ng Taylandia at ng Pilipinas.

Sa pulong ginawa ng Kalihim ng Estado ng E.U. na si William P. Rogers ang lahat niyang makakaya upang pasiglahin ang mga utusan ng imperyalismong Amerikano. Siniguro niya sa kanila ang "matatag na pagtangkilik".

Nguni't hindi niya maiwasang aminin na ang Estados Unidos ay "nahaharap sa malulubhang desisyon ukol sa kung paano paghhatiin ang nahahandang pondo sa mapaghamong hamon". Habang naliwanag na isinasaysay na hindi naiiba ang pangasiwaang Nixon sa pangasiwaang Johnson sa patakaran nito ng imperyalismong pananalakay, isinawalat ni Rogers ang malulubhang panloob at panlabas na kahirapang sumisipit sa imperyalismong Amerikano.

Si Heneral Jesus Vargas, pangkalahatang kalihim ng agresibong bloke at matagalang Pilipinong ahente ng CIA, ay humaluyhoy na kailanman hindi pa naiakusang "hinanon" ang katuturan ng SEATO liban sa panahong ito. Ipinaliwanag niya na ang SEATO ay muanri lamang mabuhay hangga't magsari itong tangkilikin ng imperyalismong Amerikano.

Ang ministrong panlabas ng Taylandia, si Thanat Khoman, ay nagpahayag ng lubusang takot tungkol sa pag-aalsang digmaan ng mga manamayan sa Timog-Silangang Asya at pasulsol na ipinagtaguyod ang pagpapasagawa ng mga "samasamang panamaraan", mapayapa at di-mapayapa, upang labanan ang mga yaon.

Sinubok ng kalihim panlabas na si Carlos P. Romulo na maging bituin ng pagtatanghal sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang mungkahi ukol sa "mapayapa" at "di-kumbensiyonal" na panamaraan ng kontra-rebolusyon. Matindi siyong sumandig sa mga lumang pakana ng pangkulturang pananalakay ngunit waldng ni isa sa mga ito ang tunay na nakapagpataas nang kahit pang bahagya ng kitayuan ng SEATO.

Walang bagong inihayag ng komunike ng pulong, at tulad nang sinabi ng isang kanluraning ahensiya sa pagbabalita, "ang kakulangan ng pagbanggit sa pahayag nang tuwirang radikal na pagbabago o pagpapahusay ang siyang bumagting upang ipaalam ang kamatayan ng organisasyon."

Upang ipagnayabang ang likas nitong pagiging blokeng hawak ng Estados Unidos para sa imperyalistang pananalakay sa Timog-Silangang Asya, ang SEATO pagkatapos ng pulong nito ay naglunsad ng "Exercise Sea-Spirit" na nagpapalagay sa rebolusyonaryong mamamayan ng Taylandia bilang kaaway.

Habang nabigo sa pananakot nito sa rebolusyonaryong mamamayan ng Taylandia, naipakita lamang ng ehersisyo sa karagatan na ang SEATO ay isang lumulubog na bapor. Ang bangkan ng aircraft carrier ng Australia, ang Melbourne, at ng destroyer ng Estados Unidos, ang Evans, sa gitnang karagatan ay nag-atras sa ehersisyo ng spektong paninindak sa kahit na sino.

• • •

LUMALAKAS ANG HUKBONG MAPAGPALAYA NG BAYAN NG TAYLANDIA

Wala pang apat na taon mula nang ang unang rebolusyonaryong putok ng riple ay narinig sa Taylandia noong 1965 sa bundok Pupan sa hilagang-silangang Taylandia, ang lagablab ng sandatahang pakikibaka ay kumalat na sa 33 ng 71 probinsya ng bansa. Ang sandatahang lakas ng mamamayan ng Taylandia mula noon ay patuloy na nagtaas sa kasanayang panagupa nito sa

mgtipol ng kalaban sa takbo ng kanilang pakikibaka.

Alinsunod sa mga di-kompletong ulat, noong 1968 ang sandatahang lakas ng mga mamamayan ay nakalipol na ng mahigit na 1,400 na sundalo na kaaway at nakapgpabagsak ng 25 sasakyang pangkumpawid ng kaaway. Sa loob ng unang buwan, magtatapos sa Marso ng taong ito ang mga puwersang bayan ay nakalipol din ng mahigit na 400 sundalo ng kaaway at mahigit na 30 sasakyang pangkalupaypid sa kabundukan na pakikipagsagupaan laban sa mga kampanya ng "pangungubkob at panunupil" na inilunsad ng kaaway sa tatlong probinsya sa Kabikolan.

Ang isa sa mga seryoso at mga baseng lugar na lumalaganap na sa buong kapaligiran ng mga bukirin ng Taylandia ay patuloy na pinalalaki at pinatitibay sa pamamagitan ng mga wastong linyang pampulitika at militar ng Partido Komunista ng Taylandia sa pamamatnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung na iniuugnay sa praktika ng rebolusyon ng Taylandia.

Sa kabuuang pagpapairal ng patakaran ng Partido sa pagtitiwala sa mga masa at pagtitiwala sa sarili, pagpupunyagi, ang maraming kahirapan ay napangibabawan ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Taylandia, na itinatag sa pamamagitan ng pusposang pagpupunyagi ng Partido Komunista ng Taylandia at pinalaya na nagtatag nitong Dagong Taon pa lamang, at nagapi nito ang malakihang mga kampanya sa "pangungubkob at panunupil" na inilunsad ng kaaway at nagkamit ng higit na marami pang tagumpay. Sa kabila ng superyoridad sa bilang at kagamitan ng mga sundalo ng imperyalistang Amerikano at mga reaksiyonaryo ng Taylandia, laging napananatili ang sandatahang lakas ng mga mamamayan ang kanyang inisyatibo at laging nangunguna sa larangan ng digmaan.

Batay sa kabuuang pagpupunaw ng masa, nagpasila ang sandatahang lakas ng mga mamamayan ng marami nasasandatahang pangkat ng propaganda at pagkawa upan, tumungo sa loob ng mga malayong bukirin, ibunyag nito sa maraming kapariahan sa harap ng mga nagsasaka ang kriminal na paghahari ng imperyalistang Amerikano at mga reaksiyonaryo ng Taylandia, pamunuan at tangkilikin ang pakikibaka ng mga nagsasaka laban sa mga traidor at lokal na despota at organisahin at sandatahan ang mga nagsasaka sa takbo ng mabangis na pakikibaka.

Sa pagtangkilik ng malawak na masa, lalung-lalo na ng mga nagsasaka, nabilis na lumaki ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa pamamagitan ng pagtatag ng pakikidigma sa pamamagitan ng pakikidigma, ng palagiang paglalagom ng karanasan, pagpapataas ng kamulatang pampulitika at ng pangunguna estratehiko at pantaktika nito at ng pagsasandata sa sarili sa pamamagitan ng mga armas na nasamsam sa kaaway.

Ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ng Taylandia na pinamumunuan ng wastong Partido Komunista ng Taylandia ay nagbibigay halimbawa sa mga nasaping mamamayan ng daigdig kung paano mapangibabawan ang iba't-ibang sagabal sa landas ng rebolusyon at nang sa huli ay maibagsak ang kriminal na paghahari ng imperyalista at katutubong reaksiyonaryo at makamit ang ganap na kalayaan pagkatapos ng isang mahaba at matatag na pakikibaka.

• • •

LUMULUBHA SA MALAYA ANG KRISIS PARA SA IMPERYALISMONG AMERIKANO AT INGLES

Sa isang walang-biseang pagtatangka upang mailigtas ang pagiray-giray na pamamahala nito, ang papet na pangkat Rahman ay naglunsad ng isang pasista at soviniestang kampanya ng panankot laban sa mga mamamayan ng iba't-ibang nasyonalidad sa Malaya.

Isinasagawa ng papet na pangkat Rahman ang kampanyang ito ng panankot matapos dumanas ng malubhang pagkatalo ng reaksiyonaryong Alliance Party nito sa nakaraang halalang parliyamentaryo.

Sa lalo ng galit sa pagkatalo sa halalan, ang papet na pangkat Rahman ay nagpadala ng mga maton at tropa upang salakayin ang mga pagdiriwang ng tagumpay na isinagawa ng mga mamamayan.

Sa layuning pigilin ang "nagsusulputang rasyal", ang papet na pangkat Rahman ay nagsagawa ng unang insidente ng pamamaslang sa Kuala Lumpur sa araw ng ika-13 ng Mayo. Mga katulad nitong pangyayari ang sumunod sa Malacca at Penang. Daan-daan katao ang pinaslang ng mga tropa at pulisya sa mga sunud-sunod na mga araw. Di-mabilang na mamamayan ang nasugatan at libu-libo ang dinakip. Ang mga tahanan at maliit na negosyo ng sampu-sampong libong katao ang dinambong at sinunog. Tulad ng mga lumipas, isinumbro ng pangkat Rahman ang mga atake nito sa mga mamamayang Malayo na may lahing Tsino.

Ang papet na pangkat Rahman ay gumagamit ng mga pangkaraniwang pakana ng mga mamamatay pasista sa Timog-Silangang Asya ng paghahasik ng galit sa mga lahing Tsino upang maiwalay ang pansin mula sa mga imperyalista at mapalantili ang reaksiyonaryong paghahari nito sa pamamagitan ng paggamit ng mga mamamatay pasista.

Ang papet na pangkat Rahman ay umasa sa kabila ng kahinaan nito na hati-hatian ang pamahalang pagkakaisa at ilihis ang umaalsang mapagpalayang pakikibaka ng Malayo laban sa imperyalismong Amerikano at Ingles. Ang anti-demokratikong pagmamalabis ng papet na pangkat Rahman ay lalong nagpaalab sa mga damdamin ng Malayo. Matapos ang kanyang uhaw-sa-dugong talumpati sa telebisyon noong ika-16 ng Mayo, na nagtangkang gumatong sa antagonismong rasyal at di-makatotohanang ibinintang sa mga mamamayang may lahing Tsino, ang kanyang "opisyal na tirahan" ay sinalakay ng mga mamamayan.

Sa pagsuspendi ng parlamento at sa pagtatangkang ipawalang-saysay ang resulta ng halalan sa pamamagitan ng lakas ng sandata, ang papet na pangkat Rahman ay pumipilit sa mga mamamayang Malayo upang maglunsad ng sandatahang pakikibaka. Ang sandatahang pakikibakang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Malaya ay sumisidhi.

Ang rasyalistang pananakot na anti-Tsino sa Malaya, tulad nang sa Indonesia, ay nagbibigay ng areal sa mga Pilipinong may lahing Tsino at mga Tsinong nasyonal sa Pilipinas. Kinakailangang ibanda nila ang kanilang sarili sa panahong sadyain ng mga katutubong reaksiyonaryo na ilihis ang umaalsang kilusan laban sa imperyalismong Amerikano at katutubong reaksiyon sa pamamagitan ng paglikha ng historya na anti-Tsino, anti-Tsina, anti-Komunista at anti-mamamayan. Kinakailangan nilang magbuklod-buklod at pumanig sa mga puwersa ng pambansang pagpapalaya at demokrasya ng bayan laban sa imperyalismong Amerikano, nakabagong rebisyonismo at reaksiyon.

• • •

SANDATAHANG PAKIKIBAKA INILUNSAD NG MGA REBOLUSYONARYONG MAMAMAYAN NG INDIYA

Kamanghha-mangha ang mga tagumpay na nakakamit ng mga rebolusyonaryong Komunista at mga rebolusyonaryong mamamayan ng Indiya sa kanilang pakikibaka laban sa daan-daang taong makahayup na paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang Partido Komunistang Indiyo na nagsasandatahan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tse-tung ay naglunsad ng pakikibaka laban sa rebisyonista sa loob ng Partido na tumatahak sa "landas ng parliyamentarismo" na binigyan ng papuri at suporta ng baitong sa kasamaan na si Khrushchev at ng taksil at nakatagong traidor at oskirol na si Liu Shao-chi, at sinimulan ang pagtahak sa rebolusyonaryong landas ng sandatahang pakikibaka. Sa paglalagom ng mga karanasan at aral na nakamtan sa pakikibaka ng mga magsasaka ng Naxalbari noong 1967, lalung naunawaan nila ang dakilang katotohanang itinuro ng tagapanguluong Mao na "ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa baril".

Ipinakita ng mga rebolusyonaryong komunistang Indiyo na ang isa sa mga duhilan ng pansamantalang pagkakapi sa pakikibakang Naxalbari ay ang

"hindi pagkakaroon ng isang Partidong nasasandatahan ng teorya ng Marxismo-Leninismo at ng pinakamataas na kaunlaran nito sa kasalukuyang panahon, ang Kaisipang Mao Tsetung, na nakaugnay nang malapit sa mga masa, na hindi natatakot sa pagpupuna sa sarili at nakasanayan na ang Marxista-Leninistang estilo ng pagawa".

Isa pang mahalagang usapin naipalitaw ng mga rebolusyonaryong komunistang Indiyo ay yaong nauukol sa pagkakaroon ng pananalig at pagtiwala sa mga masa at ang lubos na pagputaw sa masa batay sa tesis ng Tagapangulong Mao sa "paglilingkod sa mga mamamayan nang taos-puso". Ipinakita ng mga rebolusyonaryong Indiyo na sa pagsasandata lamang ng mga magsasaka, pagtatatag ng mga pangkat ng gerilya at ng isang nasasandatahang puwersang regular at pagtatayo ng mga pinalayang purok sa Indiya, maaring ibagsak ang kapangyarihang pampulitika ng burukratang burgesyang komprador at ng mga panginoon sa lupa at maaring itayo ang bagong kapangyarihang pampulitika.

Pagkalipas ng karanasan sa Naxalbari, ang mga Komunistang rebolusyonaryo at ang mga mamamayang rebolusyonaryo ng Indiya ay nagkamit, at magkakamit pa rin nang lalo pang marami at malalaking tagumpay. Ang lagablab ng pakikibakang pang-magsasaka ay kumalat na sa mga taong-burol sa Distrito ng Srikakulam, Estado ng Andhra, sa mga kapatagan at mga bayuyang purok at ang kanugnog na Estado ng Orissa, sa Estado ng Bihar, Uttar Pradesh at sa Estado ng Kerala at sa 30 mga purok pang kung saan sunud-sunod na nakakamit ng tagumpay.

Sa ilalim ng pamumuno ng rebolusyonaryong komunistang Indiyo, ang mga rebolusyonaryong magsasaka sa mga nabanggit na lugar ay nagiting na nagbigay ng mga nakamatay na dagok sa mga reaksiyonaryong tropa at pulis ng mga asendero, muling inagaw ang malalaking lupain at kinumpiska ang mga hayop at nakamkam na palay nito, pinagbuklod ang mga taong-bukid sa mga komite ng mga magsasaka at nagtayo ng mga pasimulang rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika at winasak ang kapangyarihan ng mga panginoon ng lupa.

Nagiging na ivinawagayway ng mga rebolusyonaryong komunistang Indiyo at mga rebolusyonaryong mamamayan ang dakilang pulang bandila ng Kaisipang Mao Tsetung para sa pakikibaka sa pagpapalaya ng mga mamamayang Indiyo upang ibagsak ang reaksiyonaryong paghahari na naglulunsad ng kontra-rebolusyonaryong karahasan habang hipokritong ipinagmamalaki ang kanyang "doktrina ng pagtatanggol sa karahasan".

• • •

KATAKSILAN NG REBISYONISMONG SOBYET SA INDONESIA

Ang pinakamakasindak na kontra-rebolusyonaryong krimen sa Timog-Silangang Asya ng mga bagong tsar ng Kremlin ay ang pag-aarmas nito sa mga reaksiyonaryo sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya ng malakihang kantidad ng mga sandata at iba pang kagamitang militar upang tulungan silang puksain ng buong bangis ang rebolusyonaryong nasasandatahang pakikibaka ng mga mamamayan.

Ang tuksil na rebisyonistang pangkat Sobyet ay nagbigay na sa mga reaksiyonaryong tropa ng Indonesya ng mga sandatang nagkakahalaga ng 1,200 milyong dolyar Amerikano, na higit na malaki sa ibinigay ng imperyalismong Amerikano. Ibinunyag na 90 bahagdan ng mga sasakyang pangkaragatan ng Indonesya at kalahati ng kanyang mga sasakyang panghimpapawid ay galing Sobyet. Karagdagan pa sa mga sasakyang panghimpapawid at mga kagamitang pangdarangan na ginagamit ng reaksiyonaryong Indones sa kanilang kontra-rebolusyonaryong kampanyang "pangungubkob at panunupil" laban sa sandatahang lakas ng bayan sa Kanlurang Kalimantan at iba pang mga lugar ay nanggaling sa mga arsenal ng rebisyonistang Sobyet. Sa mga huling araw ng 1968, mga sandatang ginamit sa "pagsasanay ng bagong tipo ng infantry", na itinatag ng mga reaksiyonaryong awtoridad militar sa mga lalawigang Indones upang puksain ang sandatahang lakas ng bayan, ay ibinigay ng magkaanib na imperyalismong Amerikano at rebisyonismong Sobyet.

Higit pa rito, upang makatiyak ng mabisang paggamit ng mga sandatang kanilang Unyong Sobyet, ang taksil na rebisyonistang pangkat Sobyet ay nagpadala sa mga reaksiyonaryong Indones ng mga "dalubhasa sa militar upang bigyan sila ng pasanaynay na tekniko". Nagbanay din ito ng malaking bilang ng mga kadrong militar na Indones sa Unyong Sobyet nang walang bayad para sa pasistang hunta militar ni Suharto upang ganitin sa pagsupil ng sandatahang lakas ng bayan. Paulit-ulit pa rin itong nagpapadala ng mga tauhang militar sa mga larangan ng mga kampanyang kontra-rebolusyonaryong "pagsugpo at panunupil" na itinatanghal ng pasistang militar na pamahalaang Indones laban sa sandatahang lakas ng bayan. Inilagay ng mga tauhang militar na Sobyet ang kanilang kasalanan sa kamay ng mga reaksiyonaryong Indones at nagpumilit na pag-ibayuhin ang kanilang kalooban. Ang journal na Japones Research in Military Affairs ay nagbunyag na: "Ang mga pangkat na anti-gerilya ng pamahalaang Suharto ay sinanay ng Unyong Sobyet.....May mga opisyal na may matataas na katungkulan sa sandatahang lakas ng Unyong Sobyet-na iniatasan sa mga misyon sa Silangang Java upang bigyang tangkilik ang mga napanupil na operasyon laban sa mga gerilya".

Noong Hulyo, sa panahon ng tinipon ng pasistang pamahalaang militar na Indones ang mga mabangis na puwersa nitong sinandatahan ng Unyong Sobyet upang "lubkubin at supilin" ang sandatahang lakas ng bayan ng Silangang Java, ang taksil na rebisyonistang pangkat Sobyet ay lumagda ng pakikipagkasundo sa pamahalaang ito upang magkaroon ng mga "pagtitibay" na ipagpaliban ang kabayaran sa mga pagkakautang ng sandatang Sobyet. Sa ganitong paraan, maaaliw—tinangkilik nito ang kriminal na panunupil ng pamamahalang ito laban sa sandatahang lakas ng bayan.

• • •

SUMUSULONG ANG PAKIKIBAKA NG MGA MAMAMAYANG PALISTEO

Ang Pamahuguton ng Sandatahang Pakikibakang Palisteo ay naglabas ng isang pahayag na nag-uulat na noong Mayo ang kumandong puwersang "Al Assifa", ang Mapagpalayang Lakas ng Bayan, ang mga puwersang "Al Saeqa", at ang mga puwersa ng Demokratikong Prente Popular para sa Pagpapalaya ng Palisteo ay naglunsad ng 208 na paglusob laban sa mga mananalakay na Israeli.

Sa panahong it ang mga puwersang kumandong Palisteo ay umatake o nagwasak sa 132 bunker at puesto, pinasabog ang anim na ammunition depot, 63 puesto ng artillery at machinegun at 144 sasakyang militar. Winasak din nila ang tatlong pagawaang Israeli at walong tulay.

Upang ang sandatahang pakikibaka ng mga mamamayang Palisteo laban sa Sayonismo ng Israel ay sumisidhi, ang apat na bansang-lakas, ang Estados Unidos, Unyong Sobyet, Pransiya at Gran Bretanya sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan ay patuloy na nag-uusap sa Nueba York at gumagawa ng maneobra upang pigilin ito sa pamamagitan ng pagbabalangkas ng isang "mapayapang solusyon" o "kasunduang pampulitika".

Kagyat ang pagtugon ng mga rebolusyonaryong mamamayang Arabo sa naruming pakahang ito ng imperyalismo. Tinutulan nila ito bilang isang bagay na hindi nalalayo sa mga nakaraang pakana, tulad ng mga "resolusyon" ng United Nations, ng "pormula" ng imperyalismong Amerikano, ng "plano" ng rebisyonismong Sobyet at ng mga "misyon" ng sugo ng U. N. na si Jarring na lahat ay sadyang gawing legal ang Sayonistang pananalakay at ang pagpapanatili ng mga interes na imperyalista ng apat na bansang lakas sa Gitnang Silangan, lalung-lalo na yaong may kinalaman sa langis at sa paggamit ng Suez Canal.

Noong ika-5 ng Hunyo, 1967, ang mga Sayonistang puwersa ng pananalakay, na sinusuportahan ng imperyalismong Amerikano, ay lumusob sa mga bansang Arabe at inagaw ang 65,000 kilometro kuwadrado ng teritoryong Arabo upang palawakin ang Israel. Mula noon, ang digmaang pagtatanggol ng Arabo ay tumindi sa panununo ng rebolusyonaryong pakikibakang Palisteo.

Ang mga sandatahang mandirigma ng Palisteya, na nagsimula sa iisang machingun at 30 granada noong 1967, ay naging isang malakas na puwersa.

Ang-ea-ang ng isa pamang rebolusyonaryong Palisteo ang nagbuklod-buklod upang maglunsad ng sandatahang pakikibaka at napakilos din nila ang mga rebolusyonaryong mamamayang Arabe na magbuklod-buklod laban sa Sayonismong Israeli, imperyalismong Amerikano at iba pang puwersang imperyalista, imperyalismong sosyal na rebisyonistang Sobyet at mga katutubong reaksiyonaryong Arabe. Sa kanilang pakikitunco sa ibang mga bansang Arabe, pinagsama ng mga rebolusyonaryong mamamayang Palisteo ang pakikipagkaisa at pakikibaka sa mga ibang partido at mga tao na may matatag na katungkulan sa pamahalaan na may labis na pagbibigay sa mga modernong sandata at may hilig ding magbigay-daan ba mga nunciani para sa kompromiso na binabalangkas ng imperyalismong Amerikano, sosyal na imperyalismong Sobyet, imperyalismong Ingles at imperyalismong Frances sa loob at labas ng United Nations.

Dunud-sunod na tinutuligsa ng apat na bansang-lakas ang tema ng anihilasyong nukleyar upang pigilin o pahinain ang sandatahang pakikibakang Palisteo. Hanggang sa mga pandaling ito, magiting na linalabanan ng lahat ng mga mamamayang Arabe ang panunakot na ito ukol sa bomba nukleyar.

Ang mga rebolusyonaryong mamamayang Palisteo ay matatag na naniniwalang na ang tao ay higit na mahalaga kaysa anumang modernong sandata. Dahil sa nasasandatahan sila ng Kaisipang Mao Tsetung, malinaw nilang nakikita na ang Sayonismong Israeli ay ikinalat ang sarili nang labis-labis bilang bunga ng pananalakay na rin nito at ito'y naging lubhang mahina dahil sa napakalaking badget militar at kakulangan ng kawal. Ang isang daang milyong mamamayang Arabe ay nagkaroon lahat ng oras at pagkakataon upang maglunsad ng isang pangmatagalang rebolusyonaryong digmang bayan laban sa kontra-rebolusyonaryong digmaan ng pananalakay ng Sayonismo at imperyalismo sa Gitnang Silangan.

• • • •

MGA MILITANTENG ESTUDYANTENG AMERIKANO LUMAHOK SA PAKIKIBAKA NG MGA MANGGAGAWA SA ESTADOS UNIDOS

Isang bagong daluyong ng progresibong kilusang mga mga estudyante sa Estados Unidos ang umahon nang ang malakihang bilang ng mga estudyanteng Amerikano ay nagsimulang iugnay ang kanilang pakikipagtunggali sa pakikipagtunggali ng mga manggagawa. Ibang-iba sa mga nakaraang taon, ang ulo ng sulatay ay nakapuntirya sa mga reaksiyonaryong patakaran ng pangkat ng monopolyong kapitalistang Amerikano. Ibinunyag ng libu-libong mga estudyantong Apro-Amerikano, kasalinsabay ng kanilang mga puting kasamahan, ang katotohanan tungkol sa pagsasamantala ng mga unibersidad bilang mga kasangkapan ng imperyalistang pananalakay at pandirigma ng Estados Unidos sa mga ibayong bansa. Inilantad pa rin ng mga estudyante ang burlok na kapitalistang sistema ng edukasyon at ang patakaran ng diskriminasyong rasyal.

Kahit ang mga estudyante ng Harvard University, na itinuturing na "malayo sa mga rebelyong dumaan sa mga kampus ng buong bansa", ay sumama na sa mga estudyante ng Columbia, Princeton, Cornell at doce-dosena pang mga pamantasan, kolehiyo at matataas na paaralan sa buong bansa upang ilantad ang kabulukan ng sistemang edukasyong Amerikano.

Ang isang natatanging pagpapatunay kung gaano tumindi ang mga kontradiksyon ng uri sa Estados Unidos at kung gaano naging mapagmatyag ang mga progresibong estudyante sa pagbaluk-k mga sandata ng mga estudyantong Apro-Amerikanong lubhang naaapi at ang matatag na pagtangkilik na tinatanggap nila mula sa mga estudyantong puti at mula sa mga manggagawa nang walang pagsasadalang-alang ng kulay. Kasalinsabay nito, maraming mga estudyantong humihinto ng pag-aaral upang tumulong sa mga aklasan ng mga manggagawa upang mabigyang unang-turan sa pakikipagtunggali ng mga manggagawa. Sa ibang mga lugar, kung ang mga aklasan ng mga manggagawa ay di-makatarungang sinusupil sa pamamagitan ng mga aksiyun sa husgado, ang mga progresibong estudyante ay nagbubuo ng pikot sa harap ng m,d korte at nagkakalat ng mga polyeto upang tangkilikin ang pakikibaka ng mga manggagawa. Sa kabilang dako, sa isang natatanging kaso, binigyan ng pagtangkilik ng mga manggagawa sa San Francisco ang mga nag-aklasang estudyante sa San Francisco State College.

Sa lahat ng mga demonstrasyon ng mga estudyante, ang mapanupil na bisig ng reaksiyonaryong pamahalaang Amerikano, na ang pinakahari ay si Nixon, ay gumagamit upang supilin ang mga estudyante. Malakihang bilang ng mga progresibong estudyante ang binubugbog at hinuhuli ng reaksiyonaryong pulisya. Ngunit ang mga militanteng estudyante ay hindi natatakot at ipinakikita nila ang kanilang pagkamapagmatyag sa pamamagitan ng kanilang pagsasanda ta sa sarili ng mga riple, shotgun, palakol at sibat.

Ang malaking pamumupil sa mga estudyante ng reaksiyonaryong pamahalaan ng Estados Unidos ay lalong magpapalakas lamang sa mga estudyanteng Amerikano sa kanilang sakatarungang pakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan at para sa karapatang ng mga uring nasapi sa Estados Unidos.

Sinabi ng Tagapanguloong Mao: "Ang kilusang ng mga estudyante ay kabahagi ng buong kilusan ng mga mamamayan. Ang pagsulong ng kilusan ng estudyante ay di-sasalang nagtutulak sa pagsulong ng buong kilusan ng mga mamamayan". Maliwanag na naipakikita ng mga progresibong estudyantong Amerikano ang katotohanan ng dakilang pangungusap na ito.

* * *

WASTUHIN ANG MGA KAMALIAN AT MULING BUUIN ANG PARTIDO

IV

[illegible]

A. Mga Kahinaan sa Ideolohiya

Ang pangunahing kahinaang pang-ideolohiya ng nakaraang mga liderato ng Partido Komunista ng Pilipinas ay suhetibismo na lumabas sa hugis ng dogmatismo at empirisismo at mangbunga ng mga linyang Deretsista at "Iskiyerdistang" oportunismo. Ang Pilipinas sa kanyang pagiging mala-poudal at malakolonyal na bansa, ay may malawak na peti-burgesya na siyang nagsisilbing sandigang panlipunanyahan at pangsosyal ng suhetibismo. Sapagka't ang Partido ay mabubuhay sa ganitong tipo ng lipunan, ito ay maaaring mabahiran ng mga suhetibismong agos na nagmumula sa labas o sa loob, kung ito ay hindi mapapatnubay at maingat sa Marxista-Leninistang pang-ideolohiyang pagbubuo na siyang unang-unang pangangailangan sa pagbubuo ng Partido.

Ang Partido ay maaaring mapasok ng malaking bilang ng mga kasapi na may-pananaw na peti-burges at burges, mga kasapi na hindi nabago ang pananaw pandaigdig at paraan ng pag-iisip nang ayon sa Marxismo-Leninismo at hindi napagsama ang rebolusyonaryong praktika sa diyalektikong materialismo at materialismong historiko.

Bagamat ang mga naunang kasapi ng Partido ay nagmula sa uring proletaryo na kinatawan ni Kasamang Crisanto Evangelista, ang liderato ng Partido ay nagkamali sa pagbibigay nito ng malaking pagtitiwala sa bukas, legal at parliyamentaryo at panglunsod na gawaing pampolitika na nagbigay daan sa pagkaparalisado ng Partido Komunista ng Pilipinas matapos itong ginawang ilegal ng reaksiyonaryong pamahalaan ilang buwan lamang matapos na ito ay matatag. Isang mapanghimagsik at lubusang proletaryong pananaw pandaigdig sana'y nakapagpaliwanag sa Partido ng kakayahan na makilala ang diyalektiko ng buong situasyon ng Pilipinas, gumamit ng isang tumpak na pamamaraang legal at ilegal na pakikibaka at maiwasan ang malaking kasawian na naranasan ng Partido nang ito ay wala pang sapat na karanasan.

Subalit noong mga 1939, nang ang Partido ay pinagbabawal pa ng uring kaaway nito, ang malaking bilang ng mga kasapi ng Partido na nagbuhat sa uring peti-burges ay pumasok sa loob ng lihim na Partido na napagkaitan ng isang tiyak na sentral na liderato at nagsikap na ipagpatuloy ang gawaing pampulitika, taglay ang kanilang di-nababagong mga kaisipang peti-burges at burges. Sa timon ng mga peti-burges na elementong ito sa loob ng Partido ay yaong mga labis na naimpluwensiyahan ng empirisista at Deretsistang opportunistang agos ng Browderismo. Sa panahong ito, ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Partido Komunista ng Estados Unidos ay malapit na magsasama; at sa ilalim ng Komunistang Internasyonal, tinutulungan ng huli ang una sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga kadre na katulad ni Dr. Vicente Lava na naging kanilang nangungunang kinatawan ay ipagpapatuloy ang gawaing pampartido.

Ang suhetibisnong tipong empirisista ay ipinamalas ng mga pangunahing patakarang pampulitika at pangyayari tulad ng prinsipal na pagpapahalaga na inilukol sa panglunsod na gawaing paspartido bago sumiklab ang digmaang Pasipiko; ang pagpipisan ng Partido Sosyalista at ng Partido Komunista na nagpalaki nang artipisyal sa bilang ng mga kasapi ng huli at ang Deretsistang preambulo sa Saligang Batas; kapitulasyonismo sa imperyalismong Amerikano at sa pamahalaang Commonwealth; kawalan ng planong ilipat ang kinapilan ng Partido mula sa lunsod patungo sa bukirin; ang linyang anti-Hapones lamang sa panahon ng digmaan; at ang paglilipat ng mga sentral na organo ng Partido sa lunsod matapos ang digmaang anti-Hapones at ang kayagang Deretsistang oportunistang mga patakaran ni Vicente Lava, Jorge Primicias at Pedro Castro noong mga taong 1945-58.

Ang empirisismo ay sumisibol sa estatikong pagsusuliit sa mga demokratikong puwersa ng bayan at sa estatikong labis na pagpapalaki sa lakas ng kaaway. Ang gawaing pampartido ay dinidikta ng mga pagkilos ng kaaway sa halip na ibang diyalektikong pagkunawa ng kalagayan at ng pagtitimbang-timbang ng mga puwersa. Ang rebolusyonaryong inisiyatibo ay nawawala dahilan sa anti-pyudal, anti-imperyalista at anti-pasistang pakikibaka.

Kaya, nariyan ang labis na pag-ukol ng pansin sa panglunsod na gawaing pampulitika dahilan sa suhetibistang at oportunistang pagsusuri na makipagpaligsahan o makipagsabwatan sa mga burges na partido at grupo at magsakaanib humingi ng kapayapaan at demokrasya mula sa imperyalistang Amerikano at reaksiyonaryo sa kanilang sariling panglunsod na balwarte. Ang rebolusyonaryong inisiyatibo ng proletaryado sa bukirin, na kinaroroonan ng kanyang pangunahing kalyado, ang uring magsasaka, at ang pinakamalawak na lugar para sa pagmamaniobra, ay minamaliit. Nariyan din ang personal na pagmamabang peti-burges na dalasap ang mga kaluwagan at prestihiyo ng buhay sa lunsod.

Subalit, nariyan ang kabilang mukha ng bagol na suhetibismo. Sa pagitan ng 1948 at 1954, ang suhetibismo na tipong dogmatista ay sumibol sa ilalim ng lideratong Jose Lava at pahapyaw sa ilalim ng lideratong Jesus Lava. Sa organisasyon, ito ay tumubo sa labis na pagpapalaki sa mga demokratikong puwersa ng bayan at sa labis na pagsusuliit sa lakas ng kaaway, nang hindi na isinasaalang-alang ang napagtiyagang kaparaanan ng isang pangmatagalang digmaang bayan. Sa ilalim ng lideratong Jose Lava, tinanbak ang estratehikong linya na ang Partido ay tiyak na makaagaw ng kapangyarihan sa loob ng dalawang taon. Hindi nito kinuring nang lubos ang pangangailangan ng isang tapat at matagalang kaparaanan ng pagbubuo ng Partido, pagbubuo ng isang hukbo ng bayan at ang pagbubuo ng isang rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang hanay.

Ang suhetibismo na tipong dogmatista na kinatawan ng lideratong Jose Lava ay nahilig sumanib ng mga salitang walang kaugnayan sa buong batayang situasyon. Ito ay estilo ng pangguguliat sa ilang kasama ng kaalaman galing sa aklat at ilang sinasabing tanging kaalaman ukol sa kalagayang pandaigdig at ukol sa "inner circles" ng kaaway. Batay dito, ang liderato ay gumawa ng mga desisyong nagpapal sa Partido at musa nang higit sa kanilang kakayahan at pag-unawa sa isang partikular na panahon. Ito ay hindi nagbigay halaga sa mapagtiyagang gawaing pagpapakilos ng masa sa pagpapaunlad ng isang digmaang bayan.

Sa kabilang panig, ang suhetibismong tipong empirisista na kinatawan ng lideratong Vicente Lava at Jesus Lava ay ginahis ng superyoridad militar ng kaaway. Ang mga liderato ng ito ay nagsitahak sa linya ng pasibismo sa estratehiya man o sa taktika. Hindi nila nakita ang posibilidad ng pagbabago ng puwersa ng rebolusyon sa ilalim ng proletaryong rebolusyonaryong simulain at patakaran na tunguk na maisasagawa batay sa mga batas pangloob ng pagbabago ng kasaysayang Pilipino at lipunang Pilipino. Mahatak na lamang sila sa agos ng pagkagapi nang hindi nagsikap na maagaw ang rebolusyonaryong pagkukusa.

Ang empirisismo at dogmatismo ay dalawang mukha ng isang peti-burges na bagol. Ang isang pagpapakot ng bagol na ito ay nagpapakita nang bigla sa mukhang ito o sa mukhang iyon. Ang suhetibistang kamalian ng liderato Vicente Lava at Jose Lava, empirisismo at dogmatismo, ay parehong napapaloob sa iisang peti-burges na bagol. Sila ay nagkatulad din na maka-burges na anyo ng suhetibismo na nagpahirap sa Partido at gumawa ng kaguluhan sa kasaysayan ng ating Partido.

Ang pagbabatid sa dogmatismo mula sa empirisismo at sa empirisismo mula sa dogmatismo ay karaniwan lamang doon sa mga nagtatanggol ng peti-burges na pananaw pandaigdig. Gayunman, kapag ang isa ay prinsipal na aspekto ng isang paniniwalang suhetibista, ang iba ay nakatakdang maging pangalawang aspekto at ang pangalawang aspekto ay magiging prinsipal na aspekto sa iba pang panahon. Iyan ang diyalektikong pag-uugnayan ng empirisismo at dogmatismo. Ang mga kasama ay hindi dapat na magtaka kung bakit sa ilalim ng

Ang kaibahan ng dogmatista ay kayrong mga pangyayari ng empirisismo; dn. Ngayon, ay katulad ng dogmatismo at empirisismo ay ang pagsamit ng mga iyo ng mahirap at di-sapat na karanasan bilang batayan ng mga pangkalahatang rebolusyonaryong desisyon. Gayundin, ang mga kasama ay hindi dapat na magtaka kung ang isang liderato na may iisang oryentasyong peti-burges ay babalikbad sa dogmatismo mula sa empirisismo at pabalikbad muli sa empirisismo, at ganito pa o gunoon. Ang lahat ng mga suhetibista ay nabibigong unawain ang mga batas ng diyalektikong pag-unlad at kung kaya't sila ay di-matatag at pabigla-bigla.

Noong 1971, ang lideratong Jesus Lava ay ipinagpatuloy ang dogmatistang linya ng lideratong Jose Lava. Ngunit, nakaraan ang ilan pang mga taon, ang suhetibismo na tipong empirisista ay nagsimulang pangibabawan ang lideratong Jesus Lava dahilan sa mga pagkatalong militar. Nakaraan ito, ang lideratong Jesus Lava ay nagsimulang minalaki ang lakas ng kaaway at nagtaguyod sa parliyamentaryong pakikibaka bilang pangunahing hugis ng pakikibaka, tinalikdan ang buklurin at pagkuwe'y ginamit ang tinaguriang pataliarang "isahang-pila" batay sa kanyang nakitid na karanasang indibiduwal.

Sa pagiging ng suhetibistang liderato Vicente Lava, Jose Lava at Jesus Lava, nasasabi natin na ang pangunahing sakit na peti-burges na ideolohiya ng Partido Komunista ng Pilipinas ay ang Lavaismo. Ito ang rebisyonismo sa Pilipinas at sa kaibuturan'y ito ang kabiguang maunawaan ang rebolusyonaryong katotohanang proletaryo at ganitin ito sa mga kongkretong kondisyon ng bayang Pilipino. Ang Lavaismo ay nagpahirap sa Partido Komunista ng Pilipinas sa mahigit na tatlumpong taon; ito ay pinatutunayan ng katotohanan na ang Partido Komunista ng Pilipinas ay mahina pa rin sa kabila ng maraming taon na nitong pagkabuhay. Bagamat nakilala ang mga kahalagan, pangunahin ng bawat liderato Lava matapos na maibunyag ang napakalaking kaguluhan, hindi nagsagawa ng lubusang kilusan pa pagwawasto upang maibunyag at mawasto ang mga batayang kamalian sa ideolohiya. Sa kabila ng katotohanang ang suhetibismo ni Vicente Lava na ipinahayag ng kanyang pakikipag "umurong para magtanggol" ay nagdulot ng malaking pinsala sa Partido, walang kasuhod na kilusan sa pagwawasto na maaaring makapigil sa mga Deretsistang oportunistang kamalian ng mga susunod na taon matapos ang digmaan. Gayundin, sa kabila ng mga malubhang kamalian ng liderato Jose Lava, ang kasunod na liderato ay hindi lumahok sa anumang seryosong kilusan sa pagwawasto. Hanggang ngayon, sa kabila ng mga malubhang kamalian ng liderato Jesus Lava at ng mga naunang liderato, mayroon pa ring malakas na pagtutol sa pagwawasto ng mga ito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Kaya sa loob ng mahigit na tatlumpong taon, ang Partido ay nagpasalin-salin mula sa isang kamalian patungo sa panibagong kamalian dahilan sa kawalan ng sistematiko at obhetibong pagsusuri ng ~~bawat~~ kamalian sa ideolohiya, pulitika at organisasyon habang ang bawat kamalian ay nagaganap.

Ang katotohanan na ang liderato ng Partido ay nagpasalin-salin sa kamay ng mga magkakapatid, katrangi-tanging pangyayari sa kabuuang pandaigdigang kilusang komunista, ay isang malaking palatandaan ng suhetibismo na umiral sa loob ng Partido.

Ang Lavaismo ay isang malakihang kareriamo sa loob ng Partido. Isang napangahib na kayusan ang naitatag nang ang mga katungkulan sa Partido ay dinagkaloob sa mga malapit na kamag-anak batay sa pansariling pagtitiwala at kulip na ibatay sa pang-ideolohiya at makatotohanang pagtitiwala ng Partido. Sa ganitong paraan isang mekanikal at mala-aliping artipisyal na mayroon ng laging nakakasangkapan upang ihalal ang mga magkakapatid na Lava bilang mga pangkalahatang kalihim ng Partido sa isang soryo.

Ang kasamaan ng suhetibismo ay patuloy na nagpupumilit sa loob ng Partido, at ito ay dapat na mapuksa. Patuloy pa rin itong lumilitaw sa hugis ng sentimentalismo sa pnaig ng mga datihang kadre na tumanggap ng kanilang pagsasanay pang-ideolohiya mula sa mga nakaraang liderato. Kinikilala nila nang pasentimental ang mga sariling pagpapakasakit ng mga magkakapatid na Lava ngunit kasabay nito ay hindi nila nakikita ang maraming buhay ng mga manggagawa at kadre na ibinuwis sa altar ng mga suhetibistang kamalian at kabiguan at hindi nila nakikita na ang tinatawag na sariling pagpapakasakit ng mga magkakapatid na Lava ay siyang bunga ng kanilang mga suhetibistang kamalian at kabiguan.

Ang sentral na diskusyong ito ay naging isang hadlang sa pagwawasto ng mga pag-ideolohiya, pangpulitika at pang-organisasyong kamalian. Kalalakipan ito ng suhetibistang paghanga para sa mga mataas na titulo ng burgesya at pagtatangkilay ng ilang mga kadre. Ito ay lumilitaw din sa labis na pagbibigay personal para sa nagsipagtanggap ng kanilang pag-aaminang mga ideolohiya mula sa mga Lava at nagtatanggol sa pag-alyon ng mga sunud-sunod na lideratong Lava.

Ang Lavaismong umiral batay sa suhetibismo ay siya ngayong nag-aaruga sa pagyabong ng makabagong rebisyonismo sa Pilipinas. Sapagkat tayo ay nagpasiyang muling buuin ang Partido, dapat nating salungatin nang buong tatag ang Lavaismo at lahat ng mga kamalian ng suhetibismo sa pamamagitan ng isang lubusang kilusang pagwawasto. Sa pagsasagawa ng ganitong kilusan hindi dapat ang mga katuluan ng 'daingdaing' ng Lava ang ating paksa; ang ating paksa ay ang pagwawasto ng mga suhetibistang kamalian. Kung hindi maisasagawa ang kilusang pagwawasto, kung hindi magkakaroon ng pagpapatibay sa ideolohiya ang Partido, ang makabagong rebisyonismo, kung gayon, ay yayabong at papanghinain ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Ang Lavaismo ay magpupumilit na manatili sa loob ng maraming taon sa loob ng Partido dahil sa kawalan ng isang kilusang pagwawasto na ating ipinasiya ngayong gagawin kasunod ng ipinamalas ni Kasamang Mao Tsetung sa loob ng Partido Komunista ng China. Ang isang kilusang pagwawasto sa loob ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang nukleo ng diktadurang proletaryo ay dapat na isagawa sa pamamaraang Marxista-Leninista na katulad ng pagsasagawa ng isang rebolusyong pangkultura sa loob ng isang estadong proletaryo upang bakahin ang Doretsistang oportunismo at makabagong rebisyonismo.

Ang bugis ng suhetibismo na pangunahing nagbibigay katangian sa Lavaismo ay empirisismo. Ang dogmatistang liderato ng Jose Lava at bahagya ang liderato ng Josue Lava ay isang "Iskiyerdistang" interegnum na nagtagal nang walong taon sa sanhigit na tatlumpong taon ng Lavaistang empirisismo ng pangunahing tinaglay ng liderato ng Vicente at Josue Lava. Sa kabuuang pamamahala ng Lavaismo, ang empirisismo ang pangunahing nagbibigay katangian sa pananaw pandaigdig nito; at ang dogmatismo ay punapangalawa. Ang empirisismo sa pilosopiya ay nagbubunga ng Doretsistang oportunismo sa pulitika. Ang empirisismo at Doretsistang oportunismo naman ay nagbibigay ng batayan para sa makabagong rebisyonismo na buong paggupumilit na itinatayo ng mga makabagong burges at rebisyonistang pangkat sa Mosku. Sa kasalukuyan, ang makabagong rebisyonismo ay bigong-bigo sa pagyabong. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay dapat na bakahin ito nang lubusan, lalung ngayon na ang muling pagbubuo ng Partido ay isinasagawa.

B. Mga Kamalian Pampulitika

Ang Doretsista at "Iskiyerdistang" oportunismo ay naisagawa sa kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang mga pampulitikang kamaliang ito ay nagmula sa suhetibistang pananaw pandaigdig. Ang makitid na pananaw pandaigdig na ito ay pinigilan ang Partido sa pagbubuo bilang isang Marxista-Leninistang partido na matibay na nakaugnay sa masa sa isang pambansang saklaw, kumikilos nang may tumpak na estilo at nagsasagawa ng pagpupuna at pagpupuna sa sarili, nagpapatupad ng isang programa ng rebolusyong agrarya sa pamamagitan ng marubdob na sandatahang pakikibaka at gumagamit ng isang pambansang nagkakaisang hanay upang mapalawak ang kanyang impluwensiya at tagtangkilik sa kanyang pakikibaka laban sa imperyalismong Amerikano, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang panglunsod, parliyamentaryo at hayag na katangian ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga unang buwan ng kanyang pag-iral noong 1930 at 1931 ay siyang nagsulot ng mga kapahamakang pampulitika at kahirapan na kanyang dinanas. Sa panahong ito, and liderato ng Partido ay nahirati sa paggamit ng "Iskiyerdistang" longuahe sa harap ng publiko laban sa kabuuang burgesya subalit hindi nagsagawa ng matibsang gawaing ilegal na kasabay ng gawaing legal. Ang teorya ng Kasamang Mao Tsetung tungkol sa bukirin na pumapaligid sa lunsod ay hindi kaagad naunawaan ng kartido.

Ang pagpipinid ng pinto (closed-doorism) ay isang namumukod na katangian ng liderato ng Crisanto Evangelista; ang idoya ng pambansang nagkakaisang hanay ay hindi kaagad nakilala at napagtibay. Ang pang-

...ng ito ay hindi piang-ukulan ng angkop na pansin bilang ...ng kasiyahan ng mga kadre, sapagkat ang ...ido ay nagpo-po...sa hanay ng mga manggagawa. Ukol naman sa pinakamahalagang aliyado ng aring manggagawa, ang uring magsasaka ay hindi kaagad ...ilang pangmatagalang puwersa na dapat imulat at pakilusin ng Partido, maliban sa ...sentro ng mga pampulitikang aktibidad ng Partido ay ...hkit pa noon ang mga prinsipal na lider ng Partido at ...ng mga organisasyon. Ang...nan nito ay mapuntapon sa mga iba't-ibang lalawigan, hindi sila nalat sa kahalagahan ng paghahasik ng mga binhi ng ...demokratikong rebolusyon sa ilalim ng lideratong proletaryo sa ...bukid.

...a pundok ng pangunahing ilegal ng Partido, ang mga kadre na nagbuhat ...lipas, peti-burges ay nakapasok sa Partido at ang kanilang pagpasok ay ...ng kapanahi-panahon sa taong 1935 at sumunod pa. Dahilan sa kanilang ...ulos na peti-burges na katayuan sa lipunan at dahilan sa kakulangan ng ...ga kadre na kumikilos pa hanay ng masa, sa panahong ito nagkaroon ng ...i-partidistang-timbang-timbang ng gawaing pampartido, na nangangahulugan ng ...ahulan ng mga kadre ng Partido sa hanay ng mga magsasaka at manggagawa. ...a mga manggagawa, ang mga kadre ng Partido ay kumikilos nang ...ilegal ay nabibilang sa mga paliri at sa hanay naman ng mga masang nagbu...bukid noon na hanang 1937 na ang lalong kaunti pang mga kadre ng Partido ...y kumikilos nang ilegal sa ilang mga bayan sa Gitnang Luson nang may ...kaunting taguan. Ang Partido Sosyalista ni Pedro Abad Santos, gayunman, ...ang may malawak nguni't mabuway na mga masang kapanalig; ang mangilan-ngilang sosyalistang kadre ay totoong nagbasa ng panitikang Marxista ngunit ...kulang ang sa disiplina ng mga kadrong komunista. Isang bagay ang ...ating matitiyak -- ang lidoratong Crisanto Evangelista ay hindi nagkaroon ng pagkakataon upang magsagawa ng gawaing pampulitika sa hanay ng mga ...agsasaka at nagpaunlad ng ilegal na gawaing pampartido bago ginawang ile...gal ang Partido at ang mga organisasyong pangmasa nito.

...ng pagpipisan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ...noong 1930 ay pa-artipisyal na pinagsama-sama ang malaking bilang ng mga ...nagbasa sa Gitnang Luson, partikular na yaong mga taga-Pampanga, at ang ...a manggagawa sa lungsod na kaagad pinagsikapang pukawin at pakilusin ni ...Crisanto Evangelista sa ilalim ng anti-pasistang Prente Popular. Gayundin ...sa ilalim ng bandilang Prente Popular, ang mga kasapi ng Partido na nag...buhat sa peti-burgesya ay nagsikap na iiapit ang panglunsod na peti-burgesya ...sa Partido sa pamamagitan ng ilang anti-pasistang organisasyon tulad ng ...League for the Defense of Democracy at Civil Liberties Union. Subalit, ang ...prinsipal na gawain ng Partido ay pamuling ibinuhos sa lunsod.

...a pagpipisang ito naging pormalisado ang maitim na linyang burges ...ng reformismo na ipinakita ng Deretsistang pangunguna sa Proklamasyon ng ...Saligang Batas ng Partido, nagsasabing ang Partido'y "ipinagtatanggol ang ...Saligang Batas (ng pansamantang Komonwealth na papet ng Estados Unidos) at ...ang mga karapatang kinabungkit dito..." Ang pagkuha sa mabuting pagtingin ...ni Quezon ng Prente Popular ay pinag-ukulan ng malaking gawain ng mga ...lider ng Partido.

...ng pangangailangan ng pagbabanda at pagpapaunlad ng mga bagong pam...bukid sa harap ng lumalakas panghanib ng pasismo ay hindi naunawaan nang ...lubos ng mga lider ng Partido; at kahit na nabatid ito, hindi nagkaroon ng ...apat na pagbabanda para sa sandatahang pakikibaka. Ang pandaigdigang ...kalagayan ng buong linaw na tumuturo sa tiyak na pagsiklab ng Ikalawang ...Pi...mang Pandigdig ay hindi inuugnay nang lubusan sa kalagayan ng Pi...lipinas. Nagbuhat noong 1930 hanggang 1942, ang mga una at ikalawang linya ...ng Lidorato ay nagkaroon ng prinsipal na kahalagahan ng panglunsod na ...gawain, pampartido ng ang una ay labis na nahumaling sa pagtatanggol ng ...mga "karapatan sibil" nabang minalang bahala ang kahalagahan ng pagbubuo ...ng lakas na hanay ng mga magsasaka sa ilalim ng isang programa ng rebolus...yon, proletaryo. Inuulit na lamang na ang pagpipisan ng Partido Komunista ...ng Pilipinas at ng Partido Sosyalista ay nakapagtitipon ng mga magsasaka ...sa panig ng Partido. Sa ilalim ng bandilang Prente Popular at sa ilalim ...ng pagkunsintidor ng pamahalaang Commonwealth, ang mga nangungunang kadre ...ng Partido ay kumundukto para sa mga takdang pang-eleksiyon laluna sa ...Maynila at karatig-pook at sa ilang mga lalawigan, hindi na sinuri nang ...buong husay kung ano ang prinsipal na gawaing rebolusyonaryo sa bukirin.

Sa pagtatag ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Partido ay nagbigay ng lubos na pagsuporta sa Pangulo ng Komonwelth na si Manuel L. Quezon na manalig sa armas nila sa panahalaang burges; ngunit si Quezon, na batid ang kanyang sariling interes, ay tumanggi sa kabila ng Pronto Popular. Sa halip na lumiko nang pangunahin sa kanyang prinsipyal na gawaing rebolusyonaryo ng pagtutuligsa at pagpapakilos sa masa ng mga magsasaka sa ilalim ng liderato ng uring manggagawa, ang liderato ng Partido ay binigyang pangunahing diin pa ang pangalawa na binubuo ng legal at panglunsod na pagkilos sa ilalim ng bandila ng Pronto Popular. Ito ay nalinlang ng huwad na posibilidad ng pagbibigay ng armas ng papet na pamahalaan na nasa ilalim ng kontrol ng imperyalistang Amerikano.

Nang pagusin ng mga Hapones ang Maynila, ang unang linya ng liderato ay nadalisp sa lunsod at ang iba pang mga kadre sa lunsod ay biglaang tumakas patungo sa iba't-ibang mga lugar sa loob ng Maynila at sa bukirin, wala ni anumang plano ng organisadong pag-urong. Sa bahaging ito, makikita nabik ang kamalian ng Deretsistang oportunismo na yumabong sa loob ng Partido at hindi naging puntirya ng napapunang pagbubunyag at lubus-lubusang kritisismo.

Sayuman, ang liderato ng Partido na naturuan ng kagyat na kalagayan ay nagdaos ng Komperensiya ng Timurong Panggitnang Luson at binuo ang kumiteng sentral noong ika-29 ng Marso, 1942 upang pamunuan ang popular na pagtatanggol laban sa mga mananakop na Hapones at sa kanilang papet na pamahalaan. Ang Bundok ng Arayat ay pinili nilang sentro ng pambansang kilusan sa pagtatanggol at nakaraan ito, pinatunayan ng Hukbo ng Bayan ang kanyang rebolusyonaryong kagitingan at ang pagkamakabayan ng sambayanang Pilipino.

Natapos na matiyak ng mga Hapones na ang Bundok ng Arayat ang siyang kuta-kutaan ng Partido at matapos na mabigo silang gamitin ang mga nadakip na lider ng Partido, tulad ni Pedro Abad Santos at Guillermo Capadocia, para sa isang kampanya ng "kapayapaan at pakikipagkaibigan", ang mga Hapones ay naglunsad ng isang pagsalakay sa Bundok ng Arayat na nagbunga ng pagkadakip sa mga prinsipal na kadre ng Partido at mga kasapi. Matapos ang pananalakay na ito noong Marso, 1943 nang ang lideratong Vicente Lava ay nagpakita ng Deretsistang oportunismo sa pamamagitan ng pagpapatibay sa pataksang "umurong para magtanggol", isang pataksran na nagpasidhi sa agos ng demoralisasyon sa mga masang kapanalig ng Partido sa lugar ng Bundok ng Arayat. Ito ay isang pataksran ng pag-iwas sa sandatahang pakikibaka laban sa kanway o ng pagbawas sa laki ng mga sandatahang pangkat at pagtulak sa Manila na maging pasibo. Si Vicente Lava ay nagpahiwatig na ang kapangyarihang proletaryo ay hindi maitatag sa bukirin habang ang Partido ay hindi pa nahahawakan nang lubos ang lunsod. Ang aktibong pagtatanggol ng masa at ang pagiging impraktikal ng pataksran ang siyang nagbunyag sa kabuluhan nito.

Bagamat idineklara ng Komperensiya sa Bagumbali noong Setyembre, 1944, ang kamalian ng Deretsistang oportunistang pataksran ng "umurong para magtanggol" at nagbunga ng pagdemosyon sa mga Deretsistang oportunista at sa muling pagpupo-grupo ng mga iskwadron ng Huk para sa masidhing pagtatanggol, ang Deretsistang oportunistang kamalian ay hindi naiwasto nang lubos at ang mga Deretsistang oportunista ay nanatiling may malaking sinasabi sa Komite Sentral ng Partido. Higit pa rito, ang mga Sosyalista na automatikong naging mga kasapi ng Partido sa bisa ng pagsipsen noong 1938 ay hindi tinuruan ng tunay na kaalamang Marxista-Leninista ng liderato ng Partido. Ang kapitulasiyonista at taksil na Luis Taruc ay nanatiling pangkalahatang kinatawan ng mga 'sosyalista' na nabigong sumulong sa antas ng mga Marxista-Leninista.

Sa panahon ng sandatahang pakikibaka nakapagwagi ang masa ng tunay na kapangyarihan. Ngunit habang lumulunsad ang mga kawal ng imperyalistang Amerikano upang muling angkinin ang Pilipinas, ang Deretsistang oportunismo ay nanglabas sa loob ng Partido at lumabas ang pangitain na ang mga mamamayan ay patod na sa digmaan at ang Partido ay maaaring magpunyagi para sa katuparan ng kanyang mga simulain sa ilalim ng mga kalagayan ng "kapayapaan at demokrasya" na ipinagkaloob ng imperyalistang Amerikano at mga aliado nito. Ang kalupitan na idinulot ng Military Police, mga Civilian Guards at lahat ng tipo ng mga ahenteng Amerikano laban sa mamamayan at

ang di-makatarungang pagdakip at pagkukulong sa mga prinsipal na lider at kandidato ng Hukbalahap ay hindi sumira sa Deretsistang oportunistang pangitain ng parliyamentaryong burges. Pinahintulutan ng liderato ng Partido ang paglalaro sa mga nakararaming iskwadron ng Hukbalahap at gimawa ang pakunwaring pagsuko ng mga armas. Ang Partido ay nagpasiyang ilipat ba ang sentro ng kanyang aktibidad pampulitika sa lunsod sa ilalim ng bandilang parliyamentaryong burges.

Ang Saligang Batas ng Partido noong 1946 ay patuloy na tinaglay ang pahintulot ng tinyang burges ng rebisyonismo sa pamamagitan ng pagpapahayag sa Artikulo III, Seksiyon 2 nito, "Ang pagsapi o pakikilahok sa mga aktibidad ng sinumang grupo, uri, paksiyon o partido na naglalayon o kumikilos upang wasakin, papanghinain o ibagsak ang demokratikong Saligang Batas ng Pilipinas ay ipagbabawal sa pamamagitan ng nadaliang pagtitiwalag sa Partido."

Samantala noong Mayo, 1948 nang ganapan ng lideratong Jose Lava ang mga sentral na katunggulan, dinanas ng Partido ang kayagang pagbahari ng Deretsistang oportunismo o rebisyonismo. Sa panahong katatapos pa lamang ng digmaan, nangibabaw ang Deretsistang oportunistang impluwensiya ni Vicente Lava, Pedro Castro at Jorge Fricneza. Si Jorge Fricneza ay tinanggal mula sa pinakamahatang kalihiman at itinawalag dahilan sa Deretsismo subalit hindi na sinubukan nagkaroon ng lubus-lubusang kilusang pagwawasto upang puksain ang mga nagpupumilit na ugat ng mga kamalian. Ang lideratong Pedro Castro ay itinakwil din at pinalitan dahilan sa Deretsistang oportunismo at buntot-ismo sa pagtataguyod ng pagpapaunlad ng isang pangmasa at hayag na Partido na inakalang makikilahok lamang sa eleksiyong burges. Ngunit ang mga kamalian ng lideratong ito ay hindi lubusang iwinasto sa ideolohiya at pulitika sa loob ng Partido bagamat gumamit ng mga mahigpit na kaparusahang pang-organisasyon doon sa mga pumanig kay Pedro Castro nang walang pagpapaliwanag sa mga masa na kasapi ng Partido.

Ang pangingibabaw sa liderato ng Partido ng mga kinatawan ni Jose Lava ay hindi sinabayan ng anumang lubusang kilusang pagwawasto. Sinasantala lahang ng lideratong ito ang pagkakataong hihihingi ng Partido at masa na ang sandatahang pakikibaka ay kinakailangan dahilan sa mga naka-pasistang pagsalakay sa mga nayon at sa kenilang halalna kinatawan sa Konggreso na sumalungat sa Bell Trade Act at sa Parity Amendment at hindi pinaliwanag ang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong batayan ng isang pangmatagalang digmaang bayan. Ang lideratong ito ay pa-automatikong umasa ng rebolusyonaryong pagtatagumpay batay sa mga panlabas ng kondisyon tulad ng rebolusyonaryong pagtatagumpay ng mga kapatid na Partido, ng pagbagsak ng ekonomya ng Estados Unidos, at ng isang "naniniwalang" pagsiklab ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig at ng lumalaking pagkakahati-hati sa hanay ng mga lokal na naghaharing uri.

Dahilan sa kawalan ng isang lubus-lubusang kilusang pagwawasto laban sa mga nakaraang Deretsistang oportunistang liderato na isinasagawa bukod sa pang-organisasyong pagtatakwil, ang Deretsistang oportunismo ay nasari pa rin nanatili bilang isang malakas na pang-ilalim na agos o bilang pangkalahatang aspekto ng oportunismo kahit na sa ilalim ng "Iskiyordistang" oportunistang lideratong Jose Lava. Natapos na ito ay pumaibabaw sa liderato ng Partido at tumahak sa linya ng sandatahang pakikibaka, pinahintulutan pa rin nito si Luis Taruc na nakipag-usap sa pamahalaan ni Quirino tungkol sa mga kondisyon ng pagsuko at amnestiya. Ito ay isa pang halimbawa ng isang oportunistang dalawahang linya na higit na sumira sa rebolusyonaryong kalooban ng masa kaysa nakalilang sa kanway. Walang tunay na Marxista-Leninistang liderato ng Partido ang magturing sa anumang alok ng pagsuko at amnestiya buhat sa estadong burges. Ang gawing ito'y kasingkahulugan na ng pagpapatupad sa oportunistang dualismo na nakaliligtaan lamang sa nakikipaglabang masa, magpapasigla sa kapitulasyonismo at magpapahina sa kanway.

Ang lideratong Jose Lava ay nagawa nang pangunahin ang kamalian ng "Iskiyordistang" oportunismo sa pamamagitan ng dogmatikong pagpapalagay na ang mga kanway sa uring proletaryado ay nanghihina at lubos na nagkakahati-hati nang thuy-tuluyan at magagawang agawin ng Partido ang kapangyarihan sa loob ng mapakaikling panahon. Hindi nakilala na, sa ilalim ng

mga kalagayang nagaganap noon at ngayon, ang isang pangunatagalang dignang bayan ay dapat na ilunsad upang kanyay tunay na malikas pa. Dahilan sa nakaring kabiguan na tawag ang mga kadre sa mga nahalagang bahagi ng bansa bukod sa Gitnang Luson, Maynila, Rizal at Timog Katagalugan at dahilan sa Deretsistang oportunismo noong dignaang anti-Hapones at mga kasunod taon pagkatapos nito, ang Partido at ang Hukbo ng Bayan ay nabigong maglunsad ng pambansang kasaklawan, kung kaya't nabigo ang mga itong pag-isahin ang mga mamamayan sa isang pambansang kasaklawan. Ang Partido ay nakapasa kanyay sa mga rehiyong nasa nya lugar na nasasakop ng Hukbalahap at ng United Defense Corps noong panahon ng pakikibakang anti-Hapones. Mangangailangan ng isang pangmatagalang panahon upang magawang rebolusyonaryong kalamangan ng Partido ang pansimulang kahinaan ng pakikipaglaban para sa demokratikong kapangyarihan ng bayan sa isang kapuluan na katulad ng Pilipinas.

Ang "Iskiyerdistang" oportunistang liderato ng Jose Lava ay nabigong maunawaan kung bakit ang mga pangangailangan ng isang demokratikong rebolusyon ng bayan. Nabigo itong makita ang pangangailangan ng matibay na pagbubuo ng Partido, pagtapunland ng mga basong pambukid batay sa isang rebolusyonaryong pambansang nagkakaisang hanay. Kung nakita nito ang kinakailangang kumbinasyon at wastong paggamit ng mga sandatang ito, madali nitong mababatid na ang dignaang bayan ay pangmatagalan at manalimuot.

Dahilan sa peti-burges na pagnanasa nitong maagaw ang kapangyarihan, inutusan nito ang mga organo ng Partido na pangibabawin ang lantay na pananaw militar, pangibabawin sa MVB Bulletin, ang mga teknikong artikulong pang-militar, pag-aralan at gamitin ang 90-linggong "Master Training Schedule" -- isang aklat na inilabas ng Hukbo ng Estados Unidos at ng reaksiyonaryong Hukbo ng Pilipinas, at iba pa. Ang mga partikular na halimbawang ito ay magpapakita nang grafp na kakulangan ng pagkaunawa sa katangian ng dignang bayan ng lideratong Jose Lava.

Ang "Iskiyordistang" oportunistang liderato ni Jose Lava ay pangunahing nakatungi sa kanyang kapusukang militar at peti-burges na pagkamapaghiganti na ipinamalas sa loob at labas ng Partido. Gayunman, ang nagkatulad sa "Iskiyordistang" oportunismo at sa Deretsistang oportunismong sinalungat nito ay ang peti-burges na pangitaing ang mga puwersa ng bayan ay maututusan mula sa lunsod at ang lunsod ng Maynila, ang pinakamalakas na base ng kapangyarihang estado ng burgesya, ay madaling maagaw kahit hindi na magbuo ng mga basong pambukid. Bukod pang mga puntos ang mahalaga sa ilalim ng seksiyon ng mga kamalian sa militar na tumutukoy sa aboturismong militar ng liderato ng Jose Lava.

Ang apatang plenaryo ng Komite Sentral na ginanap ng Politburo-Out sa ilalim ng liderato ng Jesus Lava noong Pebrero-Marso, 1951 matapos na nadakip ang Politburo-In ay nabigong kilanagin nang lubos ang pagbubuo at paghawak ng tatlong sandata ng Rebolusyong Pilipino: ang mga ito ay, pagbubuo ng Partido, sandatahang pakikibaka at ang pambansang nagkakaisang hanay. Tinakpan nito ang mga bitayang kamalian ng liderato ng Jose Lava sa pamamagitan ng mababaw na pangangatwiran katulad ng "kapabayaan" ng mga nadakip na lider ng Partido at mga pangtaktikang pagkakamali ng mga kumander at kasapi. Nalibunyag sana ng isang kilusang pagwawasto ang pang-ideolohiya at pampulitikang batayan ng kabiguan ng liderato ng Jose Lava, at sa ganito'y napupuksa ang pangulo ng oportunismo na nagpapatuloy na nanatili sa kanyang Deretsista o "Iskiyordistang" hugis.

Matapos na hawakan ng liderato ng Jesus Lava ang pamunuan, ang "Iskiyordistang" oportunismo ay nagpatuloy sa hugis ng mga tendensiya ng mga pangkat ng nagkakalat na rebolde na idinulot ng kapilitang paghihiwa-hiwalay ng mga sandatahang pangkat. Sa kawalan ng pamatnugutang sentral ng isang pangunahing sandatahang puwersa, ang mga nagkahiwa-hiwalay na mga sandatahang pangkat na napaikalin sa mga malalaking operasyon ng pagkubkob at pagsupil ng reaksiyonaryong hukbo ay nakagawa ng mga indibiduwal na pang-aabuso at pagmamalabis na binigyan matwid sa ngalan ng "pakikibaka para sabuhay" o "pakikibakang pangkabuhayan" na ginamit ng kaaway para sa kanyang kalagayan sa digmaang pangsikolohiya. Sinamantala ng hukbong reaksiyonaryo

ang isang kalipunan ng mga rebolusyonaryong pamamaraan ng pakikibaka upang gumawa ng sarili nilang pang-aabuso at ibinintang ito sa Kilusang Loob ng Bayan. Sinamantala ng kaaway ang pag-iral ng sektaryanismo sa loob ng Kilusang Loob at Jesus Lava at ginamit ito sa kanilang kalamangan.

Dahil sa kawalan ng mabisang central na pamatnugutan ang lahat ng mga sangay ng Kilusang Loob ng Bayan at dahil sa patuloy na pinahirapan ng sunud-sunod na pagkatalong militar na idinulot ng kaaway at ng kapitulasyonismo at pesimismo ni Luis Taruc at ng kanyang mga saka-Titong alagad, ang lider-ship ng Jesus Lava ay nagsimula ng pakikibaka bilang pangunahing hugis ng pakikibaka noong 1969 at sa palagay ng mga sandatahang pangkat na nasa ilalim ng kanyang pamumuno. Ang Deretsistang oportunistang ito ay patuloy pang pinasok ng mga sumunod na isahang-taong pagtakas ng mga prinsipal na lider ng Partido mula sa bukirin patungong lunsod na nagbunga ng kanilang pagka-mulat sa lunsod. Ang mga isahang-taong pagtakas na ito ay nagbigay-daan sa pinakamadaling pagtakas ng liderato ng Jesus Lava, ang pagkaron ng "kapangyarihan", na lumikha sa kolektibong buhay ng Partido at aktuwal na pinawi ang malaking bilang ng mga pangkat ng Partido at mga sandatahang pangkat, kaya't hindi rin nagtagumpay kaging ang Deretsistang oportunistang layunin ng pangunahing pakikilahok sa parliyamentaryong pakikibaka. Noong 1969, nagtangkang panibabawan ni Jesus Lava ang kanyang likidasiyonistang pagkatalo sa pamamagitan ng pagpupungkal sa pagkakaisang hanay bilang pangunahing linya ng Partido; subalit lalo lamang siyang napabaon sa mga kamalian pang-ideolohiya at pampulitika sa pamamagitan ng pagpapa-labas ng mga rebisyonistang pampulitika nang walang kolektibong pagtatalakayan sa loob ng Partido.

Ang madiskarteng muling pagsulong ng Partido Komunista ng Pilipinas ay umasa sa paglitaw ng mga bagong kadre at muling napaaktibong kadre ng Partido na ngayo'y pinapatnubayan ng pinakamataas na kaunlaran ng Marxismo-Leninismo sa kasalukuyang panahon, ang Kaisipang Mao Tsetung.

Gayunman, sa kasalukuyan, ang Lavaismo ay nananatiling isang mapanirang impluwensiya sa loob ng Partido. Sapagkat ang Lavaismo ay isang sakit na dinanas ng Partido sa loob ng napakahabang panahon, na hindi lubusang pinuna bago naratting itong kasalukuyang yugto sa pag-unlad ng ating Partido, ang Lavaismo ay hindi mapapagpi sa loob ng isang linggo, buwan o taon. Hindi ito matatanggal ng Partido kahit na maibagsak pa ang mga tuwiran nitong kinata-wan sa kanilang mga posisyon sa pamunuan ng Partido maliban na lamang kung ating pupuksain ang mga ugat nitong pang-ideolohiya at pampulitika. Dahil sa mga kasalukuyang kalagayan, ang mga pangunahing Deretsista o "Iskiyerdis-tang" oportunismo ay laging kaharap sa atin. Subalit yaong mga naninindigan sa Kaisipang Mao Tsetung at sa tumpak na linyang pangmasa ng Partido ay laging mananatiling at pasisiglahin ang kanilang rebolusyonaryong lakas at kakayahan upang magwagi.

Dapat itanim sa isipan na ang Lavaismo ay pangunahing Deretsistang oportunismo at sa pangalawa ay "Iskiyordistang" oportunismo. Ngayon, ilan sa mga kasapi ng Partido ay labis na binibigyang halaga ang legal at pang-lunsod na mga "masyonalistang" organisasyong pangmasa tulad ng Makabayang Kilusang Kapakuan (MAK), at mga pamamaraan ng pamahalaan tulad ng Magna Karta ng Paggawa, Batas ng Reporma sa Lupa at iba pa. Sa kabilang panig, mayroon namang isang pang-ilalim na agos ng mga nuenos na "Iskiyor-distang" oportunista na labis na winawalang-halaga ang legal na organisas-yon, pangmasa at mapanlaya sa pagbibigkas ng mga "Iskiyordistang" longuaho nang walang aktuwal na pakikilahok sa gawain at pakikibakang pangmasa laban sa mga pagsasamantala sa kanilang mga sariling mamamayan.

Ang makabayang rebisyonismo ay nakakuha ng mapagbabatayan sa lipunang Pilipino sa pamamagitan ng mga Deretsistang oportunista. Kinakailangang labanan ang makabayang rebisyonismo sa pamamagitan ng rebolusyonaryong praktika ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung. Kung hindi mapayari ito, patuloy na dadamutin ng Partido Komunista ng Pilipinas ang di-pag-unlad at pagkatalo sa pakikibaka para sa demokratikong kapangyarihan ng mga mamamayan.

K. Ang Kahalian sa Kilusan

Ang mga kahalian sa ideolohiya at pulitika ay laging humahantong sa mga kahalian sa mandatahang pakikibaka. Ang isang Partido na hindi nag-uukol ng malubhang pansin sa pag-unlad nito ay mabibigong gampanan ang kanyang kontrol na rebolusyonaryong tungkulin na pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika at ang pagpapatibay nito.

Ang sandatahang pakikibaka ay siyang pangunahing sandata ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Kung walang isang hukbo ng bayan na nasa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang nakamayan ay wala ni dumanh katulad ng itinuturo ng Kasamang Mao Tsetung sa kanyang teorya at praktika ng rebolusyong Tsino. Sapagkat ang ating Partido ay umiiral sa isang mala-feudal at mala-kolonyal na bansa, sa paglulunsad ng/ng isang digmaang bayan sa bukirin ay dapat na pagsamahin ang tatlong kahalagahan at di-mapaghihiwalay na mga bahagi; ang mga ito ay, rebolusyong agrarya, mga baseng panbukid at sandatahang pakikibaka.

Sa unang labing-dalawang taon ng Partido, 1930-1942, hindi kaagad pinaunlad ng Partido ang tatlong mga komponenteng ito. Noong 1931, naranasan nito ang unang pagsupil ng kapangyarihang estado ng burgesya. Ang kapangyarihang estado ng burgesya, taglay ang lahat ng mga mapanupil na sandata sa kanyang mga kamay, ay matagumpay na lumikha ng mga malubhang pagpapahirap sa Partido sa loob ng maraming taon.

Ang pagpipilan ng Partido Komunista at Partido Sosyalista ay nabigong gumawa ng mga mahalagang paghahanda para sa sandatahang anti-pasistang pakikibaka dahil sa pangunahing iniukol ang gawaing pampartido sa parliyamentaryong pakikibaka. Ang mga kadre sa lunsod na nangagsitakas patungong bukiri/ng pananakop ng mga Hapones ay nabigong umurong sa isang organisadong paraan, kaya't inilantad ang kabiguan ng lideratong Crisanto Evangelista na, bunsod ang Partido sa matibay na pundasyon sa hanay ng mga magsasaka batay sa kanilang pakikibaka para sa lupa na siyang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Walang mga naihandang baseng panbukid para sa paglulunsad ng isang digmaang bayan laban sa mga pasista.

Sa panahon ng digmaang anti-Hapones, ang Deretsistang oportunistang kamalian ng pataksarang "umurong para magtanggol" ay isang kawalian sa linyang pang-militar. Sinalungat nito ang Marxista-Leninistang sinalaja na ang Pulahang kapangyarihan ay maaari lamang mabuo sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmaang rebolusyonaryo. Ang pataksarang "umurong para magtanggol" ay katulad ng pataksarang "lie low" ng USAFFE o pag-iwas sa sandatahang pakikipaglaban sa mga mananakop na Hapones at sa kanilang mga tagapaglingkod. Ang pagtaas ng kapangyarihang rebolusyonaryong proletaryo ay pinigilan ng Deretsistang oportunistang linyang pang-militar na ito. Sa madalian at mataqalan mang panahon maging noong matapos itong ituring na maling pataksaran at ang mga iskwadron ng Hukbalahap ay nagwagi ng sunud-sunod na tagumpay noong mga huling araw ng taong 1944, at noong mga unang araw ng taong 1945.

Matapos na itatwil ang pataksarang "umurong para magtanggol", ang lakas ng Partido at ng Hukbo ng Bayan ay sumulong nang walang patlang. Sa loob ng ilang buwan, ang lawak at populasyon na nabot ng Partido at ng Hukbo ng Bayan ay mabilis na lumaki na halos ang higit na malaking bahagi ng Gitnang Luson ay nasa ilalim ng mabisang liderato ng Partido at ng Hukbo ng Bayan at ng Hukbo [illegible] upang magyabag ng mga [illegible] ng Katagalugan.

Gayunman, dahilan sa kabiguang alisin ang mga pang-pilosopiya at pang-organisasyong ugat nito ng Komite Sentral, ang Deretsistang oportunistang linyang pang-militar ay nagpatuloy bilang malakas na pang-ilalim na agos at pagkatapos ay muling sumulpot bilang pangunahing linya sa katapusan ng pakikibaklang anti-Hapones. Pinagtibay ang dalawang linya, ang tinawag na linyang "propaganda" ay naiiba sa "tunay" na linya. Ang tinawag-rá linyang "propaganda" ay nagpapahayag na ang Partido'y hayagang nagnanais ng "kapayapaan at demokrasya", lalabok na pulitikang burges sa pamamagitan ng Democratic Alliance at ang "tunay" na linya'y nagsasabing ang Partido'y aktuwal na nagtatago ng kanyang mga sandatahang kayangyarihan sa hugis ng mga nakatagong kahon ng armas. Sa ilalim ng idealistikong inipan, ang pagliliniang ay ginawang pinakabuod na bahagi ng linyang estratehiko. Subalit kabang hindi

...ilang ang kaway ng pakunwaring pagsusuko ng mga armas ng Hukbalahap. ... naman ito ng kalituhan sa hanay ng mga kadre at ng masa. Nabigong ... ang buong tibay ng liderato ng Partido ang linyang pangmasa dahilan ... niyon ng kalawakang linya at nawala ang kanyang pagkakahawak ... .

Batiday na sinupil ng kaway ang mga mamamayan at ang Partido habang ... naman nilalansag ng Partido ang mga sandatahang pangkat ng Hukbo ... sa ilalim ng lisyang bandila ng "kapayapaan at demokrasya" di-katulad ... at Indo-Tsina ng ang mamamayan ay hindi binitawan ang kanilang mga ... Ang pinakabuod na katunayan ng Deretsistang oportunismo ay naipaliwanag ... sa mga naunang seksiyon.

... ng lideratong Jose Lava, ang kamalian ng abenturismong militar ... ng pangingibabaw ng lantay na pananaw militar sa pamunuan ay ginawa bilang ... lehitimo na pagbabalikat sa Deretsistang oportunismo. Ang peti-burges na ... ng lavaismo ay siyang pundasental na dahilan ng mga ... ng abenturismong militar na kinatawan ni Jose Lava. Hindi nito pinahintulutan ang liderato ng Partido na maunawaan ... ng pag-unlad ng isang digmaang bayan sa lipunang Pilipino at ... pinigilan ang pagpapatibay ng tumpak na estratehiya at mga taktika.

...ng makasariling pagnanasang agawin ang kapangyarihan sa lunsod sa loob ... lawang taon lamang nang hindi naglalahad ng malawak na batayan sa hanay ... mamamayan ay nagpapakita ng kulang na pagkaunawa ng pangmatagalang digmaang ... Habang ang "Iskiyerdistang" oportunismo ay sumulpot bilang prinsipal ... aspekto ng Lavaismo sa ilalim ng lideratong Jose Lava, ang Deretsistang ... oportunismo ay nagpumilit na manatili bilang pangalawang aspekto o bilang isang ... pang-ilalim na ngos. Habang tinatantiyang mahina ang kapangyarihan ng mga ... naghaharing uri dahilan sa pangloob na pagkakahati-hati, ang liderato ng Jose ... Lava ay nagbigay ng mga utos na ang papuputukan lamang ay ang mga papet na ... kawal Pilipino at mahigpit na ipinagbawal ang pagsalakay laban sa mga tauhang ... militar ng Estados Unidos.

Ang pagwawalang-bahala sa militar na pagtulong ng Estados Unidos sa mga lokal na reaksiyonaryo ay "Iskiyerdistang" oportunismo ngunit kasabay nito, naroon naman ang Deretsistang oportunismong huwad na paniniwala na ang pag-... sa pakikipaglaban militar sa Estados Unidos ay magpapagaan sa pakiki-... ng Hukbo ng Bayan. Ang pumapangalawang Deretsistang oportunistang ... siyang ito ay idinulot pa rin ng kontra-rebolusyonaryong Deretsistang ... noong digmaang anti-Hapones na ang Estados Unidos ay magbabalik sa ... upang isauli ang "kapayapaan at demokrasya" matapos na malupig ang ... .

Ang isa pang malaking-hulimbawa ng magulong pag-iisip militar ay ang ... at labis na "Iskiyerdistang" pag-asa sa panloob na pagkakahati-... ng mga naghaharing uri at ang sumusunod na labis na Deretsistang ... na ang mga pulitikong burges, sina Laurel at Rodriguez, ay manumuno ... mga pagbabangon laban sa pamahalaan ni Quirino magbuhat sa Batangas hanggang ... kasabay ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Ang huwad na pangitain ay ... upang palakasin ang argumentong maaagaw ang Maynila sa "nalalapit" na ... Sa mga sandaling ito, ang HMB ay hindi pa nakapag-ipon ng sapat na ... upang sakupin ang Maynila; hindi hihigit sa 3,000 Pulahang kawal ang ... sa-sama lamang para sa layuning iyon, kasama ang tiyak na mga ... ibubunga ng labis na paghigit ng sandatahang lakas ng bayan sa ... ibang mga lugar.

Ang nangingibabaw na "Iskiyerdistang" oportunistang linya ng liderato ... Lava ay ipinasalas ng pagbibigay ng mga kautusang militar sa mga puwersa ... bayan na bukirin bunsod sa Secretariat o Politburo-In na nakabase sa ... Kahit na sa bukirin, ang Politburo-Out ay malayo sa mga pangunahing ... militar at bukid na dapat sana nitong inasahan. Hayroon pa ring ... kaalaking agwat sa pagitan ng liderato ng Partido at ng masa na binubuo ... di-katatag na lugar sa Gitnang Luson at ng mga hayagang lugar na ki-... ng kaaway sa Timog Luson.

Sa pahong ito, nangibabaw ang paniniwalang ang pagtatatag ng mga ... pambukid ay isang kakatwa at mala-utopyang isip "sapagkat ang Pilipinas

ay isang maliit na bansa at isang kapuluan na walang natatag na likurang kalapit at karugtong ng isang malaking kaibigang bansa." Si Jose Lava bilang pangkalahatang kalihim ay naghahambog na winalang bahala ang konsepto ng mga basehang pambukid at itinuring niya itong isang labis na ambisyosong isip. Ni hindi nila natalos na ang mga basong pambukid mismo ay malaking likuran ng mga sonang panggerilya. Ang kampo ng Politburo-Out sa Sierra Madre sa may bahagi ng Laguna ay umasa lamang sa isang nakatagong pisikal na base sa halip na sa mga pambukid na kung saan malakas ang pangtangkilik ng mga mamamayan dahilan sa pagtatagumpay ng isang rebolusyong agraryo at sandatahang pakikibaka. Hindi nabatid na sa katotohanan, ang mga sandatahang pangkat ay nakakalos sa kapatagan na kung saan napakalakas ang tulong na ibinibigay ng mamamayan tulad sa Regional Command No. 2.

Ang sandatahang pakikibaka ay dapat sanang inilunsad bilang isang pangmatagalang digmaang bayan na nilakipan ng isang rebolusyong agraryo at pagpapaunlad ng mga basong pambukid, na kung saan ang Hukbo ng Bayan ay dapat sanang sumulong sa isang serye ng mga alon sa ilalim ng liderato ng Partido na kanyod na nakahimpil sa bukirin. Ngunit ang peti-burges na lideratong ito ng Partido ay labis na nagmamadali, labis ang kapusukang maagaw ang kapangyarihang estado ng burgesya na nakaluklok sa Maynila. Hindi nabatid ng peti-burges na liderato ng Partido na maari siyang makipaglaban sa kapangyarihang estado burgesya sa pamamagitan ng pagtatag ng demokratikong kapangyarihan ng bayan sa bukirin. Sa kasukdulan ng abenturistang kahangalan, ang mga lider ng Partido ay nagpapalaman sa isa't-isa sa publiko, "See you in Malacañang!" Ipinakikita ng mismos na pag-uusap na ito ang abenturistang pagnanasa ng liderato ng Jose Lava na dalhin ang Hukbo ng Bayan sa mga tarangkahan ng Maynila sa loob ng napakaikling panahon na hindi muna nito pinauunlad ang sandatahang kapangyarihan ng masa at pagkatapos ay saka sumulong sa isang serye ng mga alon buhat sa mga napakatibay na baseng pambukid.

Subalit ang himpilan ng Partido sa lunsod ay malayong nakahiwalay sa Politburo-Out at ang huli naman ay malayong nakahiwalay sa mga pangunahing pangkat ng Hukbo ng Bayan, nagbaba ng mga kautusan sa mga puwersa ng bayan upang lumundag tungo sa mga di-matatag at di-maaasahang lugar upang sabay-sabay na salakayin ang mga malawak na nagkakahiwa-hiwalay na punterya, tulad ng mga kampong militar, mga lunsod at mga ulong bayan. Ang tipong ito ng sandatahang pagkilos ay labis na humigit sa lakas ng Hukbo ng Bayan at patuloy na hinigit ang mga labis pang nahihigit na mga linya ng komunikasyon at supply. Ang mga pagsalakay noong ika-26 ng Agosto, 1950 na isinagawa ng Hukbo ng Bayan alinsunod sa "PD Resolutions" ng Enero, 1950 ay lubos na ipinakita ang aberturistang kapusukan ng lideratong Jose Lava. Sa kabuturan, natuto itong kilalanin nang diyalektiko ang kakayahan ng kaaway na gumawa ng ganting-salakay na maaring pumuksa sa mga labis na nahihigit na linyang nagkakawat sa Politburo-Out at mga Regional Command at iba pa. Ginawa nga ito ng kaaway matapos ang mga pagsalakay noong ika-26 ng Agosto sa pamamagitan ng paghahalap ng 25,000 kawal laban sa hiwa-hiwalay na Hukbo ng Bayan na lalong nalilit ang bilang sa Gitnang Luson, Maynila, Rizal, Bikol at Panay.

Pagkaraan lamang ng ilang sandali matapos ang mga pagsalakay noong ika-26 ng Agosto na isinagawa ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, ang punong himpilan ng Partido sa lunsod ay sistematikong winasak ng kaaway noong Oktubre, 1950. Kung ituturing ang tagumpay na ito ng kaaway, ang patakaran ng nabilisang pangangalap ng mga kasapi sa Partido sa lunsod ay naipakita na kahangalan at paglabag sa deponsibo at lihim na mga kahingian ng panglunsod na gawaing pampartido. Ang mismong pinakamataas na organo ng Partido ay nagapos ng kaaway. Ang isang security officer ng Politburo, si Taciano Rizal, ay isa palang taksil, isang bayarang ahente ng Central Intelligence Agency (CIA) ng Estados Unidos. Ilang sandali matapos ito, ang Congress of Labor Organizations na ang pamunuan nito ay hayagang ipinahahayag na sila ay namumuno ng isang panghalhatang pagwewelga kasabay ng operoibo ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa bukirin ay dinagukan din ng kaaway noong Enero, 1951.

Ang mga kabiguan ng patakarang militar laban sa kaaway ay kahanay din ng hindi tumpak na paghahawak ng mga kadre at kawal. Sa ilalim ng pagkukunwang "Delecbisasyon", ang lideratong Jose Lava ay gumamit ng mga mabigat na kaparusahan doon sa mga nataguang nakagawa kahit ng mga malilit na pagkakamali. Ang pagpapataw ng kaparusahang kamatayan ay ginawa sa mga kadre at kawal para

sa lunsod ang isang kahit na makakasagupat ang magaang pagpapatupad at muling pagbangon. Sa pagpapatuw ng mga kaparusahan, ang kasaysayan ng buhay ng mga kadre at kawal na nagkakamali ay hindi na itinuturing at kadalasa'y imposibleng ang kanyat na kanalian sa kalagayan. Ang napagkamalang "Bolshevikisasyon" ay ang mga alituntunin mula sa aklat militar ng burgesya. Ang di-bumpak na pinahawak na ito ng mga kadre at kawal ay higit na lumubha hanggang nagkaroon ng limalaking bilang ng pagkatalo ang Hukbo ng Bayan at limalpak ang tendensiya patungo sa pagkakahiwa-hiwalay.

Habang ang dambuhalang pakikibaka ay nanghihina noong mga huling araw ng 1971, ang pag-unlad sa pagitan ng Hukbo ng Bayan at ng pamunuan ay di-bumpak na hinawakan. Tiniyak ang mga kaibigan at di-kaibigang nayon. Ang pagtitiyak ay ginawa hindi para sa mga layunin ng paglulunsad ng wastong pro-pagkilos kundi malimot ang pamamayan at mapalapit sa mga ito kundi para sa mga layuning mapaghimanti at mapanghwasak na pagsalakay kahit na laban sa mga tinatawag mamamayan na ang iilan sa kanila ay kinumpiskahan ng mga hayop para mabigyan ng pagkain ang mga nahihirapang kawal ng Hukbo ng Bayan. Nagtatag ng mga baseng pangproduksiyon sa mga kabundukan at kapatagan ngunit ang mga ito ay winasak ng kaaway samantalat papangalagaan lamang ng mekanikal na pagkilos ng pagkubkob at pagsupil na inilunsad ng kaaway. Dahilan sa labis na pang-aabuso sa ngalan ng "pakikibakang pang-ekonomya" bilang resulta ng desperasyon dahilan sa kawalan ng isang mabisang Marxista-Leninistang pamamahagitan at sa kabiguang gumamit ng tumpak na linyang pang-masa. Hindi nabatid nang lubos na bukod sa pagiging isang puwersang panlaban, ito ay isa-ring puwersang pampropaganda at panproduksiyon.

Lumitaw ang isang tendensiya patungo sa naglalagalag na pangkat ng mga rebelde at naganap ang pagkabulok ng ilan sa mga pangkat na ito dahilan sa mga kawalan ng lideratong Jose Lava at ng mga ganting salakay na ginawa ng kaaway, dahilan sa kawalan ng isang tunay na disiplinang proletaryo, dahilan sa walang humpay na pagkakahiwa-hiwalay ng Hukbo ng Bayan at dahilan sa hayagang pagkawala ng mabisang sentral na pamatnugutan.

Ang lideratong Jesus Lava ay hindi naiwasto ang abenturismong militar ng lideratong Jose Lava dahilan sa kawalan nito ng isang malawak na pagkaunawa ng katangian at mga panunturan ng isang digmaang bayan. Ito ay lubusang walang kaalaman ukol sa pamamatnugot ng isang digmaang bayan sa yugto nitong estratehikong depensa at taktikang pananalakay. Katulad sa dati, ito ay lubusang walang alam na pamamaraan sa pagwasak ng isang kampanya ng pagkubkob at pagsupil na inilunsad ng kaaway. Dahilan sa kabiguan nitong unawain ang kalikasan ng tatlong, hindi nito nagawang pagsamahin ang mga alyansang pang sandatahang pangkat ng Hukbo ng Bayan na patuloy na sinasalakay ng mga malalaking pwersan ng reaksiyonaryong hukbo mula noong 1981 hanggang 1979. Dinatas ng liderato Jesus Lava ang malubhang sakit ng Lavaismo-Subhetibismo.

Noong 1977, sa ilalim ng mga kalagayan ng pagkatalong militar, ang liderato Jesus Lava ay pinagtibay ang parliyamentaryong pakikibaka bilang pangunahing hugis ng pakikibaka. Si Jesus Lava ay nagkasala ng likidasyonismo nang aktuwal niyang lansagin ang mga sandatahang pangkat, pati na ang kanyang sariling sandatahang tagapangalaga, at pinili ang buhay ng isang sugatan sa lunsod. Ang mga isahang pagtakas ng Commander-in-Chief ng Hukbo ng Bayan, si Casto Alejandrino, at ng pangkalahatang kalihim ng Partido, si Jesus Lava, buhat sa bukirin patungo sa lunsod at ang kanilang kasunod na pagkalagkip ay maliwanag na ipinamalas ang maling linya ng liderato ng Partido.

Tangin sa lugar lamang ng Regional Command No. 2, partikular na sa lalawigan ng Pampanga at bahagya sa Tarlac, Bataan, Nueva Ecija nagpapatuloy ang mga kabi ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Sa kasalukuyan, hindi yaong walang patumangang sumunod sa liderato Lava ang naglulunsad ng sandatahang pakikibaka. Ngunit ang isang lubus-lubusang kilusang pagwawasto ng Lavaismo at ng kapitulasyonismo ni Luis Taruc ay dapat na ilunsad nang partikular sa lugar na ito. Ang mga tendensiya ng naglalagalag na mga pangkat ng rebelde ay dapat ding maiwasto dito. Ang dapat na mapalakas ay isang tunay na Hukbong Mapagpalaya ng Bayan na nasa ilalim ng mabisang pamatnugutan ng isang Marxista-Leninistang Partido na pinapatnubayan ng Kaisipang Mao Tsetung, na isang sandata para sa rebolusyong agraryo at nagbubuo ng mga matatag na baseng pambukid.

Kahinaan para sa Partido ang pagkatatag ng lakas sa mga lugar lamang ng Gitnang Luson at bahagya sa Timog Luson. Bagamat may mga katangiang kanais-nais ang mga lugar na ito, dito labis na naiipon ang kapangyarihan ng estado ng burges da kapuluan. Ang isang bagong estratehiyang militar at mga taktika na kalinya ng Kaisipang Mao Tsetung ay dapat na gamitin kasabay nang pagturing nang lubusan sa mga pinakamahinang pagkakaugnay ng kapangyarihang estado ng burgesya, gagawin ang kapuluan na isang bentahe para sa Partido at Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sa halip na isang dagdagan. Ang pagpapaunlad ng isang pangunahing puwersang militar at mga bagong pambukid da Luson bukod doon sa Gitnang Luson ay dapat na ituring nang lubusan at ang iba pang pulo ng Bisaya at Mindanao ay dapat na gamitin upang paghiwa-hiwalayin at aksayahin ang pandatahang lakas ng kaaway.

3. Ang Tungkulin sa Organisasyon

Sa organisasyon, ang pangunahing kahinaan ng Partido Komunista ng Pilipinas ay ang kabiguan nitong magbuo ng isang organisasyong may malawak na pangmasang katangian at bumasalikw sa buong bansa. Sa pinagtatagan ng Partido, ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo ay hindi ginamit nang tumpak sa pang-organisasyong buhay ng Partido, nagbunga ng mga kamalian ng sektaryanismo at liberalismo, at komandismo at buntot-ismo dahilan sa suhetibismo at oportunismo.

Ang pagbubuo ng isang Partido na may malawak na pangmasang katangian ay nangangailangan ng isang pambansang sistema ng mga kadre ng Partido na magtatag ng isang malaking pangmasang kapanalig sa ilalim ng mga mahirap na kalagayang umiiral sa lipunang Pilipino, isang matalinong patakaran ang maingat na pagbubuo ng Partido; kaya sa gayon, ang pangangalap at pagpapaunlad ng mga kadre ay dapat na palagiang umayon sa mga pamantayan ng isang proletaryong rebolusyonaryong Partido.

Ang isang Partido na may malawak na pangmasang katangian ay nanganganlugang ang mga kadre ng Partido ay dapat na mayroong malawak na pangmasang kapanalig sa pamamagitan ng pagsanib ng tumpak na linyang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay maaaring magkaroon ng isang malawak na pangmasang katangian kung ang mga kadre nito ay mapanumunuan ang masa ng mga nanggagawa at magsasaka sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka at sa ganito'y mapalalaki ang kanilang sariling lakas. Pinapatnubayan ng Partido ang rebolusyonaryong pakikibaka ng masa at bilang ganti'y nililikha naman ng pakikibaka ang mga pinakamahusay na nangunang mandirigma ng Rebolusyon na silang nagiging mga kasapi ng Partido.

Nakaipon ng lakas ang Partido noong pakikibakang anti-Hapones sa pamamagitan lamang ng paglulunsad ng pandatahang pakikibaka at pamumuno sa masa ng magsasaka. Noong 1948, ang Partido'y muling nakapag-ipon ng rebolusyonaryong lakas sa loob ng ilang panahon hanggang ang mga kamaliang abenturismo ng liderato ng Jose Lava ay pahinain ang pagsulong ng rebolusyon. Sa halimbawang ito, ipinakita na ang Partido ay maaaring magtamo ng tunay na lakas pangmasa sa pamamagitan lamang ng paggpupukaw at pagpapakilos sa masa ng mga magsasaka sa linya ng rebolusyong agraryo bilang pangunahing nilalaman ng demokratikong pakikibaka ng bayan. Sa huling pagsusuri, ang proletaryong rebolusyong Partido na Pilipinas ay maaaring magkaroon ng isang malawak na pangmasang katangian sa pamamagitan lamang ng pagtatamo ng pangmasang pagtangkilik ng uring magsasaka, lalo na ang mga naralitang magsasaka at manggagawang pambukid.

Hanggang ngayon, ang mga kasapi ng Partido ay labis na naiipon sa Gitnang Luson at sa mga lugar ng Maynila-Rizal. Kahit na noong mga nakaraang pagtatag ng kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas, ang Partido ay hindi nagtagumpay sa pagpapalagunap ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa buong bansa sa pamamagitan ng sistematikong pagbabahagi ng mga kadre.

Sa pahahon ng kanyang pagiging isang lider-obrero, si Crisanto Evangelista ay nakapagpaunlad ng kaunting pakikipag-ugnayan sa mga lider-obrero sa Kabisayaan. Ngunit, siya mismo, kahit na noong huling bahagi ng mga taong 1930-1940, ay tinatlay ang pangitaing kung ang Partido ay makokontrol ang Gitnang Luson, ang buong Luson ay madaling susunod; at kung makokontrol ang Luson, ang buong kapuluan ay madaling susunod. Tulad ng mga unang pagpapaliwanag,

ang mga lider ng Partido na itinapon sa maraming mga bahagi ng Luson ay hindi kumilos upang buuin ang Partido.

Sa digmaang anti-Hapones, nagkaroon ng pagtatangkang magpadala ng mga kadre sa Bisayas subalit ito ay hindi ipinagpatuloy. Noong panahon ng digmaan, ang Partido at ang Hukbalahap ay pangunahing binuo sa isang rehiyon ng Gitnang Luson. Kahit na sa malapit na rehiyon ng Timog Katagalugan hindi nagawang agawin ng Partido ang pagkukusa at liderato sa digmaang anti-Hapones mula sa mga gerilyang maka-Amerikano. Matapos ang digmaan, ang sulironin ng pagpapadala ng mga kadre ba iba pang mga pulo ay hindi agad tinalakay nang buong lubha.

Noon na lamang kasigwaan ng sandatahang pakikibaka sa ilalim ng liderato ng Jose Lava na ang mga kadre ng Partido ay pinadala sa Cagayan, Bikol, Panay, Iloko at Mindanao upang buuin ang Partido. Ngunit ang mga naunang kadrong ito ay nabigong buuin ang Partido sa matibay na pundasyon at hindi sila nagtagal ng sapat na panahon upang paunlarin ang sandatahang pakikibaka dahilan sa kabiguan ng Partido na gumamit ng isang tumpak na linyang pampulitika. Ang pangunahing pagkakamali ng nabiligang pagtatagumpay militar ay hindi nagbigay sa mga kadre ng sapat na panahon upang paunlarin ang tatlong komponente para sa demokratikong kapangyarihan ng bayan: isang rebolusyong agraryo, mga baseng pambukid at sandatahang pakikibaka.

Sa buong panahon ng liderato ng Jesus Lava, nagpatuloy ang kabiguang magtayo ng isang pambansang organisasyon. Nagsakahan ng liderato ito ang pagkawasak ng mga dating pangkat ng Partido, pati na yaong mga bagong tatag sa labas ng Gitnang Luson. Kahit na noon pa mang mga huling taon ng 1950-1960 nang simari nang magtatag ng mga legal na organisasyong pangmasa sa ilalim ng pamamatnugot ng Partido ay hindi naisagawa ng Partido ang coryosong pagtatangka upang magbuo ng mga legal na organisasyong pangmasa bilang kasangkapan ng rebolusyonaryong kilusan ng Partido. Noon na lamang makaraan ang 1960 na ang Partido, dahil sa pagpupunyagi ng mga bagong kadre at mga datihang kadreng muling nagbalik-loob, ay nangahas na isulong ang kilusang rebolusyonaryo. Ngayon ang Partido ay nagsisimula nang makapagtamo ng kainamang tagumpay sa pagbubuo ng isang Partido na sumasaklaw sa buong bansa.

Sa pamamagitan ng isang pambansang nagkakaisang hanay, ang proletaryong rebolusyonaryong Partido na nagbubunsod ng rebolusyong agraryo sa tulong ng pinagsamantalahang uring magsasaka, ay maaaring mapalawak ang tulong ng kanyang tinatanggap sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa mga suplementaryong rebolusyonaryong puwersa mula ng panglunsod na peti-burgesya at ng makabayang seksiyon ng pambansang burgesya.

Sa Pilipinas, unang naranasan ng Partido ang isang nagkakaisang hanay na pinakatan nang sumugat dito ang pasismo noong mga araw ng Prente Popular. Ngunit sa panahong ito, ang makapangyarihang impluwensiya ng peti-burgesya sa loob ng Partido ay nagsimulang papanghinain, sa isang maselan na paraan, ang rebolusyonaryong kontagan ng Partido. Noong panahon ng dig-maan, ang Partido ay nagtatag ng iba't-ibang mga organisasyon sa ilalim ng simulain ng pambansang nagkakaisang hanay. Ang mga nangungunang organisasyon ay ang Hukbalahap mismo at ang Barrio United Defense Corps.

Matapos ang digmaan, ang Democratic Alliance ay itinatag bilang isang pormal na organisasyon. Ngunit ang alyansang ito ay naglingkod lamang upang tangkilikin ang pereatsistang oportunismo at pahintulutan ang ilang mga personalidad na burges na galpanan ang liderato. Ang Partido na ang siyang nagpasan sa kanilin sa loob ng ilang panahon hanggang ang mga ito ay nagkaripasan nang ang sandatahang pakikibaka ay sumidhi.

Sa panahon ng liderato ng Jesus Lava, walang naitatag na tunay na nagkakaisang hanay dahilan sa labiguang paunlarin ang sandatahang pakikibaka at ang mga legal na organisasyong pangmasa sa ilalim ng liderato ng Partido. Sa panahon na si Claro Mayo Recto ay namumuno na ng isang progresibong tipo ng nasyonalismo, ang Partido'y nabigong samantalahin ang kalagayan dahilan sa kanyang rebolusyonistang pataknran na maluhang pumigil at nagbigay ng panganib sa mismong pang-organisasyong buhay ng Partido.

Ang Partido ay nabigo sa napakaraming mga pagkakataon na paglahukin ang legal at ilegal na pakikibaka sa kanyang gawaing pang-organisasyon. Sa pag-aanalisa ang Partido ay ginawang ilegal sa kauna-unahang pagkakataon, naling ikalawang linya ng liderato na nanaring gumanap sa mga tungkulin ng Partido, legal man o ilegal. Sa simula ng digmaan, pinalitan ng ikala-wang linya ng liderato ang nabihag na unang linya ng liderato ngunit ang ikalawang linya ay pangunahin nang napawalay sa gawaing pangmasa noon pa mang una dahil sa ito ay napalabok lamang sa limitadong gawaing pampulitika sa hanay ng mga elemento ng peti-burges.

Bilang resulta ng mga-naling linyang pampulitika, nakagawa ng mga malubhang kamalian sa organisasyon. Ang demokratikong sentralismo ay hindi ginamit nang lubusan upang makagawa ng mga tumpak na desisyon.

Ang pag-iral mismo ng Lavaismo ay bunga pa rin ng mga garapal na pag-labag sa demokratikong sentralismo. Ang kagulat-gulat na pagkakacunod-sunod ng mga liderato ng Lava ay resulta ng maka-burges na pagmamaneobra na nagdulot ng pagkilala at desorganisasyon sa hanay ng mga kadre ng Partido sa loob ng mahabang taon. Ang liberalismo sa pinakabulgar na hugis nito tulad ng nepotismo at pabor sa mga personal na kaibigan ay isinagawa sa pag-bibigay-ng gawain at promosyon. Ang dambuhalang bunga nito sa paggawa ng mga desisyon ay lavaismo.

Tinanggap ang liberalismo sa pagpipisan ng Partido Sosyalista at Partido Komunista ng Pilipinas. Ang mga kasapi ng Partido Sosyalista ay tinanggap nang walang pagtuturing sa pang-ideolohiyan pangangailangan ng isang pagiging Marxista-Leninista. Ang mga una at ikalawang linya ng liderato ay gumamit ng isang liberal na aktitud sa organisasyon ng Partido habang sila ay napatali sa panglunsod at legal na gawaing pampulitika bago sumiklab ang digmaang anti-Hapones. Ang liberal-ismo sa gawaing pang-organisasyon na naganap sa panahon ng pataksrang "umu-rong para sumulong" ay bunukal mula sa iba't-ibang mga pangyayari. Gayundin, ang malaking pagkilaw ng liberalismo at legalismo na kinatawanan ni Vicente Lava, Jorge Vrianeza at Pedro Castro, matapos ang digmaang anti-Hapones ay may diyalektikong pagkaka-ugnay sa di-nawawastong Deretsistang oportunistang tungkulin na nagsimula noon pa mang bago magkadigma. Itinaguyod ni Jorge Vrianeza ang kabuuang paglansag ng Hukbo ng Bayan at ang isang "pakikipag-isang hanay" sa reaksiyonaryong pamahalaan ni Roxas; at itinaguyod naman ni Pedro Castro ang pagbubuo ng isang "pangmasang partido" para sa parliyamen-taryong pakikibaka at ang pagkilala sa ilegal ni gawaing pampartido. Sa loob ng Democratic Alliance, naganap ang isang liberal na pataksran ng pagpapahin-tulot ng pagpangibabawin ang mga personalidad na burges. Ang pagpapahintulot sa Democratic Alliance na gampanan ang sentral na tungkulin sa pampulitikang pakikibaka ng mga ay isang kilos ng liberalismo.

Pagpasok ang pangunahing kamalian sa organisasyon ng lideratong Jose Lava ay sektaryanismo, pinanatili nito ang liberalismo sa pagkihirang sa matataas na posisyon ng Partido at pangangalap ng mga kasapi ng Partido ng mga taong malapit nilang kaang-anak, malapit na kaibigan at kabalayan nang hindi na isinasaalang-alang ang mga pagsubok ng rebolusyonaryong proletaryong pakikibaka. Tiyak na ang liberalismo ay napalabok nang lubos sa pataksran ng nabilisang pangangalap sa lungsod ng Maynila, isang pataksran na nagbigay pahintulot sa pagpapasok ng mga elemento ng kaaway sa loob ng Partido. Ang pinakaugat ng pataksrang ito ay personal na pagtitiwala. Ang isang nakakatawa ngunit ma-sakit na halimbawa ng liberalismo ay ang pagkilang kay Taciano Rizal sa isang napakahalagang posisyon batay lamang sa nakitid na pagtuturing na ti-natagilay niya ang pangalan ng burges na pambansang bayani, si Dr. Jose Rizal.

Sa wakas, ang sektaryanismo pa rin ang pangunahing kamalian ng lidera-tong Jose Lava kabang ang liberalismo ay pangalawa nitong kamalian. Habang nakakiwalay sa mga konkretong kondisyon ng sandatahang pakikibaka sa bukirin, ang liderstong ito ay komandista sa pagbabaka ng kanyang mga utos at dahil dito ay nangyari ang mga sektaryong pagmamalabis sa hanay ng mga nakikibakang puwersa sa ilalim ng ideolohang Bolsobismoyon. Ang mga kontradiksiyon sa hanay ng mga rebolusyonaryo at maliit na pagkakasala sa loob ng Partido ay itinuring bilang mga kontradiksiyon sa pagitan ng mga kaaway at ng kanyang. Samantalang ang kinakaharap na mga nagdaang mga pangyayari ay isang pataksran ng paghinok at pag-unawa, ang mga pinakamabigat na parusa ay ipinataw sa mga

mga nasa ilang kasapi ng Partido at Pulahang kawal.--Sa lunsod, ang sektaryanismo ay sobrang sa pagbunsong nagkakaisang hanay. Bilang bunga ng kabiguan ng Demokratiko Kilusan, ang liderato ng Jose Lava ay mabilis na nilagay bilang ang kailangan ng isang matimbang na patakaran ng pakikipag-isang hanay sa mga Kanang puwersa at lubusang winalang halaga ang mga legal na anyo ng pakikibaka.

Tinanggay ng liderato Jesus Lava sa loob ng ilang sandali ang sektaryanismo ng liderato Jose Lava. Sa loob ng ilang taon, ang liderato ng Partido na kinatawanan ni Jesus Lava ay sunamit ng mga sektaryong pamamaraan ng pamumuhot upang ang mga kasapi ng Partido ay sumunod sa linya at nagkaroon ng karumaldumal na pangyayari ng pagpapatay ng kadre sa mga kadahilanang tulad ng kabiguang ipatupad ang patakarang i-boycott ang eleksiyong burges noong 1951 at paghihinala laganag habang maraming kasapi ng Partido ay naging demoralisado at pasibo dahilan sa mga di-nawawastong kanalian ng liderato sa sa nakakikang pamamalakay ng kaaway. Kahit na nang nangingibabaw ang Deretsistang oportunismo at ang mga sandatahang pangkat ay nalansag, ang sektaryanismo ay nagpahupig sa pagkukupkop sa mga kasapi ng Partido sa halip na ilagay sila sa pang-araw-araw na tunggalian ng uri. Sa loob lamang ng dalawang taon, ang pangunahing linya ng parliyamentaryong pakikibaka ay humantong sa likidasyonismo. Ang pagtakas ng liderato ng Partido mula sa bukirin patungong lunsod ay nagbunga sa kapabayaan ng mga organisasyon ng Partido sa bukirin at sa kntapusan, sa mapangwasak na likidasyonistang patakaran ng "isahang-pila" na nagwasak sa kolektibong buhay ng Partido at pumatol sa linya ng responsibilidad sa pagitan ng mga nakatataas na organo at ng nakababang organo at sa pagitan ng Partido at ng mga kasapi nito at sa pagitan ng Partido at ng mga namamayan.

Ang liderato Jesus Lava ay lumiit hanggang sa ang natira na lamang ay ang pinakamataas kalihim, gumawa ito ng mga isahang-taong desisyon, naglunsad ng mga tranosisyong pampulitika buhat sa isang nakakubling silid at gumamit ng paghihirang sa mga matnas na posisyon ng Partido batay sa pangkanag-anak at personal na relasyon. Noong mga huling taon ng 1950-60, ang mga malubay na pagkakatnon para sa muling pagsasama ng Partido at mga sandatahang pangkat sa bukirin ay pinabayaan at ang nismong parliyamentaryong pakikibaka ay hindi isinagawa nang maayos. Noon na lamang mga unang taon ng 1960-70 na ang muling pagbubuo ng Partido at ang pagtatatag ng mga organisasyong pangmasa ay isinagawa ng mga kasapi ng Partido na salaya sa nakahiwalay na liderato ng Partido.

Ang buntot-ismo ay isang batayang katangian ng liderato Jesus Lava. Gayundin, tinaglay din ito ng mga nakaraang Deretsistang oportunistang liderato ni Vicente Lava, Jorge Frianeza at Pedro Castro.

Ang Lavaismo ay sakit pang-organisasyon na sa pangunahin ay liberalismo, buntot-ismo at paglabag sa demokratikong sentralismo at kolektibong buhay ng Partido. Ang isang lubos-lubusang kilusang pagwawasto na pupuksa sa pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong ugat ng Lavaismo ay dapat na maisagawa upang muling mabuo ang Partido alinsunod sa Kaisipang Mao Tsetung. Ang Lavaismo ay nasari pa ring nagpumilit na nanatili kung hindi magkakaroon ng puspusang pagpuguanya upang maitakwil sa organisasyon ang ilang mga elemento sa loob ng Partido, na siyang mga ahenteng pang-ideolohiya at pampulitika ng Lavaismo at sa gayoon ay mga kinatawang pampulitika ng burgesya sa loob ng Partido.

(Itutuloy sa Susunod na Bilang)

PAGLAKAS NG BAGONG HUKBO NG BAYAN

Katulad ng walang patumanggang sulong pagbabagong-dugo, pagtatamo ng bagong oriyentasyon at muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa landas ng kanyang-tanging-patnubay ng Kaisipang Mao Tsetung, ang rurok ng Marxismo-Leninismo sa kasalukuyang panahon, ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ay pagsasanayan ng Partido bilang prinsipal na instrumento nito sa kabuluyong Pilipino ay walang pagsala ring muling nagbabagong-dugo, nagtatamo ng bagong oriyentasyon at muling nagtatatag sa ilalim ng kanyang-tanging patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung.

Katulad ng pagsasagawa ng Partido ng isang kilusang pagwawasto sa diwa ng "magito ng makaraan" kamalian upang maiwasan sa hinaharap" at "paggamot sa sakit upang mailigtas ang maysakit", ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ay nagsasagawa din ng malibo'ufang tumpak na makapagpalakas ito, maiwaksi ang mga mabuluk ay mapalitan ito ng sariwang dugo, nang sa gayo'y maisagawa nang ibayong tibay at siglo ang mga tungkulin ng demokratikong rebolusyon laban sa imperyalismong Amerikano at katutubong peudalismo.

Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay siyak na sususulong, matapos ang dalawampu't pitong taon ng mahirap na pakikibaka at pagpapakasakit para sa demokratikong kalayaan ng mga mamamayan. Ikinararangal nito ang kanyang mga maningning na tagumpay at ang dakilang pagkamartir ng kanyang mga bayaning mandirigma. Hanggil din itong humango ng mga napait na aral mula sa dalawampung taon ng hindi pagkatagumpay na rebolusyon o ng hindi pagkakaroon ng ni isa man ng pinaiinyang lugar sa loob ng bansa. Ito ay mabugid na nagpupunyaging paigtingin ang sandatahang pakikibaka sa ilang sona ng gerilya at ipaghanda ang pagpapaunlad ng rebolusyong agraryo bilang kondisyon sa pagtatatag ng basehang pangkid at ng malayang sandatahang pamahalaan.

Sa pamamagito, ang uniberesl na katotohanan ng Kaisipang Mao Tsetung ay buong kamulatan at lubos na ginagamit sa kongkretong praktika ng Rebolusyong Pilipino. Matapos ang isang mahabang pamamaraanang pagwawasto at muling pagtatatag nito noong Disyembre 26, 1968, ng isang bagong Saligang Batas at Programa Para sa Isang Demokratikong Rebolusyon upang magbigay ng bagong patnubay, ang kataas-taasang patnubay ng Kaisipang Mao Tsetung, sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at sa pagsasagawa ng ating rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka.

Ang Saligang Batas at Programa ng Partido ay maliwanag na ipinakita na ang landas ng sandatahang pakikibaka ang siyang tanging landas na dapat tahakin ng mga mamamayang Pilipino upang mapalaya ang kanilang sarili sa mapagsamantala at mapanil na pagkahari ng imperyalismong Amerikano, peudalismo at burokrata-kapitalismo. Ang saligang paniniwalang ito ng ating Partido ay kumakatawan sa dakilang tungkulin ng Hukbo ng Bayan sa Rebolusyong Pilipino. Bagaman't ang sandatahang pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka, ang Hukbo ng Bayan ang siyang pangunahing anyo ng organisasyon sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Tulad ng itinuturo ng Kasamang Mao Tsetung, "Kung walang isang Hukbo ng Bayan, ang mamamayan ay wala ni anuman". Ni ang Partido Komunista ng Pilipinas o ang uring manggagawang Pilipino ay hindi maaaring mamuno sa rebolusyon o makibaka para sa kapakanan ng bayan kung walang Hukbo ng Bayan. Hindi rin maaring mabuo ang isang tunay na nagkakaisang hanay kung walang sandatahang pakikibaka at Hukbo ng Bayan na mahigpit na nagpipisan sa mga manggagawa at magsasaka. Ang kapangyarihang pampulitika ay maaaring sakmit ng mga mamamayan at ng Partido sa pamamagitan lamang ng paghawak ng sandata, sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng isang tunay na Hukbo ng Bayan bilang pangunahing sandigan ng lahat ng mga pagpupunyagi sa pagpapabagsak sa reaksiyonaryo at pagpapatibay ng rebolusyonaryong kapangyarihan. Tulad ng sinabi ng Kasamang Mao Tsetung, "Ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa baril."

Sa araw na ito, ika-29 ng Marso, 1969, sa pagdiriwang ng ika-27 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Hukbo ng Bayan, nasa atin ang mga pinakamahusay at pinakamaligayang dahilan para magdiwang. Kalinya ng pagwawasto, muling pagtatatag at muling pagpapalakas ng Partido sa ilalim ng makapangyarihang inspirasyon ng di-magagapiing Kaisipang Mao Tsetung, kami ang higit na nakaramdam ng Pulahang kumander at kawal ay nagpupulong upang ipahayag nang buong pagtitiwala sa proletaryong rebolusyonaryong linya ng Partido at Kaisipang Mao Tsetung, ipatalastas ang paglikha ng Bagong Hukbo ng Bayan at pagtibayin ang draft ng mga Saligang Alituntunin nito bago iharap sa Komite Sentral ng Partido, ibunyag ang aming di-mababagong pagtatakwil at tagumpay laban sa binhing burges sa loob ng Hukbo na pinamamangingoonan ng taksil na pangkating Taruc-Sumulong, at ipinagbot ang aming puspusang kapasiyahan na bakahin at pulbusin ang mga labi ng makabagong rebisyonismo at Deretsismo, sa partikular ang Lavaismo at Taruc-ismo, na nagbigay dungis at dangal at prestihiyo ng Partido at Hukbo at pumigil sa loob ng mahabang panahon sa pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan laban sa imperyalismong Amerikano at katutubong peudalismo.

Ngayon, binabanggit natin ang Bagong Hukbo ng Bayan sapagkat ito ay mula't-sapol ng pinagkaisang pamamatnugot ng Kaisipang Mao Tsetung at ng Partido Komunista ng Pilipinas, sapagkat tunay nitong pinagliliingkuran ang mga pinakapundamental na kapakanan ng mamamayan sa pamamagitan ng pagiging prinsipal na instrumento sa rebolusyong agraryo na ating ilulunsad upang mabaldlan ang mga ng mamamayan at sayundin sa nagkakaisang hanay laban sa imperyalismong Amerikano at peudalismo, at sapagkat taglay nito ang estilo ng pagiging malapit na pakikipag-ugnayan sa masa ng mamamayan sa pamamagitan ng pagtuloong sa kanila sa lahat ng paraan.

Ang ating Hukbo ay bago sa dalawang kadahilanan. Ito ay bago sa dahilang ito ay pundamental na naiiba sa reaksiyonaryong papet na Sandatahang Lakas ng Pilipinas (at sa lahat ng mga suplementaryong puwersa nito) na mapagbunsod ng sandatahang pagsupil sa mamamayan at nagtatanggol sa mga nagsasamantalang uri. Ito ay bago rin sa dahilang ito ay pundamental na naiiba sa maitim na linyang burges na nagpupunilit na manatili sa Hukbo ng Bayan at nagsapanabotahe sa rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka sa loob ng mahabang panahon.

Ang bagong kaningningan ng Bagong Hukbo ng Bayan ay hindi maitatatwa sapagkat ito ay sumibol bilang bunga ng panloob na pakikibaka sa Partido, ng kongkretong resulta ng pagtatagumpay ng Kaisipang Mao Tsetung at ng pagpapabagsak sa hiwalay burges sa loob ng Partido at ng Hukbo. Sa pagsunod sa Marxista-Leninistang liderato ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbo ng Bayan ay sumibol bilang bagong pormasyon ng mga Pulahang kumander at kawal na itinatwil ang panghukbong himpilang burges ni "Kumander" Sumulong at itinaguyod ang Kaisipang Mao Tsetung laban sa mapangwasak na maitim na linyang burges ng Lavaismo at Taruc-ismo.

Kaming mga Pulahang kumander at kawal sa loob ng Partido na sumusunod sa pangunguna ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at pinapasigla ng Kaisipang Mao Tsetung ay pinilaya ang aming sarili sa dalawang pangunahing pinagmumulan ng makabagong rebisyonismo at Deretsistang oportunismo sa Partido at Hukbo.

Ang isang pangunahing pinagmumulan nito ay ang nakabase sa lunsod na pangkating Lava na pangunahing lumalahok sa legalista at parliyamentaristang pakikibaka at ang mga prinsipal na lider ay nasa payroll ng reaksiyonaryong pamahalaang burges. Inaakala ng pangkating ito na ang panbansang nagkakaisang hanay ay isang bagay na hiwalay sa sandatahang pakikibaka. Tinatanggihan nito ang isang reporemistang sandahan ng magsasaka na hanggang arbitrasyon lamang ang ginagawa sa loob ng nakikitid na paraanan ng burges na reaksiyonaryong pamahalaan at sistematikong sinasabotahe ang mga gawain ng Hukbo ng Bayan at nag-aalipusta ng mga sumusuko, nanlilisang, nagnanakaw ng kalabaw at iba pang masasamang elemento.

Ang isa pang pangunahing pinanggagalingan ng makabagong rebisyonismo at Deretsistang oportunismo ay pinamamangingoonan ng pangkating Taruc-Sumulong

na di-makasulong inangkin ang pangalan ng Partido Komunista ng Pilipinas at nilason ang diwa ng bayan upang iqulong ang kanilang sakim na kontra-rebolusyonaryong burges at feudal na mga layunin na sa kalaunan ay hindi nahiwalay sa pinagmulang lava.

Sa pagtalakay sa kasalukuyang kalagayan sa Hukbo, dapat nating lubusang talakayin ang pangkating Taruc-Sumulong na nagbuhat noong 1964 ay di-sakat-wirang inorganisa ang liderato sa mga pangkat ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan na buong kabayanihang ipinagpapatuloy ang sandatahang pakikibaka laban sa kaaway. Bilang isa sa mga higit na nakararaming Pulahang humalili at kumalas sa rebisyonistang pangkatin sa bukirin, dapat natin klarong maunawaan ang mga anti-Partido at kontra-rebolusyonaryong katangian nito upang maging negatibong halimbawa ang mga ito at upang mapaliwanag sa lahat ng mga kasama at sa sambayanan na ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbo ng Bayan ay may kakayahang wastuhin ang mga kamalian at muling itatag ang kanilang sarili bilang tunay na mga instrumento ng demokratikong rebolusyon ng bayan laban sa imperyalismong Amerikano at pyudalismo.

Ang Mga Kritikal Na Pangkating Taruc-Sumulong

Ang pangkating Taruc-Sumulong ay sadyang pinairal ang ideolohiya at aktibidad ng mga pangkat na maglalagalag na rebelde para sa sakim na kontra-rebolusyonaryong burges at feudal na mga layunin nito. Bagamat nagpanggap sila sa pangalan ng Partido at Hukbo sa loob ay inagaw din ang mga sataas na katungkulan sa pagpapatibay ng isang sistema ng huwad na paghihirang, lantad dito, tinahak ang kontra-rebolusyong paninindigan sa maraming mga suliranin at isyu na may salig-pang kahalagahan at ito'y ginawa sa'lantad na paglabag ng saligang pamamalakad ng isang Marxista-Leninistang Partido at Hukbo ng Bayan. Katulad ng mga tagapagsanay at tagapagtaguyod ng Lavaismo, ang pangkating Taruc-Sumulong ay hindi itinuring na kinakailangan sa pasimula noong 1964 hanggang 1969 ang pagpapalabas ng Bagong Saligang Batas at Programa ng Partido at iba pang mga dokumento at direktiba upang mapalitan ang mga lumang dokumento na inilabas noong mga taong 1946-51 at yaong mga arbitraryong inilabas ni Jesus Lava bago sumuko. Ni walang anumang pagtatangka sa panig ng mga tagapagsanay ng Lavaismo at Taruc-ismo na gamitin ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, hinggil sa kongkretong praktika ng Rebolusyong Pilipino. Patuloy lamang nila itong nilisan at nilabag.

Sa kabila ng pag-angkin nito sa liderato, ang pangkating Taruc-Sumulong ay sadyang nabigong maglabas ng sapat, maliwanag at wastong patnubay ng Partido upang mabigyan ng tumpak na direksiyon ang sandatahang pakikibaka. Iwinalat nito nang lubusan ang prinsipyo ng rebolusyong agraryo at kailanma'y hindi gumawa ng anumang mahalagang hakbang upang maisulong it. Sa halip, ginamit lamang ng pangkating ito ang mga sandatahang pangkat ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan upang pilitin pamagitnan ng pangkating ito ang mga asendero at magsasaka; ang pamamagitnang ito ay pangunahing ginagamit upang sang-ayunan ang mga asendero na nakakakuha ng kanilang naisin sa pamamagitan ng pagbibigay ng salapi at bigas sa "rebolusyonaryong" pondo. Sa ganitong paraan, ang pangkating Taruc-Sumulong ay nagtatangkang ihiwalay ang Pulahang Hukbo sa masa ng mga magsasaka. Pinayabong ng pangkating ito ang pananaw ng pangkatin ng mga naglalagalag na rebelde batay sa kriminal na pangtangging ibatay ang paglaki at pag-unlad ng Hukbo ng Bayan sa pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupa at sa pangmasang pagpapakilos bilang tunay at malakas na batayan para sa isang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Sa kabilang dako, sistematikong ginagamit ng pangkating ito ang mga pangkat ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan upang higit na gamitin sa paninilit sa mga magsasaka kaysa mga asendero na lalong naiiskilang kaibiganin. Ginagamit ng pangkating ito ang mabahong pagdadahilan na ang mga asendero ay kinakailangan para sa isang "nagkakaisang hanay" laban sa imperyalismong Amerikano lamang. Ngunit kapag nahaharap sa partikular na pangyayari na ang mga maralitang magsasaka ay pinalalayas ng mga imperyalistang Amerikano, asendero at burukratang kapitalista sa kanilang mga lupa tulad ng pangyayari sa Concepcion, Tarlac, na kung saan ang mga magbubukid ay pinalayas upang maitayo ang higanteng instalasyong pangradyo ng Voice of America, inutusan ng pangkating ito ang Hukbo ng Bayan at ang masa ng magsasaka na itigil ang

pakikibaka laban sa pagsasamantala sa kanila. Sa karaniwang pangyayari, ang pangkating Taruc-Sumulong ay kumilos upang pigilin ang mga pangmasang kilos na pagtutol at welga ng mga manggagawa laban sa mga base militar ng Estados Unidos at kontra-rebolusyonaryong pangangatwiran na ang Angeles City ay mawawalan ng karaming negosyo kung ang mga imperyalistang Amerikano ay itatakwil at tatalikdan.

Walang kahiliyan, itinakda nang malawakan ng pangkting ito ang pagsalit ng mga pangkat ng Hukbong Pulahan bilang mga tagapangalaga ng mga kuman at bodega ng mga asendero sa mababaw na dahilang ito'y "totohanang pagtutol sa mga magbubukid upang dayain ang mga asendero". Ang oriyentasyong ito ay malinaw na taliwas na layunin ng Rebolusyon sapagkat ang mga magbubukid ay kinakailangan gumamit ng pandaraya o maging mapalinlang sa kanilang pakikibaka laban sa mga asendero. Ang nakatataas na layunin ng Partido at ng Hukbo ay ang pagpukaw at pagpapakilos sa mga nagsasaka upang maging isang rebolusyonaryong lakas na pangmasa na may kakayahang durugin ang mga kalaki ng pondalismo.

Ang mga nagsasaka ay patuloy at kusang-loob pa ring nagbibigay ng tulong sa Hukbo ng Bayan. Kanyayari ito sapagkat kaming mga nakararaming Pulahang Kumander at kawal ay palagiang nagsisikap na gawin ang aming makakaya upang matulungan ang mga nagsasaka sa labas ng burukratikong kontrol ng pangkting Taruc-Sumulong. Dunga ng aming pagiging malapit sa masa, kaming mga nakararaming Pulahang Kumander at kawal ay lagi nang pumapanig sa mga nagsasaka laban sa mga asendero, sa mga sandatahang ahente at kawal ng reaksiyonaryong pandahang burges at iba pang masasamang elemento katulad ng mga magnanakaw ng kalabaw, kotrabida at bandido.. Sa maraming lugar, napagtagumpayan na kapin ang pagpapababa ng upa sa lupa at ng interes sa pautang na lampas pa sa ipinanganako ng Agricultural Land Reform Code. Upang sanlis ang panglalapastangan at pang-aabuso ng uring asendero at ng burges rebolusyonaryong pamahalaan, ginagamit naman ang aming mga sandata upang lipulin nang sabay ang kanilang mga malaking kinatawan at mga utusang aso sa maraming lugar na kung saan ang mamamayan ay nasa kalagayang lalong mahusay na kaysa sa ibang lugar. Nagagawa din naming matulungan ang mga nagsasaka sa kanilang pang-araw-araw na gawain at pamumuhay.

Datapwat sa tuwing ang pangkating Taruc-Sumulong ay nilalapitan ng mga asendero tungkol sa kanilang mga pakikipag-alitan sa mga magsasaka, ang mga kapalaanan ng huli'ay ipinagbibili at, bunga nito'y nasasabotahe ang mga mabuting gawain ng Hukbo ng Bayan. Kaya't, ang mga nagsasaka sa mga ilang lugar ay nagdaraanan sa katotohanang silay ay nagbibigay ng tulong sa isang hukbo na ang-liderato ay pumapanig sa mga asendero. Gayundin, nagkakaroon ng pagkalatnoi ang mga reaksiyonaryo at kontra-rebolusyonaryong reporsista upang sirain ang Hukbo ng Bayan at maihanda ang pagtataksil at pagpaslang sa mga Pulahang kawal na naga lalangan, lalo na sa mga lugar na kung saan kami'ay nagsusumikap na pumapasok pa lamang.

Sa mga welga ng mga manggagawa at mag-aaral sa Gitnang Luson, ang pangkting Taruc-Sumulong ay pabayang nagsawalang-kibo samantalang ang nagbabaring uri at ang mga sandatahang ahente nila, ang Philippine Constabulary at ang mga lokal na pulisya, ay inilunsad los ang kanilang paghihiganti sa mga welgista. Sa iba pang mga pangyayari, ang pangkating Taruc-Sumulong ay walang kahihiyang ginagamit ang mga pangkat ng Hukbo ng Bayan upang pilitin ang mga welgista at ang kanilang organisasyon na sumuko sa mga kapitalistang nagsasamantala at ang kanilang kompanya ng seguridad o paaralan. Ginawa ito bilang kapalit ng-kanilang salapi.

Ang pagsuko ng uri, pakikipagsabwatan ng uri at pagtataksil ng uri ay labis-labis na ginawa ng pangkating Taruc-Sumulong sa iba't-ibang paraan. Sa politika, ito ay nagpapingkaw sa mga pinakamalaking kinatawan ng mga nagsasamantalang uri -- tulad nina Marcos, Nepomuceno, Cojuangco at iba pang kasuyo nila, "makipagkumpadre" sa mga reaksiyonaryong pulitikong ito at pumanok sa mga kasumbungan "ceasefire" at "pagtangkilik pampulitika" sa kanila. Ang katulad ng pakikipagsabwatan sa mga reaksiyonaryong pulitiko ay pinagbuyarsan na sa pamamagitan ng pagkakabunyag at pagkakapaslang sa maraming mga kasama matapos ang halalan ng 1969. Ang pagtataksil ng uri na ito ay walang iba kundi isang larawang pampulitika ng maka-burges, kontra-rebolusyonaryo

...ng Taruc-Sumulong. Alinsunod dito, ang ...ay sarado na kinukolat ang "pilosopiya ng kaligtasan" sa ...ulong sandirigma. Ang pangkating ito ay kailan lamang nag-utos ng ...pagtipon ng mga kampuhan, inilulunsad ng mga rebolusyonaryong kumander ...ang mga dokumento ng kaaway at mga reaksiyonaryong ahente ...field command. Upang mapagbigyan ang malalaking reaksiyonaryong ...ito, dinutos ng pangkating ito ang pagpapasuko sa isang kasama nang ...lamang sa salapi. Sa kabutihang palad, ang kontra-rebolusyonaryong ...ng kasama ay nabigo.

...ng kontra-rebolusyonaryong rebisyonistang ...ng rebolusyonaryong pakikipaglaban sa kaaway ay ang pangako ng kaaway ...ng pagkilala sa lupain, ari-arian at investment ng pangkating ...Tuloy sa lungsod ng Angeles at sa iba pang lugar at piti na ang ...ng pangkating ito sa mga mangangalakal, asen-...Ang pangongolekta ng pangkating ito ay nasa ilalim ng ...-tong pagpapaliya ni "Kumander" Sumulong sa ngalan ng Partido at ...Ang walang-prinsipyong pakikipagyaring ito ay lagi nang binibigyan ng lawak na pagpapatuloy sa mga terminong 'ekonomismo'. Subalit, ang pananalapi at iba pa-ariang nalikom ng pangkating ito ay pribadong inaari ng mga pangi-noon ng pamunuan ibo sa binakmasibang pammaraan at ihinihiwalay sa Par-tido at sa Hukbo.

Ang pangkating Taruc-Sumulong ay sadyang pinigilan ang paglaki ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at sinakal dito doon ang buhay ng Partido upang mapanatili ang kanilang sakim na maka-kapitalista at peudal na paghahari. Walang demokratikong sentralismo; mayroon lamang sentralismo ng isang big shot, ni "Kumander" Sumulong. Sa pag-nabusb ng kanyang pansariling alituntunin ng sentralismo na walang demokrasya, si "Kumander" Sumulong ay kriminal na gumawa ng mga isahang-taong desisyon ukol sa pagpatay ng mga "nagkasalang" kasama at mga ibang tao, pagkustay ng malalaking halaga ng salapi at iba pang katulad nito. Walang makatarungang paglilitis at batay lamang sa napakababaw na dahilan, na kadalasan'y may kinalaman sa koleksiyon ng salapi o sa negosyo, marami ang mga kaso ng pinasiyn niyang nararapat parusahan ng kamatayan at maramihang pagpapalayas ang naganap sa utos niya. Ang pangkating Taruc-Sumulong ay higit na may tumitinding pagkagutan sa kamatayan ng mga kasama at iba pang mga tao dahilan sa ilang maruruming kasunduan tungkol sa negosyo at hindi dahil sa rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka laban sa kaaway. Sa pag-sunod sa sektaryong estilo ng liderato ng Jose at Jesus Lava, gumawa sila ng mga gawa-gawang kaso ng "finance opportunism" na kadalasa'y kinasangkutan ng napakalliit na halaga upang siraan at bigyang matuwid ang maramihang pagpapas-lang sa mga kasama na walang pagsasaalang-alang sa kasaysayan ng kanilang buong buhay bilang mga kadre.

Sapagkat ganap na walang demokrasyang pinaiiral ang pangkating Taruc-Sumulong, walang sistemang pangkomite, walang sicluna ng mga Political Commissar, walang oiskusyon na pag-aulat at walang pagtutuos ng pondo, ang mga pangyayon ng pangkating ito ay nasa katayuan upang gumawa ng mga arbit-raryong desisyon, ang-unan ang mekanikal na disiplina ng ilang mga kasama at sandatahang pwersa at gumawa ng malakihang "finance opportunism" na nakikita sa pamamagitan ng kanilang kahiya-hiyang marangya at maruming pamu-muhay, sa pamamagitan ng kanilang pagkakaroon ng maraming asawa, paglustay ng salapi ng Partido sa mga personal na kaparaanan, sa pamamagitan ng kanilang maraming piging para sa kanilang mga kabigang reaksiyonaryo at "kompadre" at sa pamamagitan din ng kanilang pagkakaroon ng mga malalapit na kamag-anak na nakakuha ng mga pribadong titulo ng malalaking ari-arian na dapat ay nasa kamay ng Partido at sambayan.

Sa patuloy na pag-dangkat ng estilo ng hampaslupa at proletaryadong-lumpen sa loob ng Partido at Hukbo at sa pagpanap bilang isang pasistang gangster o pag-uugali bilang isang waliit na warlord, si "Kumander" Sumulong ay nagpapakita ng mga maton at pulis-karakter sa mga mataas na katungkulan ng kanyang staff, inihalo ang mga taong ito sa mga tapat na kasama at sa gayo'y inilagay ang mga kasamang ito sa panganib, personal na binubugbog silang pinahihirapan at inuutos na ipapatay sila kailanman hindi nila nabigyang kasiyahan ang kanyang mga kahilingan sa pananalapi. Ginamit din ni "Kumander" Sumulong ang pangalan ng Partido at Hukbo sa pagpapautang ng salapi sa mga

[illegible] na nanaloy sa interes na 50% bawa't buwan, sa paniniit na ipag-[illegible] ng mga mga kri-kriak sa halagang siya ang [illegible]papasiya at sa pinaniniki sa mga na negosyo ng halapi at palay. Tunay na kanyang kina-sanayan ang mga pamamt ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan upang mapatakbo ang kanyang masmang gawaing pangnegosyo sa estilo ng isang protection gang. Ang isang ito na nagpapangap bilang Commander-in-Chief at National Finance Officer ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ay isa sa pinakapanapanil na dayukdok na nanirahan sa loob ng Partido t Hukbo. Pananagutang buo ni Pedro Taruc ang kanyang pagiging kasabwat ni Sumulong.

Dahilan sa kanilang sukdin na kontra-rebolusyonaryong interes, ang pang-kating Taruc-Sumulong ay natatakot na makita ang pagbubuo ng isang partidong Marxista-Leninista sa loob ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan. Natatakot sila sa panloob na demokrasya at sa paggamit ng pagpupuna at pagpupuna sa sarili sa loob ng Partido at Hukbo. Natatakot silang makita ang mga kadre at Pula-hang Kawal ng Partido na itinataas ang kanilang kalidad at ang Partido at Hukbo na nagpapalawak sa ilalim ng patnubay ng Kaisipang Mao Tsetung. Nata-takot silang mabunyag, mapina at matakwil. Dahil dito higit na nais pa nilang kanilang sila ang pinuno ng kriminal na sindikato. Naliwanag na ngayon at hindi mapatatawad kung bakit ang pangkating Taruc-Sumulong ay patuloy na isi-nasagawa ang sektaryanismo at isang bagong uri ng closed-doorism. Bigo sila sa kanilang pagnanais na pigilin ang paglawak ng Partido at Hukbo at ang pagsibol ng mga rebolusyonaryong organisasyong pangmasa upang mailalis nila ang mga mabuti at mapanatili ang mga masama at maipagpatuloy ang taksil na kontra-rebolusyonaryong pamamatnugot nila at ang kanilang sistema ng pribadong pag-aangkin ng kayamanan. Ang pangkating ito ay nagnanais na sapanginoonan ang Partido at Hukbo sa Gitnang Luson na para bang ito ay kanilang "malayang kaharian". Ginagawa nila ito sa panahon na ang pagmamadaling pangangailangan ay ang pagbubuo ng Partido at Hukbo bilang malapit at masigasig na lingkod ng mamamayan sa isang pinatanang lawak.

Mga Pagkakaiba-iba't ibang Pangkating Taruc-Sumulong

Ang maitim na linyang burges na dala-dala ng pangkating Taruc-Sumulong sa Gitnang Luson ay may pangkasaysayang ugat. Ang mga pinagmumulang ugat nito ay matutuklasan sa kontra-rebolusyonaryong rebisyonismo at Deretsistang oportunismo ng pangkating Lava. Ito ay isang sanga lamang ng mahabang linya ng Deretsistang oportunismo na namayhay sa kasaysayan ng Partido at pumigil sa paglaki ng Partido at Hukbo at pumipinsala sa patuloy na pagsulong ng Rebo-lusyon. Ito ay tuwirang nakaugnay sa Deretsistang oportunistang linya ng Lavaismo sa loob ng Partido Komunista ng Pilipinas sa nakalipas na tatlumpu't-apat na taon o magkabilat noong kalagitnaan ng mga taong 1930. Ito ay kaagad na nasa-ugnay sa maitim na linyang burges na itinataguyod ni Jesus Lava na sa kanyang pagiging hiwalay sa masa ng mamamayan, sa masa ng mga kasapi ng Partido at sa masa ng mga Pulahang Kawal at sa kanyang paghahanda upang sumuko sa kanway matapos na mabigong tanggapin ang tulong ng mga kapatid na partido sa kanyang hangaring tumakas palabas ng bansa, ay gumawa ng isahang-taong pagpihirang at desisyon na kinapakinabangan ng kanyang mga malapit na kamag-anak at ng kanyang kasapakat sa kontra-rebolusyon, si Pedro Taruc, na naghirang naman sa kanyang malapit na kamag-anak, si "Kumander" Sumulong, bilang Commander-in-Chief at National Finance Officer ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan.

Bago sumuko si Jesus Lava kay Macapagal sa pamamagitan ng isang medical officer ng Social Security System, inangkin ni Lava ang titulo ng Tagapangulo ng Partido at naghirang ng isang bilang ng mga kalihim upang buuin ang Party Secretariat. Kabilang sa mga nahirang na kalihim ng Partido ay si Pedro Taruc na ipinagay bilang kalihim para sa mga pagsasaka. Malaya sa iba pang kalihim na pawang taga Maynila, gumawa si Pedro Taruc ng isahang-taong pag-hihirang at desisyon, kabilang na rito ang pagpapatibay kay "Kumander" Sumulong bilang pinunong pangmilitar at pananalapi ng pangkating Taruc-Sumulong. Si Sumulong ay nahirang sa kanyang posisyon sa kabila ng katotohanan na ang kaso laban sa kanya sa loob ng Partido, paglustay at panggagahasa, ay hindi pa maayos na naililitis.

Upang gumawa ng pagbubunyag at pagwawasto sa mga kamalian sa loob ng Partido at Hukbong Mapagpalaya ng Bayan sapagkat kaming mga nakararaming kasapi ng Partido at mga Pulahang Kawal ay nananatiling tapat sa Partido at

ng mga Pilipino. Ang Partido at Hukbo ay nagpapatuloy sa ilalim ng mga kalagayan ng pagkakait sa kanilang mga kasapi ng mga karapatang pantao, mga malawak na pakararami ay nanatiling tapat sa mga ideya at prinsipyo ng Partido at walang humpay na ginagamit ang linyang anti-pulis at walang humpay na pinagsumikapang linawin ang Taruc-Sumulong na di-maka-uring pangkin sa lider-ship ng Partido at Hukbo sa Gitnang Luson ay malaon nang naging sagabal sa pagsulong ng Rebolusyon at malimit na pasanin sa mga pagsisikap ng kanilang mga kasapi at kaibigan. Ang pagkakalantad ng mga pinakamasasamang krimen ng Taruc-Sumulong ang nagpasiklab sa mga pinakamasasamang kriminal sa loob ng Partido at Hukbo. Napakahusay, kung gayon, kung ang Partido at Hukbo ay magkaisang kilusan sa pagwawasto, sa ideolohiya at pulitika at organisasyon, upang linisin ang Partido at Hukbo at muling gilas, higit na malukas na lingkod ng masa ng mga mamamayan.

Ang kabiguan ng mga o yaong mga tumatangging sa tawag ng pagwawasto ay kitang-kita sa pagkabigo ng kanilang sarili sapagkat kung ang kasasaan ng pagkakasala Taruc-Sumulong ay hindi itatakwil ngayon, gagamitin ito ng mga kaaaway ng uring lahat ng Partido at ng Hukbo ng mamamayan. Ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbo ng Bayan ay hindi matutupad ang mga tungkulin sa Rebolusyon kung hindi magkakaroon ng pagpupuna at pag-wawasto sa sarili, kung hindi magkakaroon ng kilusan sa pagwawasto at nililinang ang mga tunggalin rebolusyonaryo, kung hindi mapupukaw ang mga kasa-pakan upang mailoya nilang maunawaan ang kanilang iniisip at kung ano ang kanilang ginagawa. Hindi lahat ng mga krimen ng pangkating Taruc-Sumulong ay nakarating mailahad sa dokumentong ito. Tanging ang gamap na pagsulong ng kilusan sa pagwawasto sa hanay ng mga kasapi ng Partido at Pulahang Hukbo ang lubos na makapagbibunyag nang buong lawak sa kanilang mga krimen at makapagliliwanag sa landas para sa proletaryong rebolusyonaryong linya ng Kaisipang Mao Tsetung.

Gayunman, upang lalo itong maging makahulugan at makatulong nang malaki sa Partido at Hukbo ng Bayan, ang kilusan sa pagwawasto ay dapat masaklaw hindi lamang ang mga kamaliang nagawa ng pangkating Taruc-Sumulong kundi pati na ang buong kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa ganitong lawak ng pagsusuri, maaunawaan sa gayon ng mga kasama kung bakit ang pangyayaring pangkating Taruc-Sumulong ay sumibol at kung bakit, halimbawa, marami sa mga pumasok sa Partido at Hukbo sa ibi't-ibang yugto ang nagingpasibo, takot at alinlangan sa pagtupad ng mga tungkulin sa Rebolusyon o' buwalgtad upang kumilos laban sa Partido at Hukbo bilang mga kontra-rebolusyonaryo. Upang maunawaan na ang kasalukuyan ay isang bagay na nagbabago tungo sa hinaharap, na kung saan ang mga tunay na proletaryong rebolusyonaryo ay sususulong at ang mga nabubulok na tumatalunton sa landas ng kapitalismo ay itinatapon sa pusalian ng kasaysayan, dapat nating malaman ang nakaraan na nagdala ng iba't-ibang kamalian at kahinaan at nagdala rin ng mga bagay na mabuti at matatag sa atin ngayon.

Ang isang pagkaunawa sa buong kasaysayan ng Partido ay kinakailangan, hindi sa kapakanan lamang ng mga kasapi ng Partido at Pulahang Hukbo na direktang kumikilos ngayon para sa ikapagtatagumpay ng Rebolusyong Pilipino ay isang bagong sulirin lamang. Kayakahalaga na samantalahin natin ang mga aralin ng nakaraan at ng mga positibo at negatibong karanasan ng mga dati-hang kasapi na ngayo'y siyang bumubuo ng minorya sa loob ng Partido at Hukbo.

Sa mga sumusunod ay ilalahad natin nang maikli ang mga pangunahing yugto sa pag-unlad ng Partido at ng Hukbo, na may natatanging pagpapahalaga sa mali at may maikling pagtalakay-diin sa mga dahilan ng pagkabigo. Para sa lalong ganap na pagkaunawa sa kasaysayan ng Partido, kinakailangang isunay ng mga kasama ang dokumentong ito sa higit na malawak na dokumentong "Wastuhin ang mga kamalian at kahinaan ng buuin ang Partido" na naunang inilathala ng Partido.

1. Ang Unang Bago ang Pagtatatag ng Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon.

Sa mga huling buwan ng taon, matapos na ito ay pormal na itatag noong ika-7 ng Nobyembre, 1942, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay hindi lubos ng kilala ng mga Pilipino bilang isang rebolusyonaryong partido ng uring manggagawa at ang papel na ginagampanan nito sa kawalan ng

[illegible] ng Hukbo, ang Partido ay walang tagapagtanggol. Ilang buwan matapos ang [illegible] na pagtatatag nito, ang imperyalistang Amerikano at papet na pamahalaan ay gumamit ng mga masasalang hakbangin laban sa Partido. Noong 1932, ang Partido at lahat ng mga organisasyong pangmasa na nalapit dito ay pormal na [illegible] ilegal ng reaksiyonaryong pamahalaan at ang lahat ng mga prinsipal na lider ng Partido ay naparusahan, ikinulong at itinapon sa iba't-ibang kabisera ng bayan. Habang ganap na ilegal ang liderato ng Partido ay hindi napigilan ang kumilos[illegible] ng pagbubuo ng Partido sa hanay ng mga magsasaka. Sa katunayan ng mga taong 1930-40, higit pang nasigasig ang ginagawang malawakang pagkilos ng ibang sektor para sa kalayaan at reporma sa lupa.

Noong 1937, ang Partido ay muling pinahintulutan upang kumilos nang legal bilang isa ng Anti-Hapones Prente Popular at noong 1938, ang pagpipisan ng Partido Komunista at Partido Sosyalista ay ginawa sa ilalim ng impluwensiya ng Dereturistang oportunistang liderato ni Earl Browder ng Partido Komunista ng Estados Unidos. Ang Partido ay patuloy na ibinukas ang kanyang lakas sa muling [illegible] at walang sandatahang paghahanda ang ginawa sa bukirin laban sa inaasahang pananakop ng Hapones. Tanging mga kampanya para sa bolun-taryong pag-boycott ng produktong Hapones ang pangunahing ginawa ng kilusan ng mga unyon, samantalang ang ilalim ng liderato ng Tagapangulo ng Partido [illegible] ng Pilipinas na si Crisanto Evangelista. Ang mga kadre ng Partido ay patuloy na lumahok sa legal na ahitasyong pambukid. Sa panahong ito, ang mga kasapi ng Partido na may pananaw na peti-burges, na nakilala sa [illegible] sila sa mga kalayaang sibil, na ang pangunahing kinatawan ay si Vicente Lava ay nagsimulang magkaroon ng prinsipal na impluwensiya sa Partido.

2. Ang Pangkalahatang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon.

Ang Hukbo ng Bayan sa Kanayunan ng Hukbalahap ay itinatag sa ilalim ng liderato ng Partido noong ika-29 ng Marso, 1942, sa Gitnang Luson. Magbuhat noon, sa pagpapatuloy ng sinabi ng Kawanang Mao Tsetung na ang kapanyarihang pampulitika ay nagmumula sa kanyon ng baril, ang Partido at kapanayan ay nagkamit ng ilang kapangyarihan at prestihiyo sa Gitnang Luson na hindi nila natamo noong una. Sa loob ng isang taon na paglulunsad ng digmaang gerilya, ang Hukbo ng Bayan ay lumaki mula sa maliit na puwersa hanggang sa isang malakas puwersa. Ang lakas nito ay mabilis na lumaki habang ito'y tinatanggihan ng mga magbubukid sa ilalim ng mga umaayong kalagayan tulad ng pagpapalit ng mga imperyalistang Amerikano at ng panahalaang Commonwealth ng Pilipinas, ng pagtubo ng kapangyarihan ng mga asendero sa bukirin, at ng maliwanag na pangangailangan ng mamamayan upang humawak ng armas laban sa pasistang Hapones.

Ngunit matapos ang pananalakay ng mga Hapones sa base ng Hukbo ng Bayan sa Nundok ng Arayat noong mga unang araw ng Marso, 1943, ang liderato ng Partido ng Dereturistang oportunistang si Vicente Lava ay napangibabawan ng pesimismo at itinagyod ang maling pataksrang "umurong para magtanggol" na isang pasibong linyang militar na nangangahulugang paglalansag ng mga sandatahang pangkat at pagpipigil ng pantaktikang pananalakay laban sa kaaway. Ang liderotong Lava ay nagtaroon din ng mga malubhang pag-aalinlangan tungkol sa kakayahan ng uring manggagawa na mamuno sa ilalim ng kalagayang ang kilusan pang-unyon ay nasa lunsod ay nasa kaguluhan. Hindi niya maliwanag na naunawaan na ang Partido Komunista ng Pilipinas bilang pinakamaunlad na destakamento ng uring manggagawa ay nasa bukirin na upang pamunuan ang masa ng mga magbubukid.

Ang pataksrang "umurong upang magtanggol" ay idineklarang mali noon na lamang Setyembre, 1944 nang ang lakas militar ng Estados Unidos at ang kanilang mga puwersang papet ay nagsimula na ng kanilang pagsalakay. Dahilan sa Dereturistang oportunistang pataksrang ito, na sumaklaw ng higit sa kalahati ng tatlong taon pamumuno ng mga Hapones, ang Pulahang Hukbo ay nawalan ng pagkakataon; nagtatag ng lalong malakihang puwersang panlaban at magpalawak na dagli sanay nagawa nito noong sa laosa ng Gitnang Luson. Ang plano na magpadala ng mga kadre na lbn't ibang mga bahagi ng bansa upang magpaunlad ng sandatahang pakikibaka ay hindi itinuloy maging noon pa mang 1942. Kung kaya ang pag-unlad ng sandatahang pakikibaka sa ilalim ng liderato ng Partido ay nagsimula lamang sa Gitnang Luson at sa isang malit na bahagi ng Timog Katagalugan. Higit pa rito, ang liderato ng Partido ay nabigong sawitin ang

[illegible] lakas nito sa mga lugar na kinahawakan ng mga [illegible]. Nalilinang na nabigo din itong ibunyag ang imperyalismong Amerikano bilang kaaway. Gayap na nabigo itong ipatupad ang patakaran ng Komunistang Internasyonal ng pagsamit sa anti-pasistang pakikibaka bilang [illegible] upang mailagay ang demokratikong pamahalaang bayan.

3. Ang Pagtatag ng Linya ng "Demokratikong Kapanguran".

Dahil sa pagkatalo ng puwersa ng imperyalistang Amerikano at puwersang reaksyunaryo ng Partido na pangunahing naimpluwensiyahan ng Deretsistang oportunista ni Vicente Lava at Luis Taruc ay unang sa mga pangunguna ng [illegible] sa kanilang pagtatayo ng ekonomya ng bansa. Ang Liderato ng Partido ay napasilip pa sa higit na mga Deretsistang oportunista tulad nina Pedro Castro at Jorge Fabella na nagtataguyod sa isang bukas at legal na pagkakaroon ng Partido sa estilo ng mga partidong burges at patuloy na [illegible] ang linya ng pagmiliwalay ng mga sandata sa mga pulahang kawal. Itinuloy nila ang mga ito sa kabila ng mga kasuklam-suklam na krimen na ginawa ng mga Imperyalistang Amerikano at ng kanilang papet laban sa mga lider at buong Partido, sa kabila ng pagpapaslang sa buong Politburo at sa kabila ng pagbibili ng sinulain ng malaking puwersa [illegible] ng Bonal Regiment upang tumanggap ng backpay mula sa Amerikano. Hindi nakilala ng Liderato ng Partido na ang mga imperyalistang Amerikano at ng mga kasapakat ay sistematikong binubuwag ang Hukbo ng Bayan upang mapalakas ang nandatahang kontra-rebolusyon at mapabalik ang kanilang paghahari sa mga bukirin at sa buong bansa.

Dapat sa kanyang Deretsistang oportunistang linya, ang liderato ng Partido ay inilipat ang kanyang hinpilan mula sa bukirin patungo sa lunsod, inalunsad ang Democratic Alliance na nagpangibabawan ng mga personalidad na burges, lumahok sa laro ng eleksiyong burges upang matuklasan lamang sa bandang huli na ang mga imperyalistang Amerikano, burgesyang komprador at mga asendero ay lalong sa mga alituntuning parliyamentaryo, upang makuha ang kanilang mais, tulad ng Bell Trade Act, Parity Amendment, at iba pang mga batas na reaksiyonaryo, at gagawin ang pinakamalupit na pamamaslang sa mga rebolusyonaryong lider at ng masa. Sa panahon ng "demokratikong linyang kapayapaan", ang mga reaksiyonaryo ay muling naibalik ang kanilang mga sarili sa mga luklukan ng kapangyarihan sa buong bansa at walang pakundangang pinamit ang kanilang mga sandata upang supilin ang mga mamamayan tulad sa mga rehiyon ng Gitnang Luson at Timog Katagalugan.

4. Ang Pagpapatuloy ng Sandatahang Pakikibaka at Abenturismong Militar.

Bunga ng pagpapaslang sa mga kagawad ng Kongreso na tinulungan ng Partido an mapo sa kanilang mga luklukang parliyamentaryo, ang pagpaslang sa mga rebolusyonaryong lider, Pulahang kawal at karaniwang mamamayan, at ng malawakang pagtawag ng mamamayan upang ipagpatuloy ang sandatahang pakikibaka, ang Deretsistang oportunistang liderato sa loob ng Partido ay nalipol at ang Partido ay nagpasiyang maglunsad ng sandatahang pakikibaka noong 1948. Agunit dahil sa kawalan ng sapat na kilusan sa pagwawasto na inilunsad laluban sa pang-organisasyong pagtatakwil sa mga Deretsistang oportunista, ang liderato ng Jose Lava na nagsikap na ipagpatuloy ang sandatahang pakikibaka ay nabigong gumawa ng mga wastong batayang pang-ideolohiya, pulitikal, at pang-organisasyon para sa isang pangmatagalang digmaang bayan. Habang ang Partido ay naglunsad na ng sandatahang pakikibaka, ang Deretsistang oportunistang si Luis Taruc na Commander-in-Chief ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ay pinahintulutan pa ring makipag-usap tungkol sa pagsuko at pag-aalis ng sandata ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan noong taon ding iyon ng 1948.

Sa pagsamit ng dogmatista at sektaryong pagpapalagay tulad ng maliwanag na ipinakikita ng PD Resolutions ng 1950, ang lideratong Jose Lava ay pinagtibay ang sobrang-pusok na linyang peti-burges ng nabilisang tagumpay militar na loob ng dalawang taon na nagpapalagay na maliit ang kaaway at napakalaki ang rebolusyonaryong puwersa. Ito ay lubusang paglabag sa estratehikong prinsipyo ni Mao Tsetung tungkol sa pangmatagalang digmaang bayan. Ito ay isa lamang na subetibong konklusyon na narating sa pamamagitan ng

malaking kapalpakan sa mga pinilabas na posibilidad tulad ng pagkakaroon ng [illegible] ng ganap na pagbagsak ng kapangyarihan ng Estados Unidos at ng [illegible] sa hanay ng mga pampulitikang pakpilosopiya ng bansa na kinulang sa kayarian at [illegible] sa loob ng dalawang taon. Ang puwersang militar sa loob ng dalawang taon ay labis na lumaki sa mga sobrang-mabilis na puwersa, pinadaan sa mga hindi matatag na lugar at halip na sumalong na panlon-alon at pinilit ang pangingibabaw ng mga burges na [illegible] pang-digmaan at sektaryong paggpaparusa sa mga [illegible] kadre, kawal at masa. Habang lalong winawasiwas ng liderato ng Partido at Hukbo ang [illegible] bandila ng kompidismo ay lalo namang napapa-. lamlay ang Partido at Hukbo sa masa na ginagawan ng mga sektaryong pang-abuso. Ang mga sektaryong pang-aabusong ito ay inulit sa malakihang paraan ng mga rebisyonaryong kawal na nakasuot sibilyan at ibinintang sa Partido at Hukbo ng siyo'y lalo silang nahiwalay sa masa.

Ang "Iskiyerdistang" oportunistang liderato ni Jose Lava (Politburo-In at Secretariat) ay nakinabang sa lunsod at mula doon ay nagdidikta ng kanyang mga oportunistang utos. Ito ay may isang sub-command na nasa ilalim ni Jesus Lava (ang binatawag na Politburo-Out) na nakahiwalay din sa kinalalagyan nilang bansot pisikal, hindi isang basehg pampulitika, sa pusod ng Sierra Madre ng Laguna, malayung-malayo sa mga pangunahing puwersang militar na nasa kapatagan ng Gitnang Luzon. Hindi pa man natutupad ang kahilingan ng primitibo pamunuang ito na papagpasiyahan ng PB Resolutions noong 1954, ang lideratong Jose Lava ay mabilis na naduroy sa pamamagitan lamang ng ilang pangungusap (ganting salakay, tulad ng pagkadakip ng punong himpilan ng Partido sa Luzon, ng malakihang pagkubkob sa Sierra Madre, ng pagputol-putol sa dalin at mahihigit na linya ng mga kagamitan at komunikasyon, ng pagkilong pagtaid ng kanyang sa marming sektaryong aktibidad ng malaking kalang ng mga pangkat ng Partido at Hukbo at maramihang pagpupuslit ng kanyang sa loob ng punong himpilan ng Partido dahilan sa liberal na patakaran ng pangangalap ng kasapi sa lunsod. Ang lideratong Jose Lava ay may pananagutang kriminal sa halos na ganap na pagkakapuksa ng Hukbo ng Bayan sa napakaraming pook sa dalawang taon at sa pinakawalang habag na pagsasakripisyo sa buhay ng mga kadre ng Partido at ng Pulahang kawal sa buong Kasapyanan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

3. Ang Panahon ng Patuloy na Pagkasaping Militar.

Matapos na mapuksa ng kanyang liderato ang liderato ng Partido, kasama si Casto Alejandrino bilang Commander-in-Chief, at ipinagpatuloy ang "Iskiyerdistang" oportunista at sektaryong linya ng kanyang kapatid. Idinahilan ang kabiguan ng liderato ng Jose Lava sa pagsipsip pabaya lamang, sa pantaktikang kamalian ng mga ilang kadre, sa kaidentehan lamang, at patuloy na tinagtay ang linya ng kanyang kapatid at hindi nagbunsod ng isang lubhang kailangang kilusan sa pagwawasto. Ang liderato ng Jose na naglantad ng lubhang walang kwalaman sa teorya ng Partido, ang bayan ay itinanggol na ang estratehikong yugto na kinapapalooban nila ay noong 1953 ay hindi estratehikong depensa ni estratehikong pananalakay kundi ang mapulong-dalo na tinawag na estratehikong "ganting-salakay". Ang resolusyon ng Komite Sentral noong Pebrero-Marso, 1951 na nagtaas kay Jesus Lava sa pinakamataas kalihin ay hindi nagpuna ng anumang malaking kamalian ng nakaraang liderato ng Partido.

Sa pagkakamkam ng bagong liderato ni Luis Taruc at ang kanyang pangkatin ay isinulong ang Peretcistang oportunistang linya ng pagsisi ng negosasyon para sa kapayapaan sa kanyang batay ng kabisera. Ang kapitulasyonistang linyang ito ay nagdulot ng napangwasak sa implementasyon ng pagdadala ng dandamin sa marming kawal upang sumuko kahit na di nga lagay na ang Hukbo ng Bayan ay malakas pa rin. Noong 1954, ang kanyon, napagkanulo at oskirol na si Luis Taruc ay sumuko sa ilalim ng pagtatagubilin ng Central Intelligence Agency.

Habang ang kanyay ay nagkukunsad ng sunud-sunod na malakihang kampanya ng pagkubkob at pagputol noong 1951, ang Partido at ang Hukbo ay malubhang nanganib sa dalawang malaking paksiyon at ang liderato Jesus Lava ay nabigong magbigay ng liderato may makayahang pag-isahin ang lahat sa liderato ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon para sa isang pang-

Kabuoang Direktiba Nayon. Ang relasyon sa pagitan ng Partido at Hukbo sa loob mismo ng Partido, sa pagitan ng mga pinuno ng Hukbo at ng mga kawal sa kabila at sa hanay ng mga kawal ay tinalo ang liderato. Hindi nagtagumpay ang liderato ng Partido. Hindi nakapagbunga kundi lalo pang pinasidhi ang sarahas na pakikibaka ng nakarang liderato at pinuloy na pinalaganap ang lunggy na pamunu militar.

3. Ang Bulok Parilim ng Oportunismo at Takbo-ismo.

Noong 1977, ang liderato Jesus Lava ay napangibabawan ng posisismo dumoi na nagpatuloy pa bilang bunga ng walang humpay na pagkagapi nito sa militar at pulitikal sa masa. Ang kanyang dogmatismo, "Iskiyer-dadong" oportunismo at sektaryanismo ay madaling bumaligtad at naging kapitulasyon at burgesyang oportunismo. Bunga ng patuloy na pagkakatalong militar, ang liderato ito ay tumalak sa linya ng parliyamentaryong paki-kibaka. Noong 1977, ito ay tumbot pa sa paglalansag ng mga sandatahang pwersa ng Hukbo. Dayon na kaya pa nitong abutin at pinalitan ito upang "ipagpatuloy ang pang-organisasyon". Habang si Jesus Lava ay naghahanda upang lisanin ang sandatahang pakikibaka at ang bukirin, nilansag niya ang mayroon nang pangkat tagapanglaga. Sa panahong ito, ang mga rebisyonis-tang tagasunod ni Khrushchov ng Unyong Sobyet ay inilunsad na ang pandaigdigang kampanya para sa "parliyamentaryong landas" ng rebolusyon at posibilidad ng "mapayapang transisyon". Noong 1958, tumakas mula sa bansa si Sison at iniwan ang kanyang karera bilang pangkalahatang kalihim sa kan-yang nakalubog sa lungod at doon siya nagpalabas ng mga transisyong pangpulitika at direktiba mang walang ni anumang kolektibong pagtatalakayan ng kapwa niya lumapan. Ang takbo-ismong ito ay tinularan ng iba pang mga prinsipal na lider ng Partido, partikular na ang Commander-in-Chief ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, si Casto Alejandrino.

Ngunit hanggang ang mga pagpupunyagi ng Partido sa parliyamentaryong pakikibaka ay hindi tuwirang nagbunga. Ang mga malayang pagpupunyagi ng mga lider ng rebolusyong burgesya at panglunsod na poti-burgesya ay isinulong ang linya ng anti-imperyalismo na napag-iyanan ng liderato Jesus Lava sa ahi-tasyong pampulitika. Ang higit na nakapilay sa Partido sa panahong ito ay dagat ouunod sa dahong-pilang patakaran ng pang-organisasyon. Ito ay liki-dasyonismo sa lunsoy at simpleng pamamalita, na nagwasak sa kolektibong buhay ng Partido. Ang malawak na nakararaming kasapi ng Partido ay naging pasibo at nawalan ng konsiksiyon sa mga kadahilanang sila ay madaling mapahiwalay sa isahang-pila, sa pagtatanuli ng iang kasapi ng Partido, sa lumalaking pag-kapasibo at oportunismo ng iba pa, o dahilan sa kadalangan ng mga ugnayan. Noon na lamang 1980 nang ang mga bagong kasapi ng Partido sa legal at ilegal ng hanay ng pakikibaka ay lumitaw at nagbigay ng bagong lakas sa Partido at Hukbo.

Sa pagpapatuloy na pagtalak ng kanyang takbo-istang patakaran, buong kabigunang naglangka si Jesus Lava na lisanin ang bansa. Matapos mabigong gawin ito, sinikap niyang himukin si Pangulong Macapagal sa pananagitan ng mga liham ng pagtangkilik sa kanyang mga patakarang burges at sa kahuli-hulihan'y sinulatan ito ng isang liham ng kataksilan na nag-aalok ng kanyang pagsuko. Bago siya "tanggkip" ng kanway noong 1964, nag-isa siyang gumawa ng mga pagbibirang sa liderato ng Partido. Ang mga pagbibirang na ito ay batbat ng nasyonalismo, at manipis na ikinukubli sa pamamagitan ng pagbirang kay Pedro Taruc bilang "kaaliban para sa mga nagbasehka". Ang nepotistikong katangian ng iba pang mga pagbibirang sa Party Secretariat ay naliwanag sapagkat ang mga tinanggkilik ay mga malalapit na kamag-anak na kailanman ay di-naunkod sa gawaing pampartido at gawaing pangmasa.

7. Ang Kaitang ng Kaisipang Mao Tsetung sa Partido at Hukbo.

Ang Dereksiobang oportunistang linya ng liderato Jesus Lava ay nag-uugat-ugat sa dalawang bulok at kontra-rebolusyonaryong tunguhin. Sa pagkakawari ng pagkawala ng ugnayan sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at sa mga kadre ng Partido na pinamumunuan ni Pedro Taruc, ang mga tagapagsana ng liderato ng pamilyang Lava ay tinanggap ang bendisyon ng taksil na pangkat ng rebisyonistang Sobyet, sangdaos ng sariling komperensiya noong Abril, 1968

upon. Inaprubahan ang pagkilala ng "malayang angkan" ng mga Lava at pormal na isinulong ang linya ng pagdalungat sa mga kalahok sa sandatahang pakikibaka, ng mapagsasailalim sa liderato ng reaksiyonaryong pamahalaan na reporma sa lupa, ng pagsalungat ng nagkakaisang-hanay sa sandatahang pakikibaka at ng pag-ulit sa dating kanalian ng pagpapahintulot sa mga pe-queñong burges na pamunuan ang liderato sa inaakala nilang isang pormal na organisasyon ng nagkakaisang hanay. Sa kabilang dako, sa pagkukunwari ng pagtatanggol sa mga lantarang lokal na rebisyonistang taksil sa Kalumpang lugar sa Gitnang Luzon, ang pangkating Taruc-Sumulong ay itinakda ang isang kontrabidang lugar sa Gitnang Luzon, bilang sariling "Hukbong Mapagpalaya ng Bayan" upang ito'y lalong magpalala pa ng umiiral na kalituhan sa hanay ng mga rebolusyonaryo at bukirin tulad nang naipaliwanag na. Si Pedro Taruc, sa pamamagitan ng sarili niyang kilos, ay ginawa ang mga malubhang krimen ng pagtiwalag kay Sumulong bilang Commander-in-Chief ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at National Finance Officer sa kabila ng katotohanang ang huli ay nakiharap sa malubhang kaso ng paglulustay at kabulukan na nagawa noong 1963.

Ang nagresultang isang hiwalayan ng burgesya sa loob ng Partido at Hukbo at mga palasiyon sa loob ng mismong hiwalayan ng burgesya, ang kontra-rebolusyonaryong linya na pinapairal nito ay tiyak na sasalungatin ng isang linyang rebolusyonaryong isinusulong ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Sa loob ng mga taon ng 1964 hanggang sa kasalukuyan, nang ang mga isahang-taong pagbibitiang at desisyon ni Jesus Lava ay lumikha ng kaguluhan sa loob ng Partido, yaong mga nagtatanggol sa Kaisipang Mao Tsetung na pinangungunahan ni Kasamang Amado Guerrero ay tumindig upang punahin at pabulaanan ang makabagong rebisyonismo, Lavaismo at Taruc-ismo, at sa gayo'y inihanda ang landas para sa muling pagtatatag at muling pagbubuo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa ilalim ng katas-taasang patnubay ng Kaisipang Mao Tsetung. Kasabay nito, sa loob ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, si Kumander Dante, kasama ang yumaong Kumander Dolio, ay pinpusang nakibaka upang ilagay ang iba pang mga Pulahang kumander at kawal sa rebolusyonaryong landas, masugid na pinagpatuloy ang sandatahang pakikibaka at pinaunlad ang rebolusyonaryong diwa ng pakikipagkapwa-tao at sa pagpipisan ng mga Pulahang kawal at masa tulad ng isda sa tubig. Ngayon, ang mga pagpupunyagi ng higit na mga nakaraming mga Pulahang kumander at kawal sa pamumuno ni Kasamang Dante na nananatiling matapat sa rebolusyon at sa Kaisipang Mao Tsetung ay ginagantimpalaan ng pagbabago ng pangalang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan upang maging Bagong Hukbo ng Bayan na nasa ilalim ng katas-taasang patnubay ng Kaisipang Mao Tsetung at ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang mga Pamunuhing Tungkulin ng Bagong Hukbo ng Bayan

Sa ilalim ng Marxista-Leninistang simulain na ang Partido ay siyang nananatugot sa sandata, ang Bagong Hukbo ng Bayan ay lubusang sinusunod ang liderato ng Partido Komunista ng Pilipinas at ang katas-taasang pamumuno ng Kaisipang Mao Tsetung. Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay isang instrumento para sa pagsasatupad ng Saligang Batas at Programa para sa isang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan. Ito sa katotohanan ay siyang prinsipal na organisasyon na nasa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, isang organisasyon para sa pagluluwsad ng pangunahing hugis ng pakikibaka, ng sandatahang pakikibaka para sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

13

Ang mga tungkulin ng Bagong Hukbo ng Bayan ay malinaw na inilalahad na Programa ng Partido para sa isang demokratikong rebolusyon ng bayan. Ang pangkalahatan at partikular na programa ay inilalahad dito. Ngunit sa malinaw ding paraan, ilalahad natin ang mahalagang tungkulin na nasa ibaba:

1. Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay Dapat Lumahok sa Muling Pagbubuo ng Partido.

Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay lalahok sa muling pagbubuo ng Partido sa pamamagitan ng pagpapalaganap sa Kaisipang Mao Tsetung sa Hukbo at sa masa sa pamamagitan ng pagpapailaw ng rebolusyonaryong pagkilos sa pagtatatag ng mga sangay at komite ng Partido sa loob at labas ng Hukbo. Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay hindi lamang isang puwersa sa pakikipaglaban, isa rin

[illegible] Dapat nitong palaganapin [illegible] Mao Tsetung bilang pinakamataas na kaunlaran ng [illegible] sa kasalukuyang panahon. Ang mga kadre dito, kumander [illegible] kawal ay dapat na magkaroon ng kanilang sarili ng Kaisipang Mao Tsetung sa pag-aaral ng Klase sa pag-aaral ng Kaisipang Mao Tsetung [illegible] Sirkulasyon ng Pinakamataas na Rebolusyonaryo ng Kaisipang Mao Tsetung, sa ilalim ng Kagawarang Pampulitika ng Hukbo at sa ilalim ng Politburo at Sentral na Komite ng Partido upang pangasiwaan ang buhay pampartido [illegible] ng bawat Pulahang sandatahang yunit. Ang [illegible] ng Partido sa Hukbo ay dapat naaayon sa ideolohiya, [illegible] sa ilalim ng Kaisipang Mao Tsetung at dapat [illegible] ang mga pinakamaunlad na elemento sa hanay ng mga Pulahang kawal, upang maging mga kasapi ng [illegible], pangmasa. Ang lahat ng mga pang-[illegible] Partido, Hukbo at ng masa sa pulitika, sandatahang [illegible] at kultura at maging ekonomiko ay dapat na malutas sa pamamagitan ng pamumuno ng [illegible] ng Kaisipang Mao Tsetung.

[illegible] ito, samakatuwid, ang Bagong Hukbo ng Bayan ay dapat [illegible] ng Partido na nakabatay sa kompanya, ang [illegible] ng Partido sa bawat platun at sa bawat yunit ng serilya at mga [illegible] ng Partido na bawat antas mula sa kompanya pataas ay dapat na maitatag. [illegible] ito, samakatuwid, dapat itong magtatag ng mga sangay ng Partido at lokal na komite ng Partido sa hanay ng masa. Ang Bagong Hukbo ng Bayan ay dapat na mamumuhay, kulat na ang Partido Komunista ng Pilipinas ay isang buod ng rebolusyonaryong kilusang pangmasa.

Sa pag-aaral ng Kaisipang Mao Tsetung, ang Bagong Hukbo ng Bayan ay pinaninatili sa sarili ang diwa ng paglilingkod sa nakararami at pagwawaksi sa sarili. Tinatanggihan nito ang makabagong rebisyonismo at subhetibismo sa dogmatiste o empiristang hugis nito, teoretsista at "iskiyerdiatang" oportunismo, sektaryanismo at liberalismo, komandismo at buntot-ismo at lahat ng iba pang mga kahinaan na humahadlang sa pagtulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Ang Kaisipang Mao Tsetung ang siyang pinakatugmang sandata para sa pagwawasto at pagpuksa sa lahat ng mga kahinaan at kamalian na ipinunla ng Lavalism, Taruc-ismo at iba pang mga maling pinagmumulan ng kamalian sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas.

Ang Bagong Hukbo ng Bayan at lahat ng mga buhay na bahagi nito ay nagtataglay ng mulat na disiplina. Sinusunod nito ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Ang sentralismo sa kabuturan ay ang katas-taasang Kaisipang Mao Tsetung. Ito ang nilalaman ng pagpapailalim ng minorya sa mayorya, ng nakababang organo sa nakatataas na organo at ng indibiduwal sa Partido. Ang malawak na demokrasya ay tatamuhin nang lubusan ng lahat ng mga Pulahang kawal at magsisilbi bilang batayan para sa praktikal at konkretong pagsasagawa ng Kaisipang Mao Tsetung. Ang pagpuna at pagpuna sa sarili ay gagamitin nang husto upang maitaas ang bisa ng pamumulitika at pakikipaglaban ng Bagong Hukbo ng Bayan.

Magkakaroon ng demokrasyang pampulitika sa loob ng Bagong Hukbo ng Bayan [illegible] ang mga kawal ay may karapatang magdaos ng mga pulong at magsalita nang malaya ukol sa anumang mahalagang paksa o suliranin na humaharap sa kanila.

Magkakaroon ng demokrasyang pangkabuhayan, na kung saan ang lahat ng [illegible] ay may pantay-pantay na kalagayan katulad ng bang-araw-araw na pagkain at rasyon, ang mga kawal ay may karapatang magdalal ng mga kinatawan upang tulungan ang liderato ng kompanya sa pangangasiwa ng kanilang materyal na kalagayan, at lahat ng mga opisyal at kawal ay may pantay-pantay na karapatang tumingin sa libro ng pananalapi sa anumang oras.

Magkakaroon din ng demokrasyang pang-militar, na kung saan ang mga opisyal ay tinuturuan ang mga kawal, ang mga kawal ay tinuturuan ang mga opisyal at ang mga kawal ay nagtututo sa isa't-isa tungkol sa mga planong pang-militar, pamamaraan at tekniko. Hanggang maaari, magpupulong bago at pagkatapos ng bawa't sagupaan upang mapataas ang kanilang kaalaman at bisa

ang Bagong Hukbo ng Bayan ay dapat nang sasang-ayong magkaloob ng kooperasyon at pakikisa. Ngunit dapat nitong mamatyagan ang mga sumisingit na kaaway at mga rebisyonistang nagsasabotahe ng sandatahang pakikibaka.

Sa pagtanaw ng rebolusyonaryong tungkulin nito ng pakikipaglaban sa imperyalismong Amerikano, pakikidigang rebisyonismo at lahat ng mga reaksiyonaryong lokal, ang Bagong Hukbo ng Bayan ay ganap na mulat na siya ay tumutulong sa pagpapaunlad ng pandaigdigang nagkakaisang hanay at kanyang itinatanyod ang simulain ng proletaryong internasyonalismo. Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa Pilipinas ay tiyakang isang mabisang bahagi ng pandaigdigang pakikibaki ng lahat ng mga sinisiil na mamamayan laban sa imperyalismong Amerikano, pakikidigang rebisyonismo at lahat ng mga reaksiyonaryo. Ang pagpapabagsak ng imperyalismong Amerikano at lahat ng mga katutubong reaksiyon sa Pilipinas ay magiging isang dakilang ambag tungo sa kabuuang pagbagsak ng imperyalismo at pandaigdigang tagumpay ng sosyalismo.

Mabuhay ang Kaisipang Mao Tsetung!

Mabuhay ang Rebolusyong Pilipino!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Mabuhay ang Bagong Hukbo ng Bayan!

Inilabas ng

PULONG NG NGA PULAHANG KUMANDER AT KAWAL

Ika-29 ng Marso, 1969